# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**January 2026**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Iloko.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Inter-imperyalistang mga sigalot, iigting pa sa 2026—PKP....................................................10

Komunidad sa Occidental Mindoro, walang habas na binomba at inistraping ng AFP.........12

Ika-5 taong anibersaryo ng Tumandok Massacre, ginunita ng mga grupo ng katutubo, tagapagtanggol ng karapatang-tao..................14

Kabataang estudyante, nasawi dulot ng walang habas na pambobomba ng AFP sa Occidental Mindoro.......................................................16

Pagpapasara sa isang palengke sa Pasay City, tinutulan ng lokal na grupo............................18

Planong deportasyon ng US sa imigranteng Pilipino, napigilan.........................................19

Mga balangay at alyadong organisasyon ng NDF, nagpugay sa PKP sa ika-57 anibersaryo nito..........................................................21

Mga partido at grupo ng ibang bansa, bumati sa PKP sa ika-57 anibersaryo nito.......................26

Mga yunit ng BHB sa buong bansa, itinanghal ang armas para sa ika-57 anibersaryo ng PKP 29

Tagapagsalita, iba pang martir ng paglabang Palestino, pinarangalan ng al-Qassam.............33

3 bata, 2 kabataan, naiulat na napatay sa pambobomba ng AFP sa Occidental Mindoro. .35

Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, ipinagdiwang ng BHB-Quezon........................37

Humanitarian mission para imbestigahan ang pambobomba ng AFP sa Mindoro, inilulunsad ng mga grupo.............................................40

Mga balatengga para sa mga martir ng rebolusyon, isinabit ng NDF-Rizal sa Antipolo City...........................................................43

Planong pribatisasyon ng pampublikong palengke sa Baguio City, napigilan ng mamamayan..................................................44

Istap ng NDF-Cagayan Valley, naiulat na nawawala....................................................46

Bantang pagpapalayas sa isang komunidad sa Pasig City, nilalabanan....................................47

Pagtutol sa Hydro-power Dam sa Apayao, nagpapatuloy...............................................49

Protesta ng mga estudyante sa DLSU Manila, sinupil ng administrasyon..............................50

Halos 900 manggagawa sa Clark Freeport Zone, tinanggal sa trabaho......................................52

Ligalig sa mga pangkatin sa loob AFP, nagpapatuloy...............................................54

Mga Pilipinong manggagawa, magsasaka at maralita, nakiisa sa mamamayang Venezuelan laban sa imperyalismong US..........................56

Proletaryong militansya ni Ka Bel, inalala.......58

Talaingod 13, ipinagtanggol laban sa panibagong serye ng Red-tagging....................61

2 batang nag-uuling sa Samar, pinaulanan ng bala ng 46th IB............................................63

Mga progresibong lider-guro, nakiramay sa pagkamatay ng isang guro sa Muntinlupa City ........................................................................64

Pagbubuo ng Provincial Task Force-Elcac sa Cebu, tinuligsa ng mga progresibong grupo...67

Pagpapalaya kay Chantal Anicoche, ipinanawagan sa Pilipinas at US.......................70

Mga empleyado ng TaskUs Clark, nagsampa ng reklamo sa NLRC...........................................73

Muling pagpapahintulot sa operasyong dredging sa Ilocos Sur, kinundena..................75

Pagbasura sa "deklarasyon ng kooperasyon" ng ADMU-AFP, muling ipinanawagan ng mga estudyante...................................................77

Pagguho ng tambakan ng basura sa Cebu City, pinaiimbestigahan ng grupo ng manggagawa. 79

Kumpensasyon sa napinsala ng kalamidad, siningil ng mga maralita sa DSWD..................81

Lupain sa Taytay Rizal, iligal na binakuran ng mangangamkam ng lupa...............................83

Mga manininda sa Pasay City, nagprotesta para buksan ang Wowee Market............................84

Pagbabalik sa tinanggal na mga rider ng Ninja Van, naigiit....................................................86

Mahigit 1,000 Pilipinong nars, sumama sa welga ng mga nars sa US..................................88

Panawagan para sa pagpapalaya kay Chantal, lumalawak....................................................89

Barikada ng mamamayan laban sa Woggle Corporation, muling binuwag...........................92

Cash aid para sa mga estudyante ng Caloocan City, ginamit sa pulitika....................................94

Barya at hinating taas-sahod sa NMR, tinawag ng KMU na “kababuyan” ng RWB.....................96

Bilanggong pulitikal na organisador ng magsasaka sa Cagayan, napawalangsala at nakalaya......................................................98

CA, pinaboran ang petisyon para sa amparo at habeas data ng pamilya ng dinukot na aktibista sa Bicol.....................................................101

Gawa-gawang kaso laban sa pastora ng UMC, ibinasura ng korte.........................................102

Mga magsasaka sa isang asyenda sa Negros Occidental, marahas na pinalayas ng mangangamkam ng lupa...............................104

Pababang padron ng ekonomyang Pilipino, lalala pa sa 2026...........................................106

Pananagutan ng AFP sa pagdukot sa 2 aktibista sa Cebu, muling iginiit..................................108

Simbahan at mamamayan, nagkaisa laban sa panukalang plantang nukleyar sa Pangasinan ....................................................................111

Field trip ng Ateneo High School sa mga kampo militar ng AFP, binatikos ng mga kabataan...113

Mamamahayag pangkampus ng PUP, ginigipit sa kasong sedisyon, pang-uudyok ng sedisyon ....................................................................116

Mga anomalya sa AFP, tinukoy ng COA.........118

Welga sa CEU, sinupil ng ‘assumption of jurisdiction’ ng Dole.....................................119

2,000 magsasaka sa Albay, apektado ng pag-aalburuto ng bulkang Mayon........................122

Operasyon ng kumpanya sa pagmimina sa Camarines Norte, pinatitigil..........................125

Pangulo ng Bagong Alyansang Makabayan, sinampahan ng reklamo ng sedisyon sa DoJ..126

Pinakabagong kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at Japan, kinundena........................129

Epidemya ng karahasan laban sa kababaian, nakababahala—Gabriela...............................131

Mass filing para sa indibidwal na prangkisa, isinagawa ng Piston.......................................133

“Ghost assets” at kapalpakan ng mga Duterte sa Davao City, nabunyag sa ulat ng COA...........134

Tagapagsalita ng maralitang lungsod sa Caloocan, pinawalang-sala sa gawa-gawang kaso........................................................137

Kampuhan sa DAR Negros Island, inilunsad ng mga magbubukid para sa lupa at karapatan..138

Mga maralitang komunidad sa UP Diliman, mapapalayas ng UP SDG Park.......................140

Pilipinang imigrante, lihim na pinadeport ng ICE mula sa US..............................................143

NLRC Region 3, kinalampag ng mga unyon dahil sa mabagal na aksyon, kontra manggagawang desisyon..............................144

Reklamo ng impeachment laban kay Marcos, inihain ng mga progresibong grupo...............146

Di makatarungang hatol sa mamamahayag, taong-simbahan sa kasong “terror financing,” malawakang kinundena................................149

7 residente, inaresto habang binubuwag ang barikada laban sa Woggle Corporation..........153

Alyansang kontra korapsyon, muling maglulunsad ng malawakang protesta sa Pebrero....................................................155

Daan-daang manggagawa sa tubuhan, nagrali sa Passi City laban sa pagbagsak ng presyo ng asukal.....................................................158

Ghost project ng DMW at DFA sa US at Taiwan, pinaiimbestigahan ng mga Pilipinong migrante

.................................................................160

Grupong pangkaunlaran sa Negros Island, muling dumanas ng atake mula sa estado.....163

2 tropa ng 19th IB, napatay ng BHB-Northern Samar sa ambus...............................................166

Pagdiriwang sa ika-57 anibersaryo ng PKP, inilunsad sa Batangas...................................167

Pagpatay ng tauhan ng CAFGU sa upisyal ng 80th IB, patunay ng kabulukan ng AFP—BHB .................................................................170

“Learning Tour” ng mga bata sa kampo ng militar, kinundena.........................................172

ICC, itinakda ang kumpirmasyon sa kaso ni Duterte sa Pebrero........................................174

Kaso laban sa 7 residente ng Dupax del Norte, ibinasura ng piskalya....................................176

Lupa sa Hacienda Luisita, muling ipinanawagang ipamahagi na.........................177

Bagong grupo ng mga katutubo na kontra Apayao Dam, itinatag...................................179

Katutubong mamamayan ng Benguet, muling nagprotesta kontra proyektong mina.............181

Malawakang protesta sa kampus, inilunsad ng mga estudyante nitong Enero.......................183

Pamamahagi ng alawans ng mga manggagawang pangkalusugan, muling iginiit

..................................................................186

Umiigting na karahasan ng ICE sa US, kinundena ng mga Pilipino-Amerikanong aktibista.....................................................189

‘Maramihang pagsuko’ ng mga ‘dating rebelde’ sa Davao del Norte, pinagdududahan ng progresibong grupo......................................191

Hustisya, patuloy na sigaw ng mga manggagawa sa 25-taong isyu ng iligal na tanggalan sa Toyota......................................193

Laban ng mga empleyado sa GMA para sa regularisasyon, naipanalo ng asosasyon sa Korte Suprema..................................................195

Mga estudyante ng ADMU, nanindigan laban sa taas-matrikula..............................................197

Mga estudyante ng USC sa Cebu, tutol sa panukalang taas-matrikula ng unibersidad....199

Mga reklamo sa DoJ laban sa mga lumahok sa protestang kontra korapsyon, muling tinuligsa ..................................................................201

Pandarambong sa kalikasan ng FCF Minerals Corporation, kinundena...............................203

Plano para sa sapilitang pagpaparehistro ng social media, tinuligsa ng mga nagtatanggol sa digital privacy..............................................205

86th IB, protektor ng dayuhang kumpanyang Woggle Corporation—Karapatan Cagayan Valley

.............................................................207

Isang komunidad sa Rizal, pinalalayas at may banta ng demolisyon....................................209

Kasunduan ng PNP-SAF at isang kolehiyo sa UP Diliman, binatikos ng mga konseho ng mag-aaral.........................................................211

Makabuluhang CBA, ipinaglalaban ng mga superbisor sa PLDT Inc.................................214

Pagpapalayas sa mga katutubong Ati na nagtitinda sa Iloilo City, binatikos ng progresibong grupo.....................................216

Pambansang welga laban sa impunidad at pasismo ng ICE sa US, nilahukan ng mga Pilipino-Amerikanong aktibista......................218

"Iwas rape tips" ng PNP, kinundena ng kababaihan...............................................220

## Inter-imperyalistang mga sigalot, iigting pa sa 2026—PKP

Enero 1, 2026

---

Lalupang iigting ang mga inter-imperyalistang sigalot sa darating na 2026, ayon sa Partido Komunista ng Pilpinas sa pahayag ng Komite Sentral nito para sa ika-57 taon nitong anibersaryo.

"Sa kasalukuyan, ang tumitinding mga sigalot sa pulitika, pinansya, ekonomya, kalakalan, at militar

sa pagitan ng pinakamalaking imperyalistang bansa ang prinsipal na kontradiksyon, laluna sa harap ng walang awat na pagpapataw ng imperyalistang US ng kanyang hegemonya sa buong mundo,” ayon sa pahayag. “Ito ang prinsipal na kontradiksyon na naghuhugis ng kasalukuyang sitwasyon sa buong daigdig.”

Nagaganap na ang iba’t ibang panig ng mundo ang mga armadong sigalot sa pasimuno ng US.

“Mahigpit itong nakaugnay sa nagtagal nang istagnasyon ng ekonomya ng pangunahing mga kapitalistang bansa na hindi malutas-lutas ng monopolyong burgesya,” ayon sa PKP. Inilahad nito sa pahayag ang nagpapatuloy na krisis ng sobrang produksyon ng sistemang kapitalista na nagreresulta sa pagkawasak ng mga pwersa sa produksyon at malawakang pagdurusa ng mga manggagawa at mamamayan sa buong mundo.

Noong 2025, umabot sa $1 trilyon ang gastos militar ng US. Sa balangkas ng bagong National Security Strategy (2025) ng US (na nakatuon pangunahin sa China at Russia). Idineklara ng US ang layunin na paunlarin ang “pinakamakapangyarihan, pinakamatindi, at pinakaabante sa teknolohiya” na pwersang militar.

“Layunin diumano ng US ang ‘iwasan ang kumprontasyon,’ subalit lalo lamang nitong pinalalaki ang posibilidad na masindihan ang armadong sigalot at gera,” ayon sa PKP.

Sa ngayon, pinasisimunuan nito ang mga gera at armadong sigalot sa Venezuela, Ukraine, Palestine, Iran at marami pang iba.

## Komunidad sa Occidental Mindoro, walang habas na binomba at inistraping ng AFP

Enero 1, 2026

---

Mariing kinundena ng Katipunan ng Samahang Magbubukid sa Timog-Katagalugan (KASAMA-TK) ang walang habas na pambobomba at pag-istraping ng 203rd IB sa komunidad ng Sitio Mamara, barangay Caracao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1.

Nagsimula ang pambobomba at istraping bandang alas- 9 ng umaga, habang maaga at payapang nagtatrabaho sa kanilang gawaing bukid ang mga magsasaka at katutubo pagkatapos salubungin ang bagong taon.

Kumalat sa Facebook ang mga bidyo at post ng pambobomba at pang-iistraping ng mga helikopter. Bakas sa boses ng mga residente na nakatira malapit sa pinangyarihan ang takot at pangamba. Ayon sa mga residente, apat na attack helicopter ang namataan na naghuhulog ng mga bomba malapit sa mga komunidad.

Ayon sa KASAMA-TK, ginawa ng militar ang paghahasik ng terorismo pagkatapos ng isang engkwentro sa pagitan ng AFP at

rebolusyonaryong grupo. Anito, “overkill” ang ginawa ng 203rd IBde na paglalaglag ng bomba at walang habas na pang-iistraping dahil labis-labis na pwersa ito laban sa kalabang hukbo. Maari ding makadamay ng mga sibilyan, alagang hayop at makasira ng mga pananim, at kabahayan.

“Ang nangyayaring ito sa Abra de Ilog ay hindi hiwalay sa kalagayan ng buong isla ng Mindoro at buong kanayunan ng Timog Katagalugan. Sa kabila ng deklarasyon ng rehimeng US-Marcos Jr. at berdugong AFP na wala ng guerilla fronts sa buong bansa, tuloy pa rin ang kanilang overkill operations sa mga kanayunan ng rehiyon,” paliwanag ng grupo.

Bago ang naturang insidente, tampok ang komunidad ng Abra de Ilog dahil sa kaliwa’t kanang paglabag sa karapatang-tao AFP sa mga residente at katutubo sa lugar. Unang naiulat ang pagdukot at pagtortyur ng ng mga elemento ng 76th IB kay Dolores Marinao Solangon noong Disyembre 2. Hinuli naman at sinampahan ng gawa-gawang kaso ang dating tumakbo sa pagka-meyor at tagapagtanggol sa karapatan ng mga katutubo na si Ramon Alcantara noong Disyembre 23.

Noong Oktubre, hinaras, pinailalim sa surbeylans at paniniktik ng mga elemento ng 80th IB ang mga delegado at kalahok sa international solidarity at fact-finding mission sa Abra de Ilog.

Nananawagan ang KASAMA-TK para sa isang komprehensibo at independyente na humanitarian mission sa komunidad ng Abra de Ilog at agarang

pagpapalayas sa lahat ng pwersa ng AFP, PNP at CAFGU sa isla ng Mindoro.

## Ika-5 taong anibersaryo ng Tumandok Massacre, ginunita ng mga grupo ng katutubo, tagapagtanggol ng karapatang-tao

Enero 2, 2026

---

Nagtipon at nagtirik ng kandila sa Quezon City ang mga myembro ng progresibong grupo noong Disyembre 30 para gunitain ang ikalimang anibersaryo ng Tumandok Massacre. Sa pangunguna ng Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas, nanawagan sila ng hustisya para sa mga pinaslang na lider-Tumandok sa Capiz at Iloilo noong Disyembre 30, 2020.

Ang naturang masaker ay isinagawa ng mga pulis at militar laban sa mga lider-Tumandok at magsasaka na lumalaban sa pagpasok ng mapangwasak na proyektong Jalaur Mega Dam sa Panay. Liban sa masaker, isinagawa rin sa araw na iyon ang pag-aresto sa 16 na iba pang lider-masa.

Isinagawa ang koordinadong operasyon ng mga pwersa ng estado sa balangkas ng noo'y Synchronized Enhanced Management of Police Operations (SEMPO). Itinuturong nasa likod nito ang noo'y Philippine National Police (PNP) Regional Director Debold Sinas at si dating PNP Chief Ronald "Bato" dela Rosa. Para bigyang

katwiran ang pagpaslang at maramihang pag-aresto, pinalabas ng PNP at militar na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kanilang mga biktima.

Kinundena rin ng mga grupo ng katutubo at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) at ang National Task Force-Elcac sa kanilang pagkakasangkot sa krimen. Anila, sa halip na ipagtanggol ng NCIP ang mga katutubo at kanilang karapatan ay nagbigay-daan pa sa Red-tagging at militarisasyon ng mga katutubong komunidad.

Ang Disyembre 30 ay idineklara rin ng mga grupo at ng mga Tumandok bilang Tumandok Day. "Ang Tumandok Day ay kolektibong pahayag na ang mamamayan ay hindi mapapatahimik at mapapaalis sa kanilang lupang ninuno," pahayag ni Beverly Longid ng Katribu. Dagdag niya, sa harap ng panunupil ay patuloy ang pakikibaka ng mga Tumandok at buong Katutubong mamamayan sa bansa para sa lupa, buhay, at sariling pagpapasya.

Sa Iloilo City, isang aktibidad ng pag-alala rin ang inilunsad ng mga progresibong grupo sa araw na iyon sa St. Clements Church. Ipinalabas rin ang isang dokumentaryo tungkol sa paglaban ng mga komunidad at pamilya ng mga biktima ng Tumandok Massacre sa National Museum of the Philippines-Western Visayas sa Iloilo City noong Disyembre 27. Pinangunahan ng Defend Panay Network ang mga paggunitang ito.

## Kabataang estudyante, nasawi dulot ng walang habas na pambobomba ng AFP sa Occidental Mindoro

Enero 2, 2026

---

Nagpahayag ng taos pusong pakikiramay ang National Democratic Front (NDF)-Mindoro sa pamilya, kaibigan at mga mahal sa buhay ni Jerlyn Rose Doydora matapos siyang masawi sa sakit dulot ng walang habas na pambobomba ng 203rd Infantry Brigade sa Sityo Mamara, Barangay Cabacao, Abra De Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1.

Si Daydoro ay isa sa mga kabataan na nagpaabot ng hangarin na makapanayam ang mga katutubo at magsasaka sa Mindoro at ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nais nilang alamin ang kongkretong kalagayan ng mga masa, ang dahilan ng armadong sigalot at ang tunay na solusyon para makamit ang kapayabaan. Pinangasiwaa ng NDF-Mindoro ang pagtanggap sa mga bisita sa Abra de Ilog bago ang bagong taon. Inilalayan sila ng mga katutubo at magsasaka sa lugar, at tinanggap ng yunit ng BHB.

Ayon kay Ka Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF-Mindoro, nadamay ang mga kabataan sa pataksil na pag-aatake ng AFP-PNP sa panahon na naka-ceasefire ang BHB. Nakapagdepensa ang yunit at ligtas silang nakaatras sa kabila ng walang habas na pambobomba at istraping ng

hindi bababa sa apat na attack helicopter ng AFP. Isang kabataan ang napahiwalay sa proseso ng atrasan at kasalukuyang hinahanap ng mga residente sa lugar. Sa gitna ng pambobomba at istraping, inatake si Jerlyn ng kanyang sakit na tuluyan niyang ikinamatay.

Para matiyak na makukuha ng pamilya ni Jerlyn ang kanyang mga labi, nagpasya ang yunit ng BHB na ihimlay ang kanyan katawan sa lugar kung saan siya pumanaw.

"Si Jerlyn ay martir ng kasalukuyang henerasyon ng mga kabataang naghahanap ng tunay na pagbabago sa bulok at korap na sistema. Dapat taas-kamao tayong magbigay pugay sa kanyang kapangahasan at katapangan na makipamuhay sa mga masa at kanilang Pulang hukbo…lubusan niyang inialay ang kanyang buhay para sa sambayanan, at sa kanilang mithiing lumaya mula sa kahirapan," pahayag ni Ka Patricia.

Nagpahayag din ng pagkundena ang NDF-Southern Tagalog sa paghahasik ng terorismo ng 203rd IBde sa mga komunidad ng Abra de Ilog. Gayundin, ang walang pakundangang paglalantad ng mga ID at larawan na nakuha nila sa labanan nang walang pagsasaalang-alang sa pribasiya ng mga kabataan.

Nananawagan ang NDF-Mindoro sa mga nagtataguyod ng karapatang-tao at grupong sibiko para alalayan ang pamilya ni Jerlyn at itulak ang pagbubukas ng isang humanitarian corridor para makuha ang kanyang mga labi. Kasabay nito,

mabigyan daan din ang pagligtas sa isa pang kabataan na hindi nakasama sa pag-atras.

## Pagpapasara sa isang palengke sa Pasay City, tinutulan ng lokal na grupo

Enero 2, 2026

---

Nakiisa ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Pasay sa mga manininda at trabahador ng Wowee Market sa Taft Avenue, Barangay 97, Pasay City laban sa pagpapasara dito ng lokal na gubyerno. Ayon sa grupo, sa pagpasok ng bagong taon ay pangamba at kawalan ng kabuhayan kaagad ang sumalubong sa mga manininda at trabahador sa pagpapasara sa palengke.

Noong Disyembre 19, ipinag-utos ng Pasay City Business Permit and Licensing Office (BPLO) ang pagpapasara sa Wowee Market dahil sa sinasabing mga paglabag at kakulangan ng mga permit. Ang palengke ay pag-aari ni Yok Tin Tan So.

Anang upisina, paulit-ulit nang pinaabutan ang may-ari ng palengke para isumite ang mga kinakailangang permit ngunit wala siyang naging tugon. Maaari lamang mabuksang muli ang palengke kung maisusumite ang permit ng pamunuan ng palengke.

Ayon sa Bayan-Pasay, bagama’t batid nitong kinakailangang sundin ang mga regulasyon ay hindi dapat ito maging dahilan para pagkaitan ng kabuhayan at lalong ilibing sa hirap ang mga

Pasayeñong naghihikahos na. “Bukod sa mga manininda at trabahador, malaki ang magiging epekto ng pagkandado sa Wowee Market sa mga komunidad na umaasa rito bilang isa sa mga murang pamilihan sa lunsod,” anito.

Nagbabala rin ang lokal na gubyerno sa mga manininda at trabahador. Anito, seryoso ang lokal na gubyerno at ipatutupad nito ang desisyon na pigilan ang anumang operasyon sa palengke.

Dismayado ang Bayan-Pasay na mas pinili ni Pasay City Mayor Emi Calixto na tanggalan ng pagkakakitaan at murang pamilihan ang libu-libong Pasayeño sa gitna ng lumalalang krisis sa ekonomiya at kawalan ng serbisyo. Nanawagan ang grupo na dapat bigyan ng pagkakataon ang mga manininda ng Wowee Market na ipaglaban ang kanilang karapatan sa tiyak na kabuhayan.

Dagdag nito, hindi dapat maipit ang mga maralita, manininda, at mamimili sa burukrasya at pasikot-sikot ng lokal na pulitika sa syudad. Sa harap ng palengke, nagpaskil ng mga panawagan ang mga manininda at trabahado na protektahan at muling buksan ang Wowee Market.

## Planong deportasyon ng US sa imigranteng Pilipino, napigilan

Enero 2, 2026

---

Matagumpay na napigilan ng komunidad ng mga Pilipino sa US, sa pangunguna ng Tanggol Migrante Movement (TMM), ang planong

deportasyon kay "Tita Rebecca," isang Pilipinang imigrante, ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) noong Enero 2.

Sa pamamagitan ng koordinadong pagtatawag at pagpapadala ng email at testimonya hinggil sa kalusugan ni Tita Rebecca sa United Airlines, napilitan ang kumpanya na ikansela ang kanyang byahe mula sa Chicago O'Hare International Airport. Hiningi ng kumpanya na dapat muna siya isailalim sa medikal na pagusuri bago pahintulutan na magbyahe.

Si Tita Rebecca, 71 anyos, ay apat na dekada nang naninirahan sa US. Idinetine siya ng ICE matapos niyang mag "check-in" sa Department of Homeland Security noong Marso. Habang nakakulong sa pasilidad ng ICE sa Clay County, Indiana, ilang buwan siyang nakaranas ng hindi makataong kundisyon sa pasilidad. Walang pakialam at pinapabayaan ng pasilidad ang kanyang medikal na pangangailangan. Tatlong buwan siyang hindi nakakatanggap ng kanyang maintenance para sa kanyang atay at blood pressure. Pinagbawalan din siya na lumabas mula sa kanyang selda at maarawan.

"Isang malaking pinag-aalala namin ay hindi makontrol ang kanyang blood pressure. Mataas ang risgo ni Tita Rebecca para sa venous thromboembolism (pamumuo ng dugo) habang nasa mahabang byahe siya at matagal na hindi nakakikilos. Maari itong magdulot ng pagkasira ng kanyang baga at kahit biglaang pagkamatay. Mayroon din siyang Stage 4 na sakit sa atay,"

paliwanag ni Dr. Dominic Robolino, myembro ng TMM.

Noong Disyembre 30, naglunsad ng ‘National Unity Call’ ang TMM upang ipanawagan ang pagtigil sa planong deportasyon, tamang medikal na pagsusuri at pagpapagamot kay Tita Rebecca. Mahigit 300 ang lumahok sa online na aktibidad mula sa iba’t ibang bahagi ng US. Lumahok dito ang mga myembro ng unyon na nagtataguyod ng karapatan ng mga migrante, manggagawang pangkalusugan at myembro ng komunidad ng mga Pilipino.

Ilang beses nang naglunsad ng pagkilos, pagtatawag at pagpapadala ng email ang TMM sa konsulado ng Pilipinas sa Chicago upang ipanawagan na gawin nito ang tungkulin na protektahan at bigyan ng medikal na atensyon si Tita Rebecca. Ngunit tulad ng naranasan ng ibang Pilipinong biktima ng detensyon, nanatili silang bingi at walang pakialam sa kanyang kalagayan at karaingan.

Ayon sa TMM ang pagpapaliban sa pagbyahe ni Tita Rebecca ay isang patunay ng lakas ng kilusang masa. Patuloy na nanawagan ang grupo para sa kanyang komprehensibong medikal na pagsusuri, matiyak na nakukuha niya ang tamang gamot at pagpapalaya mula sa detensyon.

## Mga balangay at alyadong organisasyon ng NDF, nagpugay sa PKP sa ika-57 anibersaryo nito

Enero 3, 2026

Nagpugay ang National Democratic Front (NDF), mga panrehiyon at pamprubinsyang balangay at mga alyadong organisasyon nito, sa ika-57 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 26, 2025. Naglunsad ng kanya-kanyang pagtitipon at aktibidad ang mga balangay at alyado ng NDF sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Ang NDF ang pinakakonsolidadong lihim na organisasyong nagkakaisang prente ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa, na hayag na nakapailalim sa pamumuno ng uring manggagawa at para sa armadong pakikibaka batay sa pangkalahatang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Mayroon itong 18 alyadong organisasyon na kumakatawan sa mga manggagawa at mala-manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, taong-simbahan, guro, manggagawang pangkalusugan, agham at teknolohiya, abugado, artista at manunulat, kawani ng gubyerno, migranteng Pilipino, at minoryang mamamayan.

Sa pahayag ni Ka Elias Dipasupil, pangkalahatang kalihim ng NDF, pinagpugayan niya ang halos anim na dekadang pamumuno ng Partido sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas at pakikibaka ng masang Pilipino laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. "Ang pagpupunyagi at dedikasyon nito na gampanan ang makasaysayang tungkulin sa pagsusulong ng adhikain ng bayan ay nagbigay

inspirasyon at patuloy na nakapagbibigay inspirasyon sa masa na magbangon," aniya.

Dagdag niya, napalalakas pang lalo ng Partido ang pamumuno nito sa masang Pilipino sa pagpupunyagi nito sa kasalukuyang kilusang pagwawasato sa pamamagitan ng mga kampanya sa edukasyon. Inilunsad ng pamunuan ng Partido ang isang kilusang pagwawasto simula noong Disyembre 2023.

"Sa ilalim ng pamumuno ng PKP, ang mga alyadong rebolusyonaryong organisasyong masa ng NDF sa urban at rural ay patuloy na nakapagpapalawak ng gawain sa propaganda at pag-oorganisa," pahayag ni Ka Elias. Iniulat rin ng pangkalahatang kalihim na alinsunod sa 12-puntong programa ng NDF ay patuloy ang kanilang panawagan sa mga kabataan na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) o maglingkod sa rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa kanayunan.

Martsa, pagtitipon at OP-OD para sa anibersaryo

Naglunsad ng mga martsa, lihim na pagtitipon, operasyon pinta at operasyon dikit (OP-OD), at iba pang aktibidad ang mga balangay at alyado ng NDF para ipagdiwang ang anibersaryo ng Partido. Mapangahas nila itong isinagawa sa mga sentrong urban at sa kanayunan sa harap ng pinatinding pagbabantay ng rehimeng US-Marcos para pigilan ang mga pagdiriwang.

Sa Metro Manila, magkasunod na martsa ang inilunsad sa Maynila at Pasay City noong

Disyembre 21 at 22, 2025. Kabilang sa mga grupong lumahok sa protesta ang Kabataang Makabayan, Artista at Manunulat ng Sambayanan, Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, Revolutionary Council of Trade Unions, Makabayang Kawaning Pilipino at Compatriots.

Sa Central Luzon, naisagawa ang isang pagtitipon noong Disyembre 26, 2025 sa isang hindi tinukoy na lokasyon. Naging makasaysayan ang pagtitipon ng mga grupo at masang anakpawis na nagpahayag ng matibay na paninindigan na ipagpatuloy at isulong ang digmang bayan sa gitna ng tumitinding pasismo at pang-aapi.

Sa Rizal, inilunsad ng pamprubinsyang balangay ng NDF ang isang pagtitipon noong Disyembre 30, 2025. Sinundan nila ito ng pagsasabit ng dalawang higanteng balatengga noong hatinggabi ng Enero 2 sa Antipolo City. Nakasulat sa balatengga ang mga parangal para sa PKP, sa rebolusyon, at ang panawagan para ibagsak ang rehimeng US-Marcos.

Sa pangunguna ng Compatriots Philippines, mahigit 100 katao ang dumalo sa pagdiriwang at kultural na gabi na inilunsad para sa anibersaryo ng Partido sa isang lokasyon sa Southern Tagalog noong Disyembre 26, 2025. Dumalo sa pagtitipon ang mga kasapi nito mula sa Rizal, Bulacan, at Metro Manila. Kasama rin sa aktibidad ang ilang mga kasapi ng KM, Makibaka, Kasama, at mga kapamilya ng mga martir ng sambayanan.

Ilang araw bago nito, nagsabit ng mga balatengga ang Compatriots Philippines sa kahabaan ng

Commonwealth Avenue sa Quezon City. Laman ng balatengga ang panawagan sa mga migranteng manggagawa at mga pamilya nito na lumahok sa digmang bayan upang wakasan ang kahirapan at korapsyon sa bansa.

Sa Australia, naglunsad ng pagtitipon ang Compatriots-NDFP-Australia kasama ang Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) at mga kapatid na partido. Naglunsad rin ng operasyon dikit ang mga myembro ng Compatriots-Kabataang Makabayan Narrm sa Melbourne bilang pagpupugay sa anibersaryo ng PKP. Isinagawa ang mga ito noong huling linggo ng Disyembre 2025.

Halos 300 katao ang natipon ng NDFP International Office sa inilunsad nitong online broadcast ng pagbabasa sa pahayag ng Komite Sentral ng PKP noong Disyembre 26, 2025. Ang aktibidad ay dumaloy sa Zoom at Discord, at ipinaskil sa Youtube ang presentasyon ng Pilipino at English na bersyon ng binasang pahayag pagkatapos. Dahil sa mapanupil na sensura, agad na binura ng Youtube ang ipinaskil na bidyo.

Samantala, naglunsad ng OP-OD ang iba’t ibang mga organisasyon ng NDF sa Baguio City, Laguna, Metro Manila, at Cebu City.

Naglabas ng kanya-kanyang pahayag ng pagpupugay sa Partido ang iba’t ibang mga balangay at alyado ng NDF. Kabilang dito ang mga balangay ng NDF sa Cavite, Laguna, Eastern Visayas, at Metro Manila; KM mula sa Southern Tagalog, Quezon, Cavite, Laguna at Metro Manila;

Armas-Metro Manila, pambansang upisina ng RCTU at panrehiyong balangay nito sa Southern Tagalog; Kaguma-Jessica Sales Chapter mula sa Southern Tagalog; mga pambansang upisina ng Pambansang Samahan ng Makabayang Tsuper (PSMT), Kasama at PKM.

## Mga partido at grupo ng ibang bansa, bumati sa PKP sa ika-57 anibersaryo nito

Enero 3, 2026

---

Nagpaabot ng pagbati ang mga partido at organisasyon ng ibang bansa sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa okasyon ng ika-57 taong anibersaryo nito noong Disyembre 26, 2025. Nagpahayag ang mga ito ng pagkilala sa halos anim na dekadang pamumuno ng Partido sa pambansa-demokratikong rebolusyon ng mamamayang Pilipino.

Kabilang sa mga nagpadala ng mensahe ang Communist Party of Canada (Marxist-Leninist), Communist Party of Australia (Marxist-Leninist), Anti-Imperialist Action (AIA) Ireland, at Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS).

"Binabati namin kayo sa isa na namang taon ng matatag na paninindigan, pakikibaka, at matatapang na pagkilos upang itaguyod ang layunin ng sambayanang Pilipino sa loob at maging labas ng bansa," pahayag ni Anna Di Carlo, pambansang lider ng CPC (ML). Kinilala

niya ang pagsisikap ng PKP sa kabila ng napakahihirap na kondisyon upang magkamit ng mga tagumpay hanggang sa ganap na paglaya ng bayang Pilipinas.

Ayon sa AIA Ireland, maituturing ngayon ang pakikibakang pinamumunuan ng PKP bilang isa sa mga pinaka-abanteng rebolusyonaryong kilusan sa mundo. "Ang mga kadre ng PKP at ang kanilang mga kasama ay nanatiling hindi nagagapi sa harap ng matinding kampanya ng pagkubkob at panunupil ng kumprador na rehimeng US-Marcos, at matinding dayuhang interbensyon ng imperyalistang mga tropa," anang grupo.

Pinansin naman ng CPA (ML) ang pagdaluyong ng mga protesta sa Pilipinas sa nagdaang mga buwan. Ayon sa partido, bahagi ng daluyong na ito ang mga pagsisikap ng PKP para pamunuan ang panawagan ng masang Pilipino sa pananagutan at hustisya sa malawakang korapsyon ng rehimeng US-Marcos.

"Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, nararanasan ng sambayanang Pilipino ang lumalalang kalagayan na walang ibang paraan para wakasan kundi ang pagsusulong ng pakikibaka para sa pambansang demokrasya at ipagtagumpay ang pambansa at panlipunang paglaya," ayon sa CPA (ML).

Para sa FFPS, kapugay-pugay ang pagpupunyagi ng PKP laluna sa harap ng matinding mga gera ng panunupil ng magkakasunod na papet ng US na mga rehimen ng Pilipinas. "Sa harap ng mga sitwasyong ito, namukod-tangi ang PKP sa kritikal-

sa-sariling pagsusuri sa sitwasyon, pag-angkop sa panunupil, at pagtutuwid ng mga pagkakamali," ayon kay Robert Reid, tagapangulo ng FFPS.

Kinilala rin ng mga ito ang tungkuling ginagampanan ngayon ng PKP sa paglaban sa imperyalismong US, laluna sa inuupatan nitong gera sa rehiyong Asia-Pacific. Ang Pilipinas at ang papet na rehimeng Marcos ay ginagamit ngayon ng imperyalismong US at ang rehimeng Trump para pasiklabin ang isang gera laban sa katunggaling imperyalistang China. Nagbubuhos ang US ng bilyun-bilyong dolyar para sa ayudang militar sa Pilipinas at naglulunsad ng malawakan at madadalas na mga war games.

Laman din ng mga mensahe ng mga partido at organisasyong ito ang pagpaparangal sa mga kadre at lider ng Partido na namartir sa nagdaang mga taon. Anila, ang mga martir ng rebolusyong Pilipino ay dapat alalahanin at nararapat na ipagdiwang ang kanilang mga pamana.

Ayon sa FFPS, ang rebolusyon sa Pilipinas ay hindi lamang mahalaga sa mga mamamayan ng Pilipinas kundi maging sa inaaping mamamayan mula sa lahat ng bansa. "Bilang mga tagasuporta ng rebolusyong Pilipino, kami sa FFPS ay magpapatuloy sa aming mga pagsisikap na ilantad sa buong mundo ang pasistang panunupil ng gubyerno ng Pilipinas, magkampanya laban sa dayuhang interbensyon sa Pilipinas, at magbigay ng direktang suporta," ayon kay Reid ng FFPS.

Isinaad pa ng grupo na tutumbasan nito ang determinasyon at palalakasin ang apoy ng

pagkakaisa sa buong mundo habang muling pinapalakas ng sambayanang Pilipino at ng kanilang rebolusyonaryong kilusan ang kanilang mga sarili.

Ang pagpapaunlad ng relasyon ng PKP sa mga kapatid na proletaryong partido at mga mapagkaibigang partido sa ibang mga bayan ay bahagi ng programa sa larangan ng relasyong panlabas na nakasaad sa Programa para sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon (PPDR).

## Mga yunit ng BHB sa buong bansa, itinanghal ang armas para sa ika-57 anibersaryo ng PKP

Enero 3, 2026

---

Nakapaglunsad ng mga simpleng aktibidad at pagtitipon ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang larangan gerilya sa bansa sa okasyon ng ika-57 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 26, 2025. Sa kabila ng mga operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP), na lalong pinababagsik tuwing anibersaryo, nakapagtanghal ng armas ang mga Pulang mandirigma para pagpugayan ang Partido.

Sa nagdaang mga araw, iniulat ng BHB ang mga pagdiriwang ng mga yunit nito sa Cagayan Valley, Southern Tagalog, Eastern Visayas, at North Central Mindanao. Nag-ulat rin ang ilang mga

yunit na sa susunod na mga araw pa nila isasagawa ang kani-kanilang aktibidad.

Sa Southern Tagalog, nailunsad ng BHB sa mga larangang gerilya sa Batangas, Quezon at Isla ng Mindoro ang mga serye ng pagtitipon. Pinangunahan ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng BHB-Southern Tagalog (Melitor Glor Command), ang isa sa mga pagdiriwang. "Napakainam ng sitwasyon para isulong ang demokratikong rebolusyong bayan," pahayag niya.

Sa isla ng Mindoro, sinabi ng tagapagsalita ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) na si Ka Madaay Gasic na nananatiling matatag ang hukbong bayan dahil sa pamumuno ng Partido. Aniya, kabaligtaran ng layunin ng rehimeng Marcos at kanyang AFP na pinsalain at durugin ang hukbong bayan ay nasasalag at aktibong nilalabanan ng mga yunit ng BHB-Mindoro ang mga atake ng militar, paramilat at pulis. Gumagamit ang rehimen ng higit na superyor na armas pandigma laban sa BHB kabilang ang mga helikopter, drone, rocket, kanyon at iba pa.

Sa harap ng mga ito, nanawagan si Ka Madaay sa mga Pulang kumander at mandirigma na humugot ng inspirasyon sa isa't isa sa pagharap ng mas malaking responsibilidad ngayong 2026. "Itanghal natin ang Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang tanglaw na teorya at ang matibay na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa buong rebolusyong Pilipino at sa sambayanan," aniya.

Sa Eastern Visayas, nakapaglunsad ng pagdiriwang ang BHB-Leyte Island (Mt.

Amandewin Command). “Eksakto sa araw ng anibersaryo, matagumpay na naisagawa ng yunit ang kanilang aktibidad sa isang sikretong lokasyon nang lingid sa kaalaman ng mga armadong pwersa ng rehimeng US-Marcos,” ayon kay Ka Dodong Malaya, tagapagsalita ng yunit.

Sa North Central Mindanao, ipinagdiwang ng isang yunit ng BHB ang anibersaryo. Ginamit ng pamunuan ng yunit ng BHB ang pagkakataon para konsolidahin ang mg Pulang mandirigma at makapaglunsad ng kultural na programa. Maghahatinggabi na nang matapos ang aktibidad ng yunit.

Ayon sa yunit, kitang-kita sa mga Pulang mandirigma ang naging positibong epekto ng aktibidad at pag-aaral sa pahayag ng Komite Sentral para sa anibersaryo. Nakatulong umano ito sa kanila para iwaksi ang mga bagahe na nagpapabigat at nagpapabagal sa makabuluhang pag-usad ng mga gawain sa yunit.

Sa mga pagtitipong ito ng mga yunit ng BHB, binigyang pugay ang mga nabuwal na mga lider at kadre ng Partido sa kani-kanilang saklaw na erya at sa pambansang antas. Pinarangalan rin nila ang mga Pulang mandirigma at kumander na nagbuwis ng buhay sa nagdaang taon.

Bilang pakikiisa sa anibersaryo, naglabas rin ng pahayag ang iba pang mga kumand ng BHB para pagpugayan ang Partido. Ayon kay ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Command), nang dahil sa pamumuno Partido ay

umabot na sa mahigit apat na dekada ang ating pagsusulong ng armadong paglaban sa Masbate.

"Sa pamumuno ng ating Partido, ang BHB ang mahigpit na kakampi ng mamamayan at inaaasahan upang maigawad ang tunay na katarungan at hustisya sa lahat ng biktima ng karahasan at pamamaslang ng estado. Mabawi ang dapat ay sa kanila at matamasa ito nang may kalayaan at makatarungan," aniya.

Ipinahayag naman ng BHB-South Central Negros (Romeo Nanta Command) na dodoblehin nito ang mga pagsisikap sa paglulunsad ng masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilya sa pamumuno ng Partido. Anang yunit, magpupunyagi ito sa paglulunsd ng mga taktikal na opensiba laban sa armadong pwersa ng rehimeng US-Marcos.

Ang BHB ay nasa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido sa pamamagitan ng Komisyong Militar nito sa ilalim ng Komite Sentral at sa pamamagitan ng mga kadre nito sa bawat antas. Ginagabayan ng Partido ang hukbong bayan sa pag-aaral at praktika ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at pinauunlad ang pinakasulong na mga mandirigma nito upang maging kasapi ng Partido. Ang BHB ang nagsisilbing pangunahing sandata ng Partido sa pag-agaw at pagkonsolida sa kapangyarihang pampulitika.

## Tagapagsalita, iba pang martir ng paglabang Palestino, pinarangalan ng al-Qassam

Enero 3, 2026

---

Pinarangalan ng Izz al-Din al-Qassam Brigades si Abu Obeida, 40, yumao nitong tagapagsalita, kasama ng apat pang kumander na namartir noong 2025.

Sa isang pahayag na inilabas sa Telegram noong Disyembre 29, 2025, kinumpirma ng al-Qassam na namatay si Abu Obeida noon pang Agosto 30, 2025 sa isang air strike ng Zionistang Israel sa Rimal, Gaza City. Sa kauna-unahang pagkakataon, ipinakilala siya sa tunay niyang pangalang Hudhaifa Samir Abdullah al-Kahlout. Nagsilbi siyang tagapagsalita ng al-Qassam sa nakaraang halos dalawang dekada.

Binasa ang parangal ng bagong tagapagsalita ng al-Qassam, na nagmana sa pangalang Abu Obeida.

Ipinagluluksa natin ang dakilang kumander at martir, ang tagapagsalita ng mga Brigada ng al-Qassam, si Abu Obeida—ang malakas na tinig ng bansa, ang taong tapat sa salita at paninindigan, ang tibok ng puso ng Palestine, ng kanyang Jerusalem, ng kanyang mamamayan, at ng kanyang paglaban, at ang pinuno ng ahensyang pangmidya ng Qassam," pahayag ng bagong tagapagsalita.

“Siya (al-Kalhlout) ang nakamaskarang pigura na minamahal ng milyun-milyon, na kinasabikang makita at pinagkunan ng inspirasyon… simbolo ang kanyang pulang keffiyeh para sa mga malayang mamamayan sa buong mundo.”

Ipinanganak si Al-Kahlout sa Jaballa refugee camp noong 1985. Lumahok siya sa Ikalawang Intifada sa edad 15, kung saan ginamit niyang kunya (pangalan sa pakikibaka) ang pangalang Abu Obeida. Pinaniniwalaang galing ito sa pangalang Abu Ubayda ibn al-Jarrah, isa sa mga kasama ng propetang si Mohammad at isa ring bantog na kumander militar.

Pormal na lumitaw si Abu Obeida bilang tagapagsalita noong 2004-2005 at tuluy-tuloy niyang ginampanan ang tungkulin bilang “boses ng mamamayan.” Naging tagapaghatid siya ng balita ng mga labanan, tagasagot sa mga paratang ng Zionistang Israel at tagapagbigay tapang sa mga Palestinong lumalaban. Sa kanyang mga pahayag, palagian nakabalot ng pulang keffiyeh ang kanyang mukha.

Liban kay Al-Kahlout, pinarangalan din ng bagong tagapagsalita ang iba pang namartir na kumander ng Al Qassam na sina Mohammad Sinwar (Abu Ibrahim), Mohammad Shabanah (Abu Anas), Hakam Al-Issa (Abu Omar) at Raed Saad (Abu Mouath).

“Ang dugo ng ating mamamayan, ng ating mga mandirigma at ating mga lider na dumanak sa lupa ng Gaza…ay panawagan para sa bayan na lumaban, itakwil ang pagkakampante at kumilos

bilang suporta sa Palestine at Al Aqsa," ayon sa bagong Abu Obeida.

## 3 bata, 2 kabataan, naiulat na napatay sa pambobomba ng AFP sa Occidental Mindoro

Enero 4, 2026

---

Iniulat ng National Democratic Front (NDF)-Mindoro noong hapon ng Enero 4 ang pagkamatay ng tatlong batang Mangyan at dalawang kabataang estudyante dulot ng walang patumanggang pambobomba at istraping ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Barangay Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1. Isa pang sibilyan ang lubhang nasugatan.

Nauna nang ibinalita ng NDF-Mindoro na isa sa mga namatay ang kabataang mananaliksik na si Jerlyn Rose Doydora dahil inatake ng kanyang sakit sa kasagsagan ng pambobomba ng AFP. Ayon sa NDF-Mindoro, napahiwalay at naiulat na napatay sa pambobomba ang isa pang kabataang mananaliksik.

Dalawang araw matapos ang pambobomba, natagpuan ng taumbaryo ang bangkay ng tatlong batang Mangyan na namatay. Natagpuan din ang kanilang ina na sugatan.

Pinasisinungalingan nito ang ipinipilit ng 203rd IBde na para sa kapakanan ng masang Mindoreño

ang pambobomba sa Barangay Cabacao, ayon sa NDF-Mindoro.

Ang dalawang nasawing kabataan ay kabilang sa grupong nagpaabot sa NDF-Mindoro ng mahigpit na kahilingang makipanayam at makadaupang-palad ang mga magsasaka, katutubo, at ang Bagong Hukbong Bayan. Nais nilang alamin ang kalagayan ng mga masasaka at katutubo at kung bakit tinatahak nila ang armadong paglaban.

Ayon sa NDF-Mindoro, hawak ng mga pwersa ng AFP ang bangkay ni Doydora at inilalayo sa imbestigasyon ng humanitarian mission ng grupong Karapatan-Southern Tagalog (ST) mula pa Enero 3. Ang tim ng Karapatan-ST ay dumaranas ng pagmamanman at panggigipit sa kamay ng pulis at militar.

Muli namang nanawagan ang NDF-Mindoro sa lahat ng mga nagtataguyod ng karapatang-tao at mga grupong sibiko na tulungan ang pamilya ni Doydora at ng isa pang kabataan na makuha ang kanilang bangkay upang mabigyan ng disenteng burol at libing. Hinimok din ng NDF-Mindoro ang mga grupo na itulak ang pagkakamit ng hustisya sa pagkamatay ng tatlong batang Mangyan-Iraya at pagkasugat ng kanilang ina.

Samantala, napinsala rin ng pambobomba at pang-iistraping ng AFP ang kabuhayan ng mga katutubo at magsasaka sa lugar. Naiulat ang pagkamatay ng hindi bababa sa dalawang baka at tatlong baboy dulot ng pambobomba. Napilitan namang lumikas sa komunidad ang 188 pamilya na kinabibilangan ng 769 na katao na nagbakwit

sa Cabacao High School. Liban dito, may 15 pamilya o 59 na katao naman ang lumikas at pansamantalang nakikituloy sa kanilang mga kamag-anak.

"Nararapat na tulungan ang pamilya't komunidad ng mamamayang ng Abra De Ilog na naging biktima ng pambobomba ng 203rd Brigade at 2nd IDPA hanggang mabigyang hustisya ang kaawa-awang sinapit nila," ayon kay Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF-Mindoro. Itinutulak ng NDF-Mindoro ang pagbubukas ng isang humanitarian corridor upang matulungan ang mga biktima ng terorismong militar.

"Dapat nang wakasan ang umiiral na de facto Martial Law sa Mindoro at hayaang ang sibilyang awtoridad at kapangyarihan ng mamamayan ang maghari sa isla," panawagan ni Ka Ma. Patricia.

## Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, ipinagdiwang ng BHB-Quezon

Enero 4, 2026

---

Nagtipon ang mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon (Apolonio Mendoza Command) at mga rebolusyunaryong pwersa mula sa lokalidad at kalunsuran para sama-samang ipagdiwang ang ika-57 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Ligtas na nakapasok ang mga bisita at naidaos ang pagtitipon sa kasagsagan ng

walang awat na operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines sa prubinsya.

Sinalubong ng matunog na palakpakan ang martsa ng BHB bago umawit ng Internasyunal at simulan ang programa. Matapos nito, nag-alay ng pinakamataas na pagpupugay ang hukbo at mga bisita kina Kasamang Jose Maria Sison, Benito Tiamzon at Wilma Austria-Tiamzon, Luis Jalandoni, Maria Malaya, mga martir ng BHB-Quezon, at sa lahat ng nagbuwis ng kanilang buhay alang-alang sa paglaya ng sambayanang api.

Sa temang "Ibayong Papag-alabin ang Mithiin ng Mamamayan sa Lalawigan na Wakasan ang Bulok na Sistema!" naging tampok sa programa ang mensahe ng pakikiisa at kultural na pagtatanghal ng mga kinatawan ng iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon. Kabilang dito ang inihanda ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid, Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, Liga ng Agham para sa Bayan, Artista at Manunulat ng Sambayanan, Kabataang Makabayan at Friends of the Filipino People in Struggle.

Ikinalugod ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Quezon ang mensaheng iniwan ng mga myembro ng KM. Anila, magiging kaabang-abang ang gagawing pagtugon ng KM sa dumadagundong na panawagan para sa maramihang pasampa ng mga kabataan sa BHB para magsilbi sa digmang bayan sa kanayunan ng bansa.

Ayon sa padalang mensahe ng FFPS mula sa North America, ang masa ay sabik na sa pagbabago, dinggin natin ang kanilang panawagan sa pamamagitan ng pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, pagsisiyasat at pagsusuri sa kalagayan ng masa hanggang sa magkaroon tayo ng mahigpit na pagsapol, at walang kapaguran para anihin ang kanilang tiwala at suporta. “Kapag tinugunan natin ang kahingian nila, ang ating pagsisikap ay tiyak na magbubunga!” anito.

Sa huling bahagi ng programa, tinalakay ang pahayag ng Komite Sentral na pinamagatang “Napakainam ng sitwasyon para ibayong isulong ang demokratikong rebolusyong bayan.” Binasa rin sa programa ang pahayag ang Komiteng Rehiyon ng Partido sa Southern Tagalog na “Pamunuan ang daluyong ng kilusang masa tungo sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Marcos! Palakasin ang Partido at malalim na umugat sa masa!”

Bago umuwi ang mga dumalo, nagsalu-salo ang lahat sa inihandang ispageti, tinapay at apritadang manok. Masaya at puno ng optimismo ang bawat isa sa pagharap sa susunod na taon, lalo na ang mga Pulang mandirigma ng BHB-Quezon na bukod sa nakatanggap ng regalong bagong uniporme ay nakatanaw sa pangako ng mga bumisitang babalik sila sa sonang gerilya.

# Humanitarian mission para imbestigahan ang pambobomba ng AFP sa Mindoro, inilulunsad ng mga grupo

Enero 4, 2026

---

Nagtungo sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro ang Karapatan-Southern Tagalog (ST) para maglunsad ng isang humanitarian mission na mag-iimbestiga sa naganap na aerial bombing at istraping ng Armed Forces of the Philippines (AFP) noong Enero 1 sa Barangay Cabacao. Nagsimula ang humanitarian mission noong Enero 3 at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan.

Ang pambobomba at istraping sa Barangay Cabacao noong Enero 1 ay naganap bandang alas-9 ng umaga. Kumalat sa Facebook ang mga bidyo at post kaugnay ng insidente. Sa mga bidyong ito, bakas sa boses ng mga residente na nakatira malapit sa pinangyarihan ang pag-aalala at pangamba.

Ayon sa National Democratic Front (NDF)-Mindoro, kabilang sa biktima ng insidente ang kabataang mananaliksik na si Jerlyn Rose Doydora. Namatay siya matapos atakehin ng kanyang sakit sa kasagsagan ng matinding pambobomba at pang-iistraping. Liban sa nangyari kay Doydora, iniulat ng NDF-Mindoro na nawawala ang isa pang kabataang estudyante matapos mapahiwalay nang naganap ang pag-atake ng AFP.

Ang dalawa ay kabilang sa mga kabataan na nagpaabot ng hangarin na makapanayam ang mga katutubo at magsasaka sa Mindoro at ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nais nilang alamin ang kongkretong kalagayan ng mga masa, ang dahilan ng armadong sigalot at ang tunay na solusyon para makamit ang kapayabaan. Pinangasiwaan ng NDF-Mindoro ang pagtanggap sa mga bisita sa Abra de Ilog bago ang bagong taon.

Ang pagtunton sa bangkay ni Doydora, paghahanap sa isa pang kabataan at pag-iimbestiga sa kalayagan ng mga Mindoreño na napinsala ng pambobomba at pang-iistraping ang pangunahing layunin ng humanitarian mission. Nang makarating sa bayan ng Abra de Ilog, kaagad na lumapit ang Karapatan-ST sa lokal na pamahalaan para pormal na ilunsad ang humanitarian mission.

Kasunod nito, nagtungo ang tim sa evacuation center sa Cabacao High School kung saan tumutuloy ang mga napalayas na katutubo at magsasaka. Nakatigil sa eskwelahan ang mga pulis na nagdudulot ng pangamba sa mga nagbakwit.

Ayon sa Karapatan-ST, kahit na iginigiit nito ang pagsasagawa ng independyenteng imbestigasyon ay pilit na sinasabi ng mga tauhan ng barangay na maayos ang kalagayan ng mga katutubo at wala umanong abusong militar. Hindi pinahintulutan ang tim na mag-imbestiga sa eskwelahan.

Sa araw na iyon, isinagawa rin ng grupo ang pagpunta sa mga punerarya sa Abra de Ilog at karatig na lugar upang hanapin ang bangkay ni Doydora. Nagtungo rin ang tim sa Municipal Police Station ng Abra de Ilog para magtanong subalit wala umanong alam na impormasyon ang mga pulis tungkol sa bangkay ni Doydora, maging sa isa pang nawawalang kabataan.

Pagsapit ng gabi, nagpakalat ang mga sundalo ng pananakot na huwag patuluyin ang humanitarian team ng Karapatan-ST sa mga simbahan ng Mindoro. “Ang simbahan ay kanlungan ng mamamayan—isang bulwagang dapat bukas sa lahat ng nangangailangan ng matutuluyan; higit sa lahat ito ay isang Zone of Peace na hindi dapat nililigalig ng mga militar,” ayon sa grupo.

Noong Enero 4, iniulat ng Karapatan-ST ang patuloy na pagmamanman ng pulis at militar sa kanilang humanitarin mission. “Malinaw na takot ang militar sa presensya ng humanitarian team na ang tanging layunin ay alamin at ilantad ang katotohanan. Ipinapakita nito na may tinatago ang AFP-PNP at sinisikap nilang hadlangan ang humanitarian mission,” anang grupo.

Magpapatuloy pa sa susunod na mga araw ang humnitarian mission ng Karapatan-ST. Inaasahang makikiisa sa misyon ang iba pang mga grupo at lider-masa sa darating na mga araw.

## Mga balatengga para sa mga martir ng rebolusyon, isinabit ng NDF-Rizal sa Antipolo City

Enero 4, 2026

---

Dalawang higanteng balatengga ang isinabit ng National Democratic Front (NDF)-Rizal at Kabataang Makabayan (KM)-Balangay Jordan Mopon sa Antipolo City noong hatinggabi ng Enero 2. Nakasulat sa balatengga ang mga parangal para sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), mga martir ng rebolusyon, at ang panawagan para ibagsak ang rehimeng US-Marcos.

Pinagpugayan sa isang balatengga sina Kasamang Jose Maria Sison, ang tagapangulong tagapagtatag ng Komite Sentral ng Partido, Kasamang Wilma at Benito Tiamzon, ang mga huwarang kadre ng rebolusyong Pilipino, at Josephine "Ka Sandy" Mendoza, para sa kanyang papel sa pagpapalakas sa rebolusyonaryong kilusan sa Southern Tagalog.

Sa isa pang balatengga ay pinarangalan si Jordan "Ka Sy" Mopon, isang Rizaleño at matikas na kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na kumilos sa kabundukan ng Sierra Madre. Nakalagay sa balatengga na ito ang panawagang sumuporta at sumapi sa BHB. "Kabataang Rizaleño, sundan ang yapak ni Jordan "Ka Sy" Mopon! Sumapi sa NPA!" saad dito.

Binigyang pugay din nila ang pagkamartir ni Jerlyn Rose Daydora, isang kabataang nag-alay ng kanyang buhay habang walang patumanggang binobomba ng 203rd Infantry Brigade ang pamayanan ng mga katutubong Mangyan sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1.

Ayon sa grupo, sa pagsapit ng bagong taon ay masinsin na pinlano ng mga miyembro nito ang pagsasabit ng balatengga kasabay ang pagtitiyak sa seguridad at kaayusan ng aktibidad. Kinailangan ang mahigpit na pagpapatupad sa mga hakbanging panseguridad laluna sa pinatinding pagmamanman at panunupil ng rehimeng US-Marcos laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Ang aktibidad ay kasunod ng pagtitipon ng mga myembro ng NDF-Rizal noong Disyembre 30, 2025 para sa pagdiriwang ng ika-57 na anibersaryo ng PKP. Ang mga balatenggang ikinabit ay ginamit rin sa mismong pagtitipon ng NDF-Rizal.

"Tangan nang mahigpit ang panawagang ibayong isulong ang demokratikong rebolusyong bayan, buo ang diwa ng rebolusyonaryong mamamayan ng Rizal na kamtin ang malalaking tagumbay ng mamamayan laban sa pasista at mandarambong na rehimeng US-Marcos," ayon sa NDF-Rizal.

## Planong pribatisasyon ng pampublikong palengke sa Baguio City, napigilan ng mamamayan

Enero 4, 2026

Matagumpay na napigilan ng mamamayan at mga organisasyon na sumusuporta sa kanilang laban ang planong pribatisasyon at "mallification" ng pampublikong palengke sa Baguio City.

Noong Enero 3, inanunsyo ng Baguio City Public Information Office na nagpadala ang SM Prime Holding Inc. (SMPHI) ng sulat ang upisina ni Benjamin Magalong, meyor ng syudad, na iniaatras na nito ang plano para sa pagpapaunlad ng palengke.

Nakatakdang pagbotohan ng konseho ng syudad sa Enero 9 kung tatangapin o ibabasura ang panukalang plano ng SM.

Ayon sa Save Baguio Market Movement, ang pag-atras na ito ay makasaysayang tagumpay ng mamamayan ng Baguio. Nagawa ito sa pamamagitan ng pag-oorganisa, kolektibong pananaliksik at talakayan, pagpapahayag ng pagtutol, pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan at pagtangan ng mataas na pamantayan sa mga halal na upisyal. Kapag nagkakaisa at tumitindig ng sama-sama, kayang harapin kahit ang mga higante, at ito ang ginawa ng mamamayan ng Baguio.

Nananawagan din ang grupo sa mga konsehal ng syudad na pormal na tanggapin ang pag-atras ng SMPHI o ibasura ang panukalang plano bago ang Enero 9. Anito, maari pa ring makalusot ang proyekto kapag walang inilabas na desisyon ang konseho. Nananawagan din ang grupo na ibasura

ang City Resolution 399 ng 2020 na nagtakda sa Public-Private Partnership bilang paraan ng pagpapaunlad sa pampublikong palengke.

Nanawagan ang Tongtongan Ti Umili na manatiling alerto sa anumang pagbabago. “Bagamat nagdiriwang tayo sa tagumpay na ito, nananatili kaming mapagmatyag. Tiyak na may magtatangka na baguhin ang naratibo, ilihis ang responsibilidad, o buhayin ang parehong plano ngunit iba ang pangalan. Patuloy kaming mananawagan sa pagpapanagot sa lokal na gubyerno at igigiit na ang pampublikong palengke ay dapat paunlarin ng mga mamamayan na siyang dahilan bakit ito nilikha,” ayon sa grupo.

Dagdag ng grupo, ang kailangan ng Baguio ay pag-unlad na inuuna ang kapakanan ng mamamayan, mula sa pampublikong pondo, malinaw at may pananagutan, at hindi nakaasa sa mga korporasyon na taliwas sa serbisyong pampubliko.

## Istap ng NDF-Cagayan Valley, naiulat na nawawala

Enero 6, 2026

---

Nagpahayag ng pagkabahala ang National Democratic Front-Cagayan Valley (NDF-CV) sa pagkawala ni Scarlet Lyne Gayo, myembro ng public information team ng rehiyon. Mahigit tatlong linggo na siyang hindi nakokontak ng NDF-CV.

Ayon kay Salvador del Pueblo, tagapagsalita ng NDF-CV, naka-medical leave noon si Gayo at nakatakdang bumalik sa kanyang yunit nang mawalan ng kontak sa kanya. Huling nakita si Gayo sa Cavite noong Disyembre 9, 2025.

“Batay sa nakalap na impormasyon, nahuli si Gayo ng mga ahente ng AFP at pinipilit siya na traydurin ang kanyang mga kasamahan sa rebolusyon kapalit ng pagbasura ng gawa-gawang mga kaso laban sa kanya,” paliwanag ni Ka Salvador.

Si Gayo ay naglulunsad ng pananaliksik sa Region 2 hinggil sa epekto ng tagtuyot, bagyo at iba pang sakuna sa komunidad ng mahihirap na magsasaka bago siya nawala.

“Dapat papanagutin ang AFP at NTF-Elcac ng rehimeng US-Marcos kung sakaling si Gayo at ang kanyang pamilya ay malagay sa kapahamakan, ito paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga protocol sa digma,” ayon kay del Pueblo.

## Bantang pagpapalayas sa isang komunidad sa Pasig City, nilalabanan

Enero 8, 2026

---

Muling nanindigan ang mga residente ng Molave Extension o Leona Compound sa Nagpayong, Barangay Pinagbuhatan, Pasig City laban sa pagpapalayas sa kanila ng Pasig Action Line (PAL), organisasyon ng lokal na gubyerno ng syudad. Kasisimula pa lamang ng taon ay muling

niligalig ang mga residente ng PAL noong Enero 5 para sila ay palayasin.

Ang naturang erya ay naiulat na tatayuan ng ospital at eskwelahan. Nalaman ito ng mga residente mula mismo kay Pasig City Mayo Vico Sotto noong Disyembre 3, 2025. Anang mga residente, walang naipakitang katunayan ang lokal na gubyerno na ang lupang kanilang kinatitirikan ay pag-aari talaga ng gubyerno. Dismayado rin sila dahil walang planong relokasyon para sa mga mapalalayas na residente.

Nagpahayag ng suporta sa laban ng komunidad ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Pasig. Nakiisa rin ito sa ikinasang kilos protesta ng mga residente sa Temporary City Hall ng Pasig noong Nobyembre 2025.

Sa protesta, nanawagan sila kay Mayor Sotto na hayaan ang mamamayan na i-okupa ang mga lupang tiwangwang upang mabuo ang kanilang mga komunidad. Panawagan din nila ay makapaglabas ang mismong may-ari ng lupa sa hinaharap ng "Intent to Sell" o kaya ay mapabilang sila sa mga posibleng benepisyaryo ng proyektong pabahay ng gubyerno.

"Hangga't hindi natutugunan ang usapin ng disenteng pabahay para sa mga maralita at patuloy na ginagamit ang batas para sa iilan, mananatili at lalo pang dadami ang mga komunidad tulad ng Leona Compound," ayon sa Bayan-Pasig.

## Pagtutol sa Hydro-power Dam sa Apayao, nagpapatuloy

Enero 8, 2026

---

Muling nanawagan ang Save Apayao Peoples Organization (SAPO) sa pagbasura sa planong pagtatayo ng Hydro-power dam na Gened 1 sa ilog ng Apayao-Abulog sa Kabugao, Apayao. Anito, banta ang proyekto sa lupang ninuno, kultura at kaligtasan ng komunidad ng mga katutubo.

Plano ng kumpanyang Pan Pacific Renewable Power Phils. Corp. na magtayo ng pitong imbakan ng tubig at isang pump storage facility sa prubinsya. Ang dam ay isa lamang sa walong proyektong hydropower na balak itayo sa naturang ilog.

Sa pananaliksik ng Cordillera Peoples Alliance and Aliansa dagiti Pesante iti Kordiliera (Apit Tako), kapag natuloy ang Gened 1, tiyak na lulubog ang mga komunidad. Kabilang dito ang barangay Poblacion, Nacagman, Waga, Bulu at Madduang ng Kabugao at malaking bahagi ng Santa Marcela, Flora, Pudtol at Luna sa Apayao. Maapektuhan din ang ilang kalapit na bayan sa Cagayan. Masisira ang ilog at kagubatan. Banta ang proyekto sa kabuhayan ng mga residente.

Kinundena ng grupo ang pagbibigay ng permit ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa kumpanya para magputol ng mga puno. Wala ring sapat at maayos na

konsultasyon ang kumpanya sa komunidad. Anito, isang mapanganib ito na halimbawa sa patuloy na pagkasira ng lupaing ninuno at ekosistema.

May mga ulat din mula sa komunidad na kumikilos na sa karatig-bayan ng Pudtol ang mga tauhan ng kumpanya dahil sa malakas na pagkontra ng komunidad ng Kabugao sa dam. May mga impormasyon din na nagsimula nang magdeploy ang kumpanya ng mga makinarya sa mga barangay ng Pudtol, malapit sa hanggangan ng Kabugao.

Nananawagan ang SAPO sa mga residente ng Pudtol na labanan ang proyektong dam at ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno. Anito, ang pagprotekta sa lupain ang pagkamit ng hustisya at paggalang sa henerasyon ng nakaraan, kasalukuyan at hinaharap.

## Protesta ng mga estudyante sa DLSU Manila, sinupil ng administrasyon

Enero 8, 2026

---

Dumanas ng panunupil mula sa administrasyon ng De La Salle University (DLSU)-Manila ang mga estudyante nito na naglunsad ng protesta noong Enero 5 sa kampus. Ipinatigil ng administrasyon ang kilos protesta na tumutuligsa sa mga anomalya sa pambansang badyet para sa 2026, militarisasyon sa kanayunan, at inaasahang pagtaas ng matrikula sa unibersidad.

Ayon sa Lasallians Against Corruption (LAC), grupong nanguna sa pagkilos, pinigilan ang mga estudyante ng Student Discipline Formation Office (SDFO) na tapusin ang maiksi sanang programa. Sinubukan ng LAC na makipagnegosasyon sa mga upisyal at administrasyon para ipagpatuloy ang programa ngunit sapilitan silang pinahinto sa kawalan ng "permit."

Iginiit ng LAC na hindi labag sa Student Handbook ang kanilang pagkilos at paghahayag ng pampulitikang paninindigan. Hindi nakinig ang SDFO at administrasyon sa paliwanag at katwiran ng mga estudyante at paulit-ulit lamang silang pinahinto.

Anang grupo, pinilit pa ng SDFO na kunin ang pangalan ng mga lumahok sa protesta at hinablot ang ID ng isang estudyante. Pinagbantaan sila, laluna ang mga nasa Senior High School, na haharap sa parusa dahil sa kanilang "mayor na paglabag" sa paglahok sa protesta.

"Nais naming ipahayag nang walang pasubali na ang pagkilos ay isang pagpapakita ng aming malinaw, ligal, at demokratikong karapatan na pinoprotektahan ng Students' Charter (Seksyon 44), mga polisiya sa handbook (Seksyon 1b ng Declaration of the Zero Tolerance for All Forms of Violence Policy), at ng Konstitusyon ng Pilipinas," ayon sa LAC. Dagdag ng grupo, ni walang nakasaad sa handbook na kailangang kumuha ng mga estudyante ng permit mula sa SDFO para sa kahit anong protesta.

Ayon pa sa LAC, dapat magpaliwanag ang SDFO kung bakit nila ipinahinto ang protesta at bakit kinuha ang pangalan ng mga lumahok sa pagkilos. Nanawagan ang grupo ng talakayan kasama ang SDFO at ang mga nagbuo ng student handbook para ilinaw ang mga karapatan ng mga estudyante alinsunod sa dokumento.

"Huwag tayong matakot sa gitna ng kanilang panggigipit; bagkus, humugot tayo ng lakas mula sa ating pagkakaisa," panawagan ng LAC. Anang grupo, higit na kinakailangan ngayon ang tinig ng mga estudyante at kabataan laluna at pinirmahan na ni Pres. Ferdinand Marcos Jr noong Enero 5 ang ₱6.793-trilyong General Appropriations Act o pambansang badyet sa 2026 na tinawag ng grupo na batbat ng anomalya.

Samantala, nakiisa sa LAC ang mga progresibong grupo sa kampus. Binati ng Anakbayan Vito Cruz ang katatagan ng mga estudyante sa gitna ng panunupil para ipahayag ang kanilang tindig laban sa sistemikong korapsyon at iba pang mga lokal na isyu.

## Halos 900 manggagawa sa Clark Freeport Zone, tinanggal sa trabaho

Enero 9, 2026

---

Nasa 867 na manggagawa mula sa mga pagawaan na Charter Link Clark. Inc at La Rose Noire Philippines, na nakabase sa Clark Freeport Zone, ang tinanggal sa trabaho noong Disyembre 2025.

Ang 390 na probationary employee o mga kontrakwal ang tinanggal sa trabaho mula sa kumpanyang La Rose Noire Philippines dahil sa hindi diumano nila pagtugon sa mahigpit na pamantanyan ng kumpanya. Ang kumpanya ay gumagawa ng mga tinapay tulad ng croissants at produkto na gawa sa tsokolate. Ang La Rose ay isang Swiss na panaderya na may mga tindahan sa Europe, Asia, Australia, Middle East at North America. Nakabase ang hedkwarters nito sa Hong Kong.

Samantala, 477 manggagawa mula sa Charter Link Clark Inc., ang natanggal sa trabaho dahil sa pagsasara ng kumpanya. Ang kumpanya ay gumagawa ng mga pananamit para sa brand na Lululemon. Subsidyaryo ang kumpanya ng Charter Link Ltd na nakabase sa Hong Kong.

Ayon sa kumpanya, sa loob ng tatlong taon, pababa nang pababa ang order ng mga damit na nagresulta sa ‘zero’ na inaasahang benta para sa 2026. Nangako ang kumpanya na titiyakin nito ang benepisyo, severance pay at advance na sahod ng mga manggagawa. Sa parehong panahon, pinilit nito ang mga manggagawa na pumirma ng ‘release papers’ sa harap ng mga upisyal ng Department of Labor and Employment (DOLE). Ang release papers o Release, Waiver, at Quitclaim (RWQ) ay dokumento na nilagdaan ng mga natanggal o umalis na empleyado. Sa dokumento, inaabswelto ang employer mula sa pananagutan tulad mula sa claims, o iligal na pagtanggal sa trabaho kapalit ng huling sahod o benepisyo. Binantaan pa ng kumpanya ang mga

manggagawa na hindi sila palalabasi sa pagawaan kung hindi sila pumirma sa RWQ. Sa Christmas party ng mga manggagawa ipinaalam sa kanila na magsasara na ang kumpanya.

Ayon kay Eric Nalam, presidente ng unyon, malinaw na ang pagsasara ng kumpanya ay upang wasakin ang unyon, matapos maipanalo ng unyon ang na iligal na pagtanggal sa kanya at ng bise presidente ng unyon sa National Labor Relations Commission (NLRC) at sa Court of Appeals. Aniya, malinaw na ito ay paghihiganti ng kumpanya laban sa mga manggagawa na naglakas-loob na ipaglaban ang kanilang mga karapatan.

Nananawagan ang grupo sa DOLE at Clark Development Corporation na imbestigahan ang pagsasara ng kumpanya at tiyakin makakakuha ng tamang kumpensasyon at benepisyo ang mga manggagagawa.

## Ligalig sa mga pangkatin sa loob AFP, nagpapatuloy

Enero 9, 2026

---

Naging “viral” o mabilis na kumalat ang post ni Col. Audie A. Mongao, isang mataas na upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP), na kumukundena sa korapsyon ng rehimeng Marcos.

Sa kanyang post, sinabi ni Mongao na nawalan na ng “moral ascendancy” si Ferdinand Marcos Jr para pamunuan ang AFP bilang kumander at para pamahalaan ang mga Pilipino. Nanawagan siya na

“Tama na, sobra na!” na nangangahulugan ng kanyang pag-atras ng suporta sa pangulo.

Si Mongao, O-10933 INF (MNSA) PA ang kasalukuyang Director ng Training Development Center sa AFP Training Command (TRACOM). Naging viral ang kanyang panawagan nang i-repost ito ni Ret. Air Force Maj. Gen. Romeo Poquiz noong Enero 8. Si Poquiz ay isa sa mga tagapagtatag ng United People’s Initiative, organisasyon ng mga retiradong upisyal militar na kapanalig ng pamilyang Duterte.

Noong Setyembre 21, 2025, nagdaos ang UPI ng rali malapit sa Camp Crame para ipanawagan sa mga aktibong heneral na “iatras” ang kanilang suporta kay Marcos Jr. Noong Enero 5, inaresto ng rehimen si Poquiz sa kasong inciting to sedition. Agad siyang nakapagpyansa at nakalaya.

Samantala, tinanggal at tinutugis na ng AFP si Col. Mongao. Inilunsad na rin ang imbestigasyon laban sa kanya.

Ang biglang paglabas at pag-viral ng post ni Mongao ay patunay ng di naapulang iringan ng mga pangkatin sa loob ng AFP na hawak ng magkaribal na pangkating Marcos at pangkating Duterte. Nagaganap ang pana-panahong pagsiklab ng iringan sa kabila ng paulit-ulit na iginiit ng liderato ng AFP na matatag itong “naninindigan sa Konstitusyon at chain of command.”

## Mga Pilipinong manggagawa, magsasaka at maralita, nakiisa sa mamamayang Venezuelan laban sa imperyalismong US

Enero 9, 2026

---

Mahigpit na nakiisa ang mga Pilipinong manggagawa, magsasaka at maralita sa mamamayang Venezuelan matapos salakayin ng US ang bansa at dukutin ang presidente nito na si Nicolas Maduro at kanyang asawa na si Cilia Flores noong Enero 3. Nagtungo sila sa embahada ng US sa Maynila noong Enero 5 dala-dala ang mga panawagang "US, hands off Venezuela!," Imperyalismo, ibagsak!" at iba pa. Nagsunog sila ng bandila ng US sa harap ng embahada at nanawagan sa lahat ng Pilipinong nagmamahal sa demokrasya at kalayaan na tumindig kasama ang mamamayang Venezuelan.

"Malinaw sa manggagawang Pilipino na pawang kabulastugan ang 'gera kontra-droga' ni Trump," pahayag ng Kilusang Mayo Uno. "Parehong taktika ito ng Estados Unidos sa panlulusob sa marami pang bayan sa Asya at Middle East sa kung anu-anong imbentong kadahilanan, tulad na lamang ng panghihimasok nito sa Pilipinas sa tabing naman ng 'pagsugpo sa terorismo' at "paghahatid ng kapayapaan."

Pinagpupugayan ng KMU ang mamamayan ng Venezuela sa kanilang "tapang at determinasyon na labanan ang dayuhang mananakop."

“Tumitindig ang mga magsasakang Pilipino (sa mamamayang Venezuelan) lalo’y ang mga atake (sa Venezuela) ay kapareho sa karahasang suportado ng US laban sa amin, at sa lahat ng mga lumalaban sa neoliberal na pandarambong…,” ayon naman sa Kilusang Magbubukid sa Pilipinas. Nakiisa ang KMP sa laban ng mga Venezuelan para sa kanilang soberanya na ligtas sa pamimilit ng dayuhan.

“Bilang mga maralitang lungsod, malinaw sa amin ang ugat ng pag-atake sa Venezuela. Hindi ito usapin ng demokrasya, kundi ng ganid na paghahangad ng imperyalistang Estados Unidos na kontrolin ang likas-yaman at ekonomya ng bansa,” pahayag naman ng Kadamay. Anito, ito rin ang parehong sistemang patuloy na naglulubog sa mamamayang Pilipino sa kahirapan.

“Mula Pilipinas hanggang Venezuela, iisa ang banta ng imperyalismo sa buhay, kabuhayan, at dignidad ng mamamayan!” anito.

Ang nangyayari sa Venezuela ay muling nagpapatampok sa tunay na katangian ng imperyalismong US bilang “nangungunang pinagmulan ng gera, kawalang istablidad at panunupil sa mundo,” ayon sa Bagong Alyansang Makabayan.

Ang pananalakay ay isa ring matingkad na paalala sa mamamayang Pilipino sa mahaba at madugong rekord ng US bilang kriminal sa digma.

“Dapat kagyat na alisin ang lahat ng mga base at pasilidad militar ng US sa Pilipinas,” ayon sa

Bayan. “Ang presensya ng mga tropa, pasilidad at kasunduan sa US… ay nagpapalakas lamang sa kakayahan ng US na maglunsad ng mga gerang agresyon at nagkakaladkad sa Pilipinas sa mas malalim na imperyalistang sigalot.”

Ang pambobomba ng US sa Venezuela ay nagresulta sa pagkamatay ng higit 100 katao, malawakang pagkaputol ng serbisyo ng kuryente at pagkaputol ng sistema sa komunikasyon.

## Proletaryong militansya ni Ka Bel, inalala

Enero 9, 2026

---

Ginunita kahapon ng mga progresibong organisasyon ng manggagawa at maralita ang naging buhay ng yumaong lider-manggagawa at kongresista na si Crispin “Ka Bel” Beltran sa paggunita sa ika-93 taon ng kanyang kapanganakan. Isinilang si Ka Bel noong Enero 7, 1933. Pumanaw si Ka Bel noong Mayo 20, 2008, sa edad na 75.

Pinangunahan ng Crispin B. Beltran Resource Center (CBBRC) at Kilusang Mayo Uno ang programa ng paggunita. Binaybay ng mga tagaapagsalita dito ang buhay ni Ka Bel mula sa pagiging taxi drayber hanggang sa pagiging kinatawan ng Bayan Muna at Anakpawis Partylist.

Itinuturing ng KMU si Ka Bel bilang “haligi ng kilusang paggawa, lider-anakpawis, makabayang mambabatas” na nag-iwan ng pamana ng “tapat,

buong-puso, at ubos-kayang pagsisilbi sa mga maralita at inaapi.”

Inalala ang kanyang buhay at pakikibaka nina Mimi Doringo ng Kadamay, Mody Floranda ng PISTON, at Malou Fabella ng ANGLO-KMU. Nagbigay din ng personal na pagbabalik tanaw si Ofel Beltran-Balleta, anak ni Ka Bel. Ibinahagi niya kung paano nagpapatuloy ang prinsipyo ni Ka Bel sa kanilang pamilya at sa mga organisasyong itinatag niya.

Kasaysayan ng proletaryong militansya

Bata pa lamang si Ka Bel nang unang mapukaw ang kanyang pagka-makabayan. Noong panahon ng okupasyon ng Japan, nasilbi siyang kuryer ng mga pwersang gerilya. Pagkatapos ng digma ay nagsimula na siyang magtrabaho bilang drayber ng taksi. Mula 1955 hanggang 1963, naging presidente siya ng Amalgamated Taxi Drivers Association at Yellow Taxi Drivers’ Union.

Nahalal siya bilang bise presidente ng Confederation of Labor of the Philippines at Philippine Alliance of Nationalist Organizations sa dekada 1960. Dito, tumulong siya sa pagtatag ng iba’t ibang unyon tulad ng KASAMA at PANALO. Noong 1980, malaking papel ang ginampanan niya sa pagkakatatag ng Kilusang Mayo Uno (KMU). Nagsilbi siyang general secretary ng KMU habang nahalal bilang tagapangulo nito si Felixberto “Ka Bert” Olalia. Nang paslangin ang humaliling tagapangulo na si Rolando “Ka Lando” Olalia noong 1986, si Ka Bel ang pumalit sa kanyang pwesto hanggang 2001.

Noong 1987, tumakbo siya bilang senador sa ilalim ng Partido ng Bayan, isang koalisyon ng mga progresibong pwersa pagkatapos ng EDSA Revolution. Nakakuha siya ng humigit-kumulang 1.52 milyong boto, isang malaking bilang para sa isang militanteng kandidato, sa kabila ng malawakang dayaan (tinatawag na “dagdag-bawas” operation) at panunupil noong panahon ni Pres. Corazon Aquino.

Sa dekada 2000, tatlong beses siyang nahalal bilang kongresista. Una sa ika-12 Kongreso bilang pangalawang nominado ng Bayan Muna (2001–2004), ikalawa ay bilang kinatawan ng Anakpawis Partylist (2004–2007) sa ika-13 Kongreso, at ikatlo bilang kinatawan ulit ng Partylist (2004-2010) sa ika-14 Kongreso sa ilalim. Hindi niya natapos ang kanyang termino dahil sa kanyang biglang pagkamatay nang siya’y aksidenteng mahulog habang kinukumpuni ang bubong ng kanyang bahay.

Noong 2006-2007, ipinakulong siya ng noo’y presidente na si Gloria Macapagal-Arroyo dahil sa gawa-gawang kasong rebelyon na kinalaunan ay pinawalang sala ng Korte Suprema.

Liban sa pagiging makabayan, tampok ang pagiging anti-imperyalista ni Ka Bel. Nagsilbi siyang unang tagapangulo ng International Coordinating Committee ng International League of Peoples’ Struggle nang itatag ito noong Mayo 2001 sa Zutphen, Netherlands, hanggang sa kanyang kamatayan noong 2008.

Noong 2008, pinarangalan si Ka Bel ni Jose Maria Sison at ng Pambansang Konseho National Democratic Front of the Philippines sa kanyang "matapang na paglaban sa lahat ng uri ng panunupil na pulitikal." Pinarangalan din siya ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas bilang "proletaryong internasyunalista, bayani ng uring manggagawa at ng sambayanang Pilipino."

## Talaingod 13, ipinagtanggol laban sa panibagong serye ng Red-tagging

Enero 9, 2026

---

Mariing kinundena ng dating kinatawan ng Bayan Muna at lider-Lumad na si Eufemia Cullamat ang panibagong serye ng Red-tagging laban sa Talaingod 13 matapos kinumpirma ng Court of Appeals ang di makatarungang hatol laban sa kanila.

"Kapag wala nang maisagot sa katotohanan, ginagamit nila (estado) ang Red-tagging bilang armas," pahayag ni Cullamat. Sagot ito ng mambabatas sa pinakahuling kampanya ng Red-tagging ng retiradong heneral na si Antonio Parlade, katuwang ng traydor sa rebolusyonaryong kilusan na si Ariianne Jane Ramos.

"Walang bata o magulang na nagreklamo. Walang pinsala na napatunayan. Pero hinatulan ang mga guro," aniya. "Ginagamit ang Red-tagging para tabunan ang katotohanan."

Sinabi ng mambabatas na hindi ginagamit ang Red-tagging para makipagdebate, kundi bilang paghahanda sa karahasan. Bahagi ito ng taktika sa kontra-insurhensya kung saan mauuna ang paninira, kasunod ang pagpapalayas bago ang pagkakaso at pagkukulong.

Kinundena niya ang papel ng NTF-Elcac sa pagsasampa ng gawa-gawang kaso laban sa Talaingod 13.

"Lagi't laging ginagamit ng NTF-Elcac ang insurhensya para bigyan-katwiran ang militarisasyon sa mga komunidad sa kanayunan at supilin ang inisyatiba ng mamamayan," aniya. "(K)asabwat ng NTF-Elcac ang warlordismo at mga dinastiyang pultikal tulad ng pamilyang Libayao na naghari-harian sa Talaingod mula pa panahon ng diktadurang Marcos hanggang ngayon."

Pinangalanan ni Cullamat si Jose Libayao bilang lokal na warlord na naging makapangyarihan dahil sa kanyang kaugnayan sa pagtotroso. Dati siyang security guard na di lokal sa Talaingod pero naging meyor ng bayan dahil sa pakikipagsabwatan niya sa kumpanya para kalbuhin ang gubat. Kinundena ni Cullamat ang myembro ng angkan na si Pilar Libayao na patuloy na nakikipagsabwatan sa NTF-Elcac para magpalaganap ng mga kasinungalingan laban sa Talaingod 13.

## 2 batang nag-uuling sa Samar, pinaulanan ng bala ng 46th IB

Enero 10, 2026

---

Pinasabugan ng M203 at pinagbabaril ng mga sundalo ng 46th IB ang dalawang batang magkapatid sa Sityo San Pedro, Barangay 3, San Jose de Buan, Samar noong Enero 3 ng hapon. Ang magkapatid ay naghahakot ng pambentang uling nang makasalubong ng tatlong sundalo at bigla na lamang silang pinaputukan.

Natamaan ng bala sa dibdib, kamay at paa ang nakababatang kapatid at naiwan sa lugar na pinangyarihan ng insidente. Hindi na nalaman ng pamilya ang kinahinatnan ng bata na hanggang ngayon ay nawawala.

Samantala, ang nakatatandang kapatid ay nakatakbo mula sa pamamaril. Batay sa kanyang kwento, para iligtas ang sarili ay kaagad siyang lumusong at pinilit na makatawid sa binabahang ilog.

Ayon sa magulang ng mga biktima, bago pa mag-Pasko ay nag-uuling na ang magkapatid mula sa mga bao sa mga kalapit na niyugan. Naibebenta nila ito ng ₱26 kada kilo sa sentro ng San Jose de Buan. Nagsisikap umanong kumita ang magkapatid para makabili ng smartphone.

Anang pamilya, ang hinahakot na lamang ng mga bata nang makasalubong ng mga sundalo ay ang natira pa nilang uling na hindi naasikaso bago

mag-Bagong Taon. Dahil umano sa kagustuhang makapagdeliber ng uling at makumpleto ang kakailanganing pera na pambili ng smartphone bago ang pista ng bayan ay sinuong ng magkapatid ang panganib ng bahang ilog.

Labis ang pagdadalamhati ng pamilya sa nangyari. Gayunman, natatakot ang pamilya na lumantad at magreklamo dahil sa nakaraang mga kaso ng pagpaslang sa mga magsasaka sa kanilang bayan. Nangangamba sila na kung magsusumbong ay gagantihan sila ng mga sundalo at mayroon na namang papatayin sa kanilang pamilya.

## Mga progresibong lider-guro, nakiramay sa pagkamatay ng isang guro sa Muntinlupa City

Enero 10, 2026

---

Nagpahayag ng pakikiramay ang mga progresibong lider-guro sa pamilya at kaanak ni Agnes Buenaflor, 59 taong gulang, isang guro ng Pedro E. Diaz High School sa Muntinlupa City na namatay noong Enero 7. Magkakasamang nagpunta sa burol ni Buenaflor sa Dasmariñas City, Cavite ang mga lider ng Alliance of Concerned Teachers (ACT)-Philippines at mga unyon sa ilalim nito noong Enero 9.

Nabagok ang ulo ni Buenaflor nang nahimatay habang nagsasagawa ng "classroom observation." Naisugod pa siya sa ospital ngunit namatay rin kalaunan. Ang pagkamatay ni Buenaflor ay

tinawag ng ACT Muntinlupa Union bilang “isang trahedya na yumanig sa buong sektor ng edukasyon.”

Anang unyon, dahil sa insidente ay muling nalantad ang bigat at panganib sa kalagayan ng mga guro sa loob ng silid-aralan. “Sa kabila ng sinasabing layunin ng classroom observation na paunlarin ang pagtuturo, matagal nang itinuturing ito ng mga guro bilang pinagmumulan ng matinding stress, pressure, at anxiety,” ayon sa unyon.

Ang classroom observation ay porma ng ebalwasyon ng Department of Education (DepEd) sa kakayahan sa pagtuturo ng mga guro. Ipinatutupad ito sa bisa ng DepEd Memorandum No. 89, s. 2025 na nagbalangkas sa panapanahong walkthrough at mahabang mga obserbasyon sa klase.

Anang unyon, sa haba ng karanasan bilang guro ni Buenaflor ay malinaw na hindi na siya dapat sumailalim sa “mapanupil na ebalwasyon.” Nanawagan ang unyon sa DepEd na agarang itigil ang mga clasroom observation at iginiit ang pagbibigay ng makatao at maka-gurong sistema ng suporta.

Ayon sa ACT Philippines, liban sa “classroom observation” ay mayroon pang mga pamantayan at rekisitong itinatakda para sukatin ang kalidad ng paggampan ng mga guro na nagpapahirap sa kanila, kabilang ang Result-based Management System (RPMS).

Ang mga ito ang gingamit na batayan ng angkop na benepisyo at promosyong ibibigay sa mga guro. "Pinaninindigan ng ACT na ang mga rekisitong ito ay labis, hindi makatao, at umaagaw ng panahon at lakas ng mga guro para sa pagtuturo na pangunahin nitong responsibilidad," anang grupo.

"Kaisa ang mga kapwa guro at kawaning nagdadalamhati, kolektibo rin nating panawagan ang disente at nakabubuhay na sweldo, karampatang benepisyo, at sapat na pondo sa edukasyon, kalusugan at panlipunang serbisyo na tutugon sa karapatan at kagalingan ng mga guro, kawani, at mag-aaral," pahayag ng ACT Philippines.

Nakiramay rin at bumisita sa burol ni Buenaflor si ACT Teachers Party-list Antonio Tinio. "Nakikiramay kami sa pamilya at mga kasamahan ni Ms. Buenaflor. Ang kanyang dedikasyon sa pagtuturo ay dapat nating pahalagahan at alalahanin," pahayag niya. Nanawagan ang kongresista sa DepEd na agarang repasuhin ang mga patakaran nito at dapat magsilbing malaking paalala sa kanila ang nangyari kay Buenaflor.

Samantala, kasabay na bumisita ng mga lider-guro ng ACT at ACT Teachers Party-list si DepEd Undersecretary at Chief of Staff Fatima Panontongan. Nakipagdayalogo ang mga lider-guro sa upisyal ng DepEd at inihapag ang kanilang mga panawagan. Inihapag ng mga guro sa DepEd ang kanilang mayor na mga kahingain kaugnay ng classroom observation.

Kabilang ang panawagan na ipagbawal ang paggamit dito bilang performance rating ng guro para sa Performance-Based Bonus, sa promosyon, o anupaman. Iginiit rin na dapat hindi pasiklaban ang classroom observation at gawin ito para lamang bigyan ng teknikal na tulong ang mga guro.

Dapat rin umanong paiksiin tungong 10-15 minuto ang obserbasyon sa halip na buong panahon ng klase. Hinimok nito ang ahensya na dapat hindi na kasama ang beterano o isang matagal nang guro sa class observation at bigyang konsiderasyon ang tagal sa serbisyo.

Muli ring inihapag ng mga lider-guro ang kanilang panawagan na tuluyang ibasura ang classroom observation at baguhin ang pahirap na sistema ng ebalwasyon ng mga guro.

## Pagbubuo ng Provincial Task Force-Elcac sa Cebu, tinuligsa ng mga progresibong grupo

Enero 10, 2026

---

Kinundena ng mga progresibong grupo sa Central Visayas ang pagbubuo ng lokal na gubyerno ng Cebu ng Provincial Task Force-Elcac noong huling linggo ng Disyembre 2025. Ang ahensya ay binuo sa bisa ng Executive Order No. 61, Series of 2025 na inilabas ni Cebu Gov. Pamela Baricuatro.

Katulad ng pambansang upisina nitong National Task Force-Elcac, deklaradong layunin ng ahensya na magpapatupad ng koordinadong pagsisikap para tugunan ang “insurhensya” sa Cebu. Ang prubinsya ay idineklarang “insurgency-free” ng Armed Forces of the Philippines (AFP) noon pang Marso 2010, magdadalawang dekada na ang nakararaan.

Ayon sa Karapatan-Central Visayas, ang hakbang na ito ng lokal na gubyerno ng Cebu ay nagdudulot ng seryosong pagkabahala para sa karapatang-tao. Banta rin ito sa mga komunidad, lalo na sa gitna ng tumitinding militarisasyon at pagsupil sa mga sibil na kalayaan, ayon sa grupo.

Mula nang naitatag ang NTF-Elcac noong 2018 ay bantog na ito sa pag-profile ng mga aktibista, red-tagging ng mga sibilyan, panghaharas sa mga komunidad, at pagpilit sa mga indibidwal na ‘sumuko’ bilang mga “rebelde.” Nakatitiyak ang Karapatan-CV na patitindihin ng lokal na upisina nito sa Cebu ang patung-patong nang mga paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan sa prubinsya.

Mula noong 2025 ay naitala ng grupo ang pinaigting na presensyang militar at kaakibat na pagnunupil sa mga komunidad kung saan lumalaban ang mamamayan para sa kanilang karapatan. Kabilang dito ang mga komunidad ng magsasaka at mangingisda sa Toledo City, sa Minglanilla, Pinamungajan at Aloguinsan. “Nangangamba kami na magsisilbi lamang ang task force para patindihin pa ang mga ganitong

pang-aabuso sa tabing ng ‘kapayapaan at kaayusan’,” ayon sa grupo.

Naniniwala rin ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Central Visayas na walang maitutulong sa mga Cebuano ang PTF-Elcac dahil hindi naman usapin sa seguridad ang krisis na kinahaharap ng prubinsya. Anang grupo, ang krisis na dinaranas ng prubinsya ay kagutuman, kawalan ng trabaho, pagtaas ng presyo ng mga bilihin, mapanganib na mga lugar ng trabaho, kakulangan sa abot-kayang pabahay, mahinang serbisyong pangkalusugan, at lumalalang pagkasira ng kalikasan.

“Ang pagbuo ng isa pang sangay ng Elcac ay hindi makakalutas sa mga problemang ito. Inililihis lamang nito ang pondo ng bayan mula sa tunay na pangangailangan ng mamamayan,” pahayag ng Bayan-Central Visayas. Nanawagan ang grupo sa lokal na gubyerno na ibasura ang inilabas na kautusang nagbuo sa PTF-Elcac.

Ang bagong tatag na ahensya ay pamumunuan ni Gov. Baricuatro bilang tagapangulo at ni Vice Gov. Glenn Anthony Soco bilang ikalawang tagapangulo. Makakasama nila sa ahensya ang matataas na upisyal sa seguridad, hustisya, mga sektor sa lokal na gubyerno at maging mga kinatawan ng mga organisasyong civil society.

Magsisilbi rin umanong “tagapayo” nga PTF-Elcac ang Special Action Committee ng Provincial Peace and Order Council at mga kinatawan ng mga relihiyosong grupo kabilang ang Arsobispo ng Cebu. Popondohan ang ahensya ng pera mula sa Office of the Governor.

## Pagpapalaya kay Chantal Anicoche, ipinanawagan sa Pilipinas at US

Enero 10, 2026

---

Nanawagan ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) USA at Migrante USA para sa agarang pagpapalaya kay Chantal Anicoche, isa sa mga kabataang mananaliksik na pumunta sa Abra De Ilog, Occidental Mindoro noong panahon ng kapaskuhan. Kasalukuyan siyang nasa kustodiya ng AFP at nakadetine sa Camp Mateo Capinpin, Tanay Rizal.

Noong Enero 8 nagprotesta sa harap ng Department of Defense ang mga progresibong grupo sa pangunguna ng Karapatan upang kundenahin ang pambobomba ng pwersa ng militar sa Abra de Ilog at sa agarang pagpapalitaw kay Anicoche. Nagprotesta din ang mga progresibong grupo sa Boy Scout Circle sa Quezon City noong Enero 9.

Noong Enero 10, nagpunta si Antonio Tinio, kinatawan ng ACT Teachers Partylist, Liza Maza, mga myembro ng Migrante International, National Union of Peoples’ Lawyers at Karapatan Southern Tagalog sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal upang kamustahin ang kanyang kalagayan, ngunit hindi sila pinahintulutan. Kasabay nito,naglunsad sila ng protesta sa labas ng kampo.

Sa US, sa parehong araw, nagprotesta ang mga myembro ng Bayan -USA Northeast at komunidad

ng mga Pilipino sa labas ng upisina ng Philppine Consulate Sa New York City. Bago nito, nagapdala sila ng sulat kay ni Consul General Senen T. Mangelile upang mag-set ng pulong sa kanila upang igiit sa gubyerno ng Pilipinas na palayain si Anicoche mula sa kustodiya ng militar.

Naglunsad din ng signature campaign ang Bayan USA at Migrante USA para sa agarang pagpapalaya ni Anicoche at hustisya para kay Jerlyn at sa lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa Mindoro.

Si Anicoche, 24 anyos, ay gradwet ng BS Psychology sa University of Maryland, Baltimore County. Dati siyang lider ng Filipino American Student Association, organisasyon ng mga Pilipinong kabataan estudyante sa unbersidad. Naging aktibo siya sa kampanya para sa pagsasabatas ng Philippine Human Rights Act at pagsusulong ng karapatan ng mga katutubo at magsasaka sa Pilipinas.

Dahil sa walang tigil na pagkampanya ng mga organisasyon ng kabataan, mga nagsusulong sa karapatang-tao at komunidad ng mga Pilipino sa US na ilitaw si Anicoche ng AFP, napilitan ang 203rd IBde na maglabas na bidyo na “natagpuan” siya sa isang hukay, 500 metro ang layo mula sa pinangyarihan ng pambobomba noong Enero 8.

Ayon sa mga grupo, kaduda-duda ang kredibilidad ng bidyo na inilabas ng militar. Kita sa bidyo si Anicoche na takot, lito at istres habang may mga sundalo sa palibot niya na “naghahanap” ng bomba at baril at tinatanong ang kanyang

pagkakakilanlan. Anito, nakakabahala ang mga sinasabi ng mga sundalo sa bidyo dahil maari itong gawing batayan para sampahan siya ng gawa-gawang kaso tulad illegal possession of firearms and explosives. Dagdag dito, kung totoong nakita siya malapit sa pinangyarihan, bakit inabot ng isang linggo bago siya nakita? At bakit hinaharang ng militar ang fact-finding mission ng mga organisasyon para sa karapatang tao na maglunsad ng sarili nilang imbestigasyon? Sa ngayon, tumatanggi ang militar na bitiwan siya dahil siya daw ay isang "person of interest" sa insurhensya.

Hindi din dapat isantabi ang posibilidad na matagal nang hawak ng militar si Anicoche, na palabas lamang ang laman ng bidyo at inilabas ito dahil sa malawakang internasyunal na atensyon hinggil sa kanyang pagkawala. Makatwiran ang kanilang pag-aalala para sa kaligtasan ni Anicoche laluna't may deka-dekada nang rekord ng paglabag sa karapatang-tao ang AFP. Kabilang dito ang pagtatanim ng ebidensya para makapagsampa ng gawa-gawang kaso, paliwanag Bayan USA at Migrante USA.

Ayon sa Migrante International, dapat tapusin na ng AFP ang pagpapanggap nito bilang "tagapagligtas" ni Anicoche at irespeto ang kanyang karapatan na kumonsulta sa abugado hinggil sa kanyang detensyon. "Hindi siya dapat ipailalim sa kahit anong porma ng tortyur, interogasyon, pagbabanta, panggigipit at intimidasyon ng kahit anong yunit ng AFP."

Nanawagan naman ang grupong Karapatan sa Commission on Human Rights at independyente at internasyunal na organisasyon na maglunsad ng independyenteng imbestigasyon sa kalagayan ni Anicoche at sa naganap na paglabag sa karapatang-tao noong bagong taon sa Abra de Ilog.

## Mga empleyado ng TaskUs Clark, nagsampa ng reklamo sa NLRC

Enero 11, 2026

---

Iniulat ng BPO Industry Employees Network (BIEN) Pilipinas noong Enero 8 na nagsampa ng reklamo sa National Labor Relations Commission (NLRC) ang mga quality assurance (QA) analyst ng kumpanyang TaskUS sa Clark, Pampanga. Inireklamo ng mga QA ang kumpanya dahil sa pagtanggal sa kanila sa trabaho matapos ipailalim sa "floating status" sa tabing ng "automation."

Ang mga QA ay ang mga empleyadong tagamasid o tagatiyak ng maayos na trabaho ng mga ahente ng BPO. Sila ang tagapagtulak na maabot ng mga ahente ang kota na itinatakda ng pamunuan ng kumpanya. Ang TaskUs Clark ay humahawak ng mga kliyente at akawnt na sumasaklaw sa pangangasiwa sa food delivery at elektronikong komersyo hanggang sa teknolohiya sa pinansya at "trust and safety" o content moderation.

Ang mga empleyadong sinisante ay nagtrabaho sa kumpanya sa tagal na lima hanggang pitong taon.

Ayon sa BIEN Pilipinas, ang mga tinanggal ay itinulak na pumaloob sa tinatawag na programa ng “redeployment” na kinailangan ng mga interbyu at pagtatasa para sa mas mababang pusisyon nang walang garantiyang makatatanggap ng katumbas sa kasalukuyang tinatamasang bayad.

Binigyang diin ng BIEN Pilipinas na ang sinapit ng mga empleyado sa TaskUs Clark ay manipestasyon lamang ng isang mas malawak na krisis sa industriya. Mula pa noong Nobyembre 2025, marami nang natanggap na katulad na ulat ang grupo hinggil sa mga paglabag sa karapatan sa paggawa sa mga BPO. Hindi bababa sa 245 na mga ulat ang nakuha nito sa mga empleyadong nagreklamo na ipinailalim sila sa “floating status,” iligal na sinisante, o ipinailalim sa hindi maayos na kalagayan sa paggawa.

Anang grupo, dahil humarap sa kawalang katiyakan o labis-labis na presyur, marami sa mga empleyadong ito ang napilitang na magbitiw. Dagdag ng BIEN Pilipinas, natulak ang mga empleyadong ito na isakripisyo ang kanilang pagiging regular at mahabang karanasan.

Nanawagan ang grupo sa mga kapwa empleyado sa BPO na magpadala ng kanilang hinaing sa grupo at magkaisa. “Hindi magbabago ang sistema hanggang hindi tayo organisado,” ayon sa BIEN Pilipinas. Tuluy-tuloy ngayon at pinalalakas ng grupo ang kampanya para sa seguridad at dignidad ng mga empleyado sa trabaho.

## Muling pagpapahintulot sa operasyong dredging sa Ilocos Sur, kinundena

Enero 11, 2026

---

Kinundena ng Defend Ilocos Sur at Kalikasan People’s Network for the Environment (KPNE) ang muling pagpapahintulot ng Department of Environment and Natural Resources Region 1 (DENR-1) sa operasyon dredging ng Isla Verde Mining Development Corporation (IVMDC). Sa kabila ito ng paulit-ulit na paglabag ng kumpanya sa batas. Ayon sa mga grupo, ang desisyon ng ahensya ay walang malinaw at lehitimong batayan at labag mismo sa mandato ng ahensya na pangalagaan ang kalikasan.

Noong Disyembre 23, kinatigan ng DENR-1 ang apela ng IVMDC na isantabi ang kanselasyon ng kanilang Memorandum of Agreement (MOA). Isang araw lamang matapos itong ikansela noong Disyembre 22. Ayon sa kasunduan, pinapahintulutan ang kumpanya na ibenta ang mga nahukay na materyales mula sa itinakdang sona sa ilog.

Tinalakay ang suspensyon ng IVMDC sa isang dayalogo sa pagitan ng kumpanya, lokal at gubyerno at mga residente noong Nobyembre 19. Nabigong makapagbigay ang kumpanya ng kinakailangang mga dokumento para magpatuloy sa kanilang operasyon. Kabilang dito ang malinaw na teknikal na paglalarawan ng kanilang operasyong dredging at katibayan na nag-opereyt

sila sa tinukoy na sona para sa pagdredging. Gayundin ang pag-renew ng permit nito para sa pagbyahe ng mineral. Sa kabila ng kawalan ng mga naturang dokumento, kinatigan pa rin ng DENR-1 ang pagbabalik ng MOA.

"Sa loob lamang ng 24 oras, isinantabi lang ng DENR-1 ang kanselasyon at nagbigay ng letter of reconsideration. Malinaw na ang katapatan ng ahensya ay nasa mga korporasyon na mandarambong at wala sa mga mamamayan," paliwanag ng Kalikasan.

Ang mga materyales na nakuha mula sa dredging ay dinadala sa Pasay City at Bulacan, taliwas sa sinasabi ng kumpanya na para ito sa pagpigil sa pagbaha sa Vigan City.

Sa harap nito, ipinagtanggol pa ni Luis "Chavit" Singson, dating gubernador ng Ilocos Sur at ni Jerry Singson, gubernador ng prubinsya, ang dredging bilang importanteng proyekto para sa pagkontrol diumano sa baha.

Nananawagan ang Defend Ilocos Sur sa DENR-1 na ipaliwanag nito ang dahilan sa pagbabalik ng MOA at ilabas ang lahat ng dokumento na may kinalaman sa operasyon ng IVMDC. Dapat din maglunsad muna ng konsultasyon sa apektadong komunidad bago pahintulutan na magpatuloy muli ang proyekto,

Nananawagan din ang grupo para sa pananagutan mula sa kumpanya at sa mga upisyal ng gubyerno na nagpahintulot sa operasyon sa kabila ng paglabag ng kumpanya sa batas. Dapat rin bigyan

ng tamang kumpensasyon ang mga mangingisda at kagyat na i-rehabilitate ang nasira na dalampasigan.

## Pagbasura sa “deklarasyon ng kooperasyon” ng ADMU-AFP, muling ipinanawagan ng mga estudyante

Enero 11, 2026

---

Muling nanawagan ang mga estudyante ng Ateneo de Manila University (ADMU) sa administrasyon ng unibersidad na ibasura ang pinirmahang Deklarasyon ng Kooperasyon sa pagitan ng unibersidat at ng Armed Forces of the Philippines sa isang protesta noong Enero 8. Kasunod ito ng kamakailang ulat ng pambobomba at terorismo ng AFP sa Sityo Mamara, Barangay Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1.

Ayon sa grupong One Big Fight for Human Rights and Democracy (OBFHRD), mula nang pinirmahan ang naturang kasunduan ay higit lamang tumindi ang kampanya ng pasistang panunupil ng AFP sa mamamayan, laluna sa mga komunidad sa kanayunan. Anang grupo, walang magandang kahihinatnan ang pakikipagtulungan ng ADMU sa isang institusyon na nambobomba sa mga komunidad ng mga katutubo at pumapatay sa mga sibilyan sa kanayunan.

Nauna nang binatikos ng grupo ang deklarasyon ng kooperasyon na tinawag nitong labag sa mga prinsipyo ng demokrasya at akademikong

kalayaan. Ayon sa OBFHRD, ang panghihimasok na ito ng militar sa ADMU ay malinaw na bahagi ng National Action Plan for Unity, Peace, and Development (NAP-UPD) ng rehimeng Marcos na mahigpit na kaugnay ng kampanyang kontra-insurhensya.

Terorismong militar sa Mindoro

Noong Enero 1, nagpakilos ang AFP ng apat na batalyon ng mga sundalo at gumamit ng apat na helikopter para isagawa ang pambobomba at pag-atake sa Abra de Ilog. Naiulat ng mga grupo sa karapatang-tao na namatay dito ang tatlong batang Mangyan-Iraya, habang nasugatan ang kanilang ina.

Namatay rin sa kasagsagan ng pambobomba ang kabataang mananaliksik na si Jerlyn Rose Doydora nang atakehin ng sakit. Si Doydora ay bahagi ng grupo ng kabataan na nagpaabot ng hangarin na makapanayam ang mga katutubo at magsasaka sa Mindoro at ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nais nilang alamin ang kongkretong kalagayan ng masa, ang dahilan ng armadong sigalot at ang tunay na solusyon para makamit ang kapayapaan. Si Doydora ay estudyante ng Pamantasan ng Lunsod ng Maynila.

Samantala, isa pang kabataang-mananaliksik, si Chantal Anicoche, ang nawala nang mapawalay sa kanyang mga kasama sa panahon ng pambobomba. Noong Enero 8, pinalabas ng 203rd IBde na "natagpuan" nito si Anicoche matapos ang tuluy-tuloy na pangngalampag ng mga grupo sa karapatang-tao na ilitaw siya sa hinalang hawak

ng militar. Si Anicoche ay gradweyt ng University of Maryland, Baltimore County sa US at isang dating lider ng Filipino American Student Association, organisasyon ng mga Pilipinong estudyante sa unbersidad.

Ayon sa OBFHRD, ang terorismo ng AFP sa Mindoro ay hindi na bagong taktika sa isla at sa buong bansa. Anito, ang pasistang atake ay isinasagawa sa atas ng rehimeng Marcos at ng may suporta ng malalaking korporasyon sa pagmimina at real estate na gustong kamkamin ang lupang ninuno ng mga katutubo.

Sa isinagawang protesta, nanawagan ang grupo ng hustisya para sa mga biktima ng masaker at pinatinding militarisasyon ng AFP sa Abra de Ilog at buong Mindoro.

## Pagguho ng tambakan ng basura sa Cebu City, pinaiimbestigahan ng grupo ng manggagawa

Enero 11, 2026

---

Nanawagan ang Kilusang Mayo Uno (KMU) ng agarang imbestigasyon sa pagguho ng tambak ng basura sa Binaliw Landfill sa Cebu City noong Enero 8. Ang tambakan ay pinatatakbo ng Prime Integrated Waste Solutions Inc (PIWSI) na subsidyaryo ng Prime Infrastructure Capital Inc, pag-aari ng burgesyang kumprador na si Enrique Razon Jr.

Sa ulat ng Cebu City Disaster Risk Reduction and Management Council ngayong araw, Enero 11, umakyat na sa anim ang naitalang namatay sa pagguho at 12 ang nasugatan habang mayroong 34 pang nawawala. Karamihan sa mga biktima ay mga manggagawa sa tambakan.

"Dapat maimbestigahan kung ipinapatupad ba nila ang mga pamantayang nakasaad sa Occupational Safety and Health (OSH) Law, at kagyat silang maparasuhan kung mapatunayang hindi," ayon sa KMU. Kinakailangan rin umanong sagutin ng kumpanya ang lahat ng gastusin sa pagpapalibing ng mga nasawi, at pagpapapagamot ng mga nasugatan.

Batid ng KMU na malaki ang pananagutan ng mga Razon sa nangyari lalo pa kung kusa nitong binabalewala ang mga pamantayan sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho para makatipid at tumubo nang malaki. Pinatunayan rin umano nito ang kahungkagan ng OSH Law upang gawing krimen ang hindi pagsunod sa mga pamantayan sa OSH na inilatag ng batas.

"Hindi dapat palampasin ang trahedyang ito. Hindi na ito dapat sapitin muli ng mga manggagawang marangal lamang na nagsusumikap," anang grupo.

Nanawagan ang KMU na paramihin ang bilang ng mga tim na nagsasagawa ng operasyong search and rescue para agad na matunton at maisalba ang mga nawawala. Dapat din umanong tiyakin ang kaligtasan ng mga manggagawang sasabak sa

search and rescue kasabay ng paggampan nila sa trabaho.

Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Central Visayas, matagal nang nagbabala ang mga manggagawa at residente sa mapanganib na taas ng tambak ng basura, nakalalasong hangin, kontaminadong tubig at kawalan ng mga hakbang pangkaligtasan sa tambakan. "Binalewala ang kanilang mga panawagan, hanggang sa nangyari ang trahedya," anang grupo.

Ikinumpara naman ng maka-kalikasang grupo na Greenpeace Philippines ang insidente sa nangyaring trahedya sa Payatas, Quezon City noong Hulyo 10, 2000 kung saan daan-daan ang naiulat na namatay. Anang grupo, nagpapakita ito ng malungkot na larawan ng sirang sistema sa pamamahala ng basura sa bansa.

## Kumpensasyon sa napinsala ng kalamidad, siningil ng mga maralita sa DSWD

Enero 12, 2026

---

Nagtungo sa pambansang upisina ng Department of Social Work and Development (DSWD) ang mga residente ng maralitang komunidad na napinsala sa nakaraang mga bagyo ngayong araw, Enero 12, para singilin ang kagawaran sa kumpensasyong dapat ipinamahagi nito. Sa pangunguna ng Kadamay, hangad nilang makipagdayalogo sa

kalihim ng DSWD na si Rex Gatchalian pero hindi sila hinarap nito.

“Mahigit anim na buwan na ang nakalipas mula nang manalasa ang mga bagyong Crising, Dante, at Emong, pati ang sunud-sunod na pagbaha dulot ng habagat,” pahayag ng Kadamay. “Ngunit hanggang ngayon, milyun-milyong Pilipino ang patuloy na pinababayaan at hindi nakatatanggap ng makatarungang kompensasyon.”

Mayroong 1.85 milyong pamilya o 6.6 milyong indibidwal sa 17 rehiyon ang napinsala sa mga sakuna at mahigit 15,000 tahanan ang nasira.

“Ang mga pinsalang (ito) ay hindi kayang tumbasan ng pansamantalang ayuda o relief goods,” ayon sa grupo. Tugon ito ng mga maralita sa liham ni Gatchalian noong Enero 8 na nagsabing “sapat na” ang pamamahagi ng mga relief food pack bilang tugon ng kagawaran.

Batid ng Kadamay na may ₱270 bilyon na pondo ang DSWD sa panukalang 2026 national budget, kabilang ang ₱63.9 bilyon para sa Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS).

“(Ang) pondong ito ay sa praktika nagiging instrumento ng patronage politics at makabagong anyo ng vote-buying, sa halip na direkta at agarang tulong sa mga tunay na nangangailangan,” ayon sa Kadamay.

Tinawag ng mga maralita ang matagal na pagkaantala at kawalan ng tugon ng estado bilang “kriminal na kapabayaan.”

# Lupain sa Taytay Rizal, iligal na binakuran ng mangangamkam ng lupa

Enero 12, 2026

---

Nagprotesta ang iba't ibang samahan ng mga home owners sa ilalim ng Taytay Urban Poor Alliance (TUPA) at ang Kadamay-Rizal sa Baltao gate, Ortigas Avenue noong Enero 11, upang kundenahin ang kaliwa't kanang demolisyon sa Taytay, Rizal. Nanawagan sila para sa kagyat na pagpapatigil sa iligal na pagkulong ng Baltao corporation sa mga residente ng sityo Igiban sa kanilang komunidad. Nasa 129 ang lumahok sa pagkilos.

Katuwang ang Philippine National Police, pwersahang isinara ng mga goons ng Baltao Corporation ang lagusan ng mga residente sa sityo Igiban, barangay San Isidro, Taytay, Rizal mula Enero 7. Humigit-kumulang 60 na pamilya ang dinahas ng kumpanya. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin makalabas o makapasok ang mga residente sa kanilang komunidad.

Malaking abala ang pagsasara ng lagusan sa araw-araw na pamumuhay ng mga residente. Maraming estudyante ang hindi makapasok sa eskwelahan, gayundin ang mga manggagawa sa kanilang trabaho. May ilang nagkasakit na hindi napagamot dahil sa panghaharang.

Una nang binakuran ng kumpanya ang lagusan noong Disyembre 4. Napilitan itong buksan ang

tarangkahan matapos mamagitan ang isang tauhan ng munisipyo. Gayunpaman, nanatiling tikom at walang tugon si Allan De Leon, meyor ng Taytay sa mga pangyayari.

Ang Igiban ay isa lamang sa mga komunidad na kumakaharap sa banta ng demolisyon sa Taytay. Nahaharap din sa demolisyon ang mga sityo Siwang, Sapang Gody, Bato-bato, Batong Dalig, Halaman Uno, Halaman Dos, Pugad Lawin at PCSO. Ang mga residente sa naturang mga komunidad ay walang akses sa tubig at kuryente dahil sa panggigipit ng mga nangangamkam ng lupa.

Ayon sa TUPA, ang kaliwa’t kanang mga demolisyon ay patunay lamang ng pagpanig ng estado sa interes ng mga pribadong kumpanya, sa halip na itaguyod ang karapatan ng mga maralita sa paninirahan.

Nananawagan ang Sitio Igiban Neighborhood Association Inc. ng kagyat na aksyon sa kanilang problema at agarang pagpapalayas at pagpapanagot sa Baltao Corporation sa ginawa nilang pandarahas sa mga residente.

## Mga manininda sa Pasay City, nagprotesta para buksan ang Wowee Market

Enero 12, 2026

---

Nagprotesta sa harap ng Pasay City Hall ang nasa 200 myembro ng Wowee Market Vendors Association noong Enero 12 upang ipanawagan ang muling pagbubukas ng kanilang palengke.

Mula sa palengke, nagmartsa ang mga manininda at mga manggagawa patungo sa Pasay City Hall. Pero sa halip na harapin ang mga manininda, nagtago sa loob ng kanyang upisina si Emi Calixto-Rubiano, meyor ng syudad. Ang malala, nagpatugtog nang malakas ang City Hall upang lunurin ang mga panawagan ng mga manininda.Binantaan pa sila mga pulis na bobombahin ng tubig.

Noong Disyembre 19, 2025, ipinasara ng lokal na gubyerno ang Wowee Market nang walang paunang abiso sa mga manininda, Ayon sa lokal na gubyerno, may mga paglabag ang palengke at kulang ang permit para mag opereyt. Ngunit ayon sa mga manininda, ang pagpapasara ay bunga ng pulitikal na giriian ni Calixto at ni Editha “Wowee” Manguera, dating konsehal at tumakbo sa pagka-meyor ng syudad noong eleksyon 2025. Kamag-anak ni Manguera ang may-ari ng naturang palengke.

Dahil sa pagsasara, mahigit 200 manininda at higit 500 manggagawa, kargador, at traysikel drayber ang nawalan ng hanapbuhay. Samantala, libu-libong residente ng Pasay ang nawalan ng murang pamilihan.

Ayon sa mga manininda, hindi makatwiran ang inaalok sa kanila na relokasyon dahil sa mahal ng

upa. Hindi rin makatwiran ang itinutulak ng lokal na gubyerno na magbenta na lamang sa bangketa.

Hindi dapat madamay ang maayos at marangal na paghahanapbuhay ng mga manininda sa kung anumang tunggalian ng mga pulitiko, anila.

## Pagbabalik sa tinanggal na mga rider ng Ninja Van, naigiit

Enero 12, 2026

---

Binati ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR) ang mga rider sa Ninja Van sa matagumpay nilang pagtatanggol sa kanilang katiyakan sa trabaho at karapatang mag-unyon. Matapos ang halos limang buwan, naglabas ng desisyon noong Disyembre ang National Labor Relations Commission (NLRC) na ibalik ang 131 rider na tinanggal ng Ninja Van sa trabaho noong nakaraang taon. Ang naturang mga manggagawa ay kasapi ng Ninja Van Riders' Union (NVRU-FFW). Ang Ninja Van ay isa sa pinakamalaking logistics provider sa Southeast Asia. Ang hedkwarters nito ay nakabase sa Singapore.

Tinanggal ng kumpanya ang naturang mga manggagawa sa pagitan ng Abril at Mayo 2025. Idinahilan ng kumpanya ang umano'y hindi nila pagsipot sa trabaho (absence without leaveo AWOL), paggamit ng iba-ibang pangalan at akawnt, at di maayos na pagtrabaho (performance issue). Sa pagharap ng unyon sa NLRC, napatunayan nito na hindi nag-AWOL ang mga

rider gamit ang mismong mga rekord ng kumpanya. Hindi rin naging sagabal sa kanilang trabaho ang paggamit nila ng ng iba-ibang pangalan sa app at naggampanan nila ang inatas sa kanila na mga gawain.

Sa harap nito, inatasan ng NLRC ang Ninja Van na ibalik sa trabaho ang sinisante nitong mga rider. Idineklara rin ng ahensya na “unfair labor proctice” ang ginawa ng kumpanya na pagkuha ng ibang mga rider bilang ganti (retaliation) sa mga aktibidad ng unyon.

“Ang patuloy na pakikibaka upang kamtin ang karapatan ng manggagawa ay sadyang di kayang harangin ng sibat. Ang tagumpay ay nakakamit nang may prinsipyo at dignidad,” ayon kay Dick Pacioles, presidente ng NVRU-FFW.

“Isang malaking tulong ang desisyon ng NLRC sa (pagsusulong ng) karapatan sa katiyakan sa trabaho at sa kalayaan sa pag-oorganisa na dapat tinatamasa ng lahat ng manggagawa sa platform industry at ng lahat ng manggagawa,” pahayag ng CTUHR.

“Pinatatampok nito ang bagong anyo, pero sa katunayan ay luma, nang mga pamamaraan kung saan sinusubukan ng mga kumpanya na tanggalin ang mga karapatan ng mga manggagawa sa platform industry.” Kabilang sa mga pamamaraan na ito ang pagtrato sa kanila bilang mga “independent contractor” at hindi empleyado, pag-alis sa kanila sa trabaho kapag nag-oorganisa o nag-uunyon, at paggamit ng kunway mga

lehitimong dahilan para bigyang-katwiran ang pagtatanggal sa kanila sa trabaho.

## Mahigit 1,000 Pilipinong nars, sumama sa welga ng mga nars sa US

Enero 13, 2026

---

Sumama ang mahigit 1,000 Pilipinong nars sa welga ng mga nars sa ilalim ng New York State Nurses Association (NYSNA) na ikinasa noong noong Enero 12 sa New York City. Bahagi sila sa 15,000 nars mula sa sampung pribadong ospital sa ilalim ng New York (Presbyterian, Mount Sinai, at Montefiore) na nagwelga sa araw na iyon.

Dahilan ng welga ang deadlock sa ilang buwang na negosasyon para sa dagdag sahod, benepisyo at proteksyon mula sa karahasan sa lugar ng trabaho.

Huling nagkaroon ng malaking welga sa syudad noong 2023. Tumigil sa pagtratrabaho ang mga nars sa Mount Sinai at Montefiore ng tatlong araw. Nagresulta ang pagkilos sa pagtaas ng kanilang sahod ng 19% sa loob ng tatlong taon.

Bagamat sabay-sabay ang welga sa mga ospital, independyente at hiwa-hiwalay na nakikipagnegosasyon ang mga unyon sa kani-kanilang mga ospital. Unang nagkaroon ng parsyal na tagumpany ang mga unyon sa Richmond University Medical Center, Northwell/ Plainview Hospital sa Long Island, Bronxcare Health System, Flushing Hospital Medical Center,,

Maimonides Medical Center, One Brooklyn Health Interfaith Medical Center at One Brooklyn Health Kingsbrook Jewish Medical Center, Wyckoff Height Medical Center at The Brooklyn Hospital.

Ayon sa NYSNA, habang lumalaban ang mga nars para sa karapatan ng lahat, paghihiganti, pananakot at pagpapabagal ang naging tugon ng mga upisyal ng Mount Sinai, New York-Presbytarian at Montefiore. Ipinagyayabang pa ng mga maneydsment ng mga ospital na ito ang ginastos nilang US$100 milyon para sa mag-empleyo ng mga pansamantalang kapalit na nars, sa halip na harapin ang unyon.

"Sinasabi ng Mount Sinai, New York-Presbytarian at Montefiore, ang pinakamayaman na pribadong ospital sa New York City, na hindi nila kayang maglabas ng pera para sa makatarungan na kontrata para sa kaligtasa ng mga pasyente at nars, pero may sobra silang pera para labanan ang sarili nilang manggagawa," paliwanag ng NYSNA.

Dahil sa welga, nagdeklara ng state of emergency si Kathy Hochul, gubernador ng New York City.

## Panawagan para sa pagpapalaya kay Chantal, lumalawak

Enero 13, 2026

---

Lumahok ang iba't ibang balangay ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at Migrante sa pandaigdigang kampanya para sa agarang pagpapalaya ni Chantal Anicoche, isang

aktibistang Fil-Am na iligal na idineditine ng militar. KAsalukuyan siyang nasa ng 2nd ID at nakadetine sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal. Pinalabas ng militar na “natagpuan” nila si Anicoche sa isang hukay malapit sa lugar kung saan nagkaroon ng engkwentro ang isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan at militar sa Abra de Ilog, Mindoro noong Enero 1.

Dagdag sa panawagang agad na palayain si Anicoche, nanawagan din ang mga grupo ng hustisya para sa mga biktima ng pambobomba sa komunidad ng mga katutubo sa Abra de Ilog at pagpapanagot sa AFP sa mga krimen nito sa kanayunan.

Sa US, nagprotesta ang mahigit 50 Pilipino sa Seattle at sa embahada ng Pilipinas sa Washington DC noong Enero 8. NAgprotesta naman ang mga grupong Pilipino sa harap ng upisina ng Philippine Consulate sa New York City noong Enero 10. Bago nito, nabigay ng sulat Bayan Northeast kay Consul General Senen T. Mangelile upang humingi ng dayalogo at igiit sa gubyerno ng Pilipinas na palayain si Anicoche mula sa kustodiya ng militar. Sa halip na tugunan ang imbitasyon, ipinadala lamang ang sulat sa Pilipinas.

Sa Canada, nagprotesta ang mga grupo sa Joyce Skytrain station, Vancouver noong Enero 11, at sa labas ng Philippine Consulate sa Toronto, Alberta at Vancouver, at sa embahada ng Pilipinas sa Ottawa, Ontorio noong Enero 12. Nagbigay din ang mga grupo mula sa Vancouver, BC ng petisyon para sa pagpapalaya ni Anicoche kay

Deputy Consul General Uy, para ipadala ito sa Department of Foreign Affairs at sa Office of The President.

Sa UK, nagprotesta sa labas ng embahada ng Pilipinas sa London noong Enero 12 ang komunidad ng mga Pilipino sa pangunguna ng Migrante-UK, at International Coalition for Human Rights in the Philippines (ICHRP)- Britain. Lumahok din sa pagkilos ang Anakbayan-UK, London-Philippine Solidarity, at International League of Peoples Struggle -UK. Bago ang protesta, nagtangka ang mga kinatawan ng Migrante, Anakbayan at ICHRP na magpadala ng sulat kay Teodoro Locsin Jr., ambassador ng Pilipinas sa UK, ngunit isa lang ang ipinahintulutang pumasok at tinanggap lang ng istap ang kanilang sulat.

Sa Pilipinas, muling nagprotesta ang Migrante International sa Department of National Defense noong Enero 12. Bago ang protesta, dalawang beses sinubukan ng grupo na dalawin si Chantal sa Camp Capinpin ngunit hindi sila pinahintulutan. Sa halip ay nagpakawala ang kampo ng mga aset nito sa paniktik at hinaras at tinakot ang grupo.

Kinundena din ng grupo ang pagpwersa ng 2nd ID kay Anicoche na pumirma sa dokumento para manatili siya sa kampo. Anito, dapat tigilan na ng militar ang panggigipit, pananakot, pagbabanta o pagtortyur sa kanya.

“Pinailalim ng AFP si Anicoche sa kanilang kustodiya ng lampas sa itinaktdang ligal na

panahon. Hindi na sila nahiya sa pambobomba ng Abra de Ilog, kung saan tatlong batang Mangyan at isang kabataang researcher ay pinatay nila. Ikukulong pa nila si Chantal nang walang batayan. Dapat palayain na siya," pahayag nis Joanna Concepcion, tagapangulo Migrante International.

Nananawagan din para sa pagpapalaya ni Anicoche ang mga balangay ng Migrante sa Hong Kong, New Zealand, Europe at Thailand, ang Asia Pacific Coalition for Human Rights in the Philippines at ICHRP-USA.

## Barikada ng mamamayan laban sa Woggle Corporation, muling binuwag

Enero 14, 2026

---

Alinsunod sa utos ng Bambang Regional Trial Court, muling binuwag ang barikada ng mamamayan laban sa Woggle Corporation noong Enero 13 sa barangay Bitnong, Dupax del Norte. Nag-utos din ang korte na arestuhin sino man ang lumabag sa kautusan. Mahigit 100 pulis na naka-riot shield ang dineploy ng PNP Bayombong para tiyakin na matutupad ang utos ng korte. Katuwang nito ang mga tauhan ng Bureau of Fire Protection na may dalang trak ng bumbero.

Habang sinisira ng mga tauhan ng Woggle Corporation ang itinayong bakal na gate sa tarangkahan ng barikada, kumanta ang mga residente ng "Pilipinas kong Mahal" bilang pagtutol. Hindi na naka-abante ang mga tauhan

pagkasira ng gate nang hinarang ng nasa mahigit 50 residente ang daanan. Kasama nila sa laban ang mga taong simbahan at mga nagtatanggol sa kalikasan.

Giit ng mga residente, matanggal man ang gate na itinayo nila bilang barikada, hindi pa rin nila pahihintulutan ang Woggle na makapasok sa kanilang komunidad.

Bago ang insidente naglunsad ng misa para sa mga residente at mga nagbabarikada si Bishop Jose Elmer Mangalinao ng Diyosesis ng Bayombong noong Enero 12. Nanawagan din ang diyosesis para sa mga upisyal ng lokal na gubyerno na ipagtanggol at depensahan ang mamamayan. Noong Enero 9 nagpadala ng pormal na apila ang diyosesis kay Jose Gambito, gubernador ng Nueva Viscaya na mag malabas ng kautusan para sa Woggle Corporation na tigilan nito ang kanyang mga aktibidad. Nagpadala din ng magkakahiwalay na apila ang diyosesis kina Eufemia Dacayo, bise gubernador, RR Asuncion, bise meyor at sa Sangguniang Panlalawigan at Sangguniang Bayan ng Dupax del Norte, na suportahan ang panawagan at manindigan sa panig ng mga apektadong komunidad.

Noong Enero 6, ibinasura ng RTC 30 ang mga mosyon para sa rekonsiderasyon na inihain ng abugado ng mga nagbabarikada para ibasura ang desisyon para sa pagbubuwag ng barikada.

Nagpahayag ng pakikiisa ang Kalikasan People’s Network sa laban ng mamamayan ng Dupax del Norte. Nakiisa rin sila sa panawagan ng mga

residente para kay Judge Paul Attolba Jr. na bitawan na ang kaso. Si Judge Attolba Jr. ng RTC 30 ng Bambang, Nueva Viscaya ay parehong hukom na nagbasura sa petisyon para sa temporary environmental protection order laban sa Oceana Gold Philippines Inc noong Abril 2024.

## Cash aid para sa mga estudyante ng Caloocan City, ginamit sa pulitika

Enero 14, 2026

---

Kinundena ng Kabataan Partylist- North Caloocan ang paggamit sa ayuda ng lokal na gubyerno ng Caloocan para bantaan at kontrolin ang mga estudyante ng University of Caloocan City (UCC).

Ayon sa ulat ng mga estudyante, nangyari ang insidente noong unang linggo ng Disyembre 2025 sa North City Hall. Umabot ng mahigit isang oras ang pamamahagi ng P5,000 na financial assistance dahil sa pangangaral at pananakot ng mga empleyado ng munisipyo. Pinagalitan nila ang mga estudyante na nagreklamo sa social media hinggil sa isyu ng pay-out. Sinabihan din ng mga empleyado ang mga estudyante na dapat ‘magpasalamat’ sila at “utang na loob” nila ang cash aid sa meyor ng lungsod.

“Bakit? Malaya siyang tumakbo para sa pusisyon. Kaya hindi namin nakikita ang dahilan para pasalamatan siya para sa ayuda…galing ‘to sa buwis ng mamamayan,” reaksyon ng isang estudaynteng kasama sa “na-sermonan.”

Nagpahayag din ng pagkadismaya at kawalan ng tiwala sa lokal na gubyerno ang mga estudyante.

“Wala kaming kahit anong balita…parang nakalimutan na. Ang malala, baka nabulsa na,” pahayag ng isa pang estudyante.

Mas masakit pa sa pagkaantala ng ayuda ang kawalan ng katotohanan at pakiramdam na pinarurusahan sila dahil sa kanilang pagtatanong, ayon naman sa isa pang estudyante.

“Kung tunay na para sa mga estudyante ang tulong na ito, bakit tila kailangang patahimikin muna sila bago ito ibigay?”

Pinagbawalan ang estudyante na magdala ng selpon sa aktibidad upang matiyak na walang bidyo sa aktibidad ang lumabas sa publiko. Nasa aktibidad din si Oscar Malapitan, kinatawan sa kongreso ng syudad at nangako na magkakaroon ng ikalawang bats ng ayuda sa ikalawang linggo nitong Enero. Wala pang balita tungkol dito hanggang sa kasalukuyan.

Noong nakaraang buwan, umingay sa Facebook page na “Batang NorCal” ang usapin hinggil sa pagka-antala at kalituhan sa pinangako na P5,000 financial assistance para sa estudyanteng gagradweyt sa UCC. May balita din noon na mas naunang nakakuha ng ayuda ang mga estudyante mula sa UCC South at “windbreaker” (manipis na jacket) na lamang daw ang ibibigay sa halip na ayuda.

Ayon sa Kabataan Partylist-North Caloocan, ang usapin ng pinansyal na ayuda ay isa lamang sa

gabundok na isyu na kinahaharap ng mga UCCian. Isa din itong manipestasyon ng nabubulok at korap na pamamahala ng pamahalaang lungsod ng Caloocan.

Nananawagan ang grupo sa mga estudyante ng UCC na tumindig para sa kanilang demokratikong karapatan at ipaglaban ang tunay na libre at abot-kayang edukasyon.

## Barya at hinating taas-sahod sa NMR, tinawag ng KMU na "kababuyan" ng RWB

Enero 15, 2026

---

Mariing kinundena ng KMU (Kilusang Mayo Uno) ang pinakahuling pagtaas ng minimum sa sahod wage sa Northern Mindanao bilang "rurok ng kababuyan" at labis na kahungkagan ng Regional Wage Board (RWB).

"₱39 (na nga) lang ang itataas ng sahod ng mga manggagawa, kakatayin pa!" anito. "Ito ang patuloy na dadanasin ng mga manggagawa sa ilalim ng Bulok, Barat, at Makupad na Regional Wage Board."

Ayon sa grupo, hinahatak pababa ng mga RWB ang sahod ng mga manggagawa, at dahil dito ay patuloy ang kahirapan at kawalang dignidad ng mga manggagawa.

Panawagan ng KMU, buwagin na ang mga RWB at ipatupad ang nakabubuhay na sahod sa buong bansa.

Sa abereyds, nasa ₱1,200 ang kailangang arawang sahod para mabuhay nang disente ang isang lima-kataong pamilya, ayon sa Ibon Foundation. Sa kasalukuyan, nasa ₱695 lamang ang pinakamataas na arawang minimum na sahod.

Kumpara rito, mas malala ang kalagayan ng mga manggagawa sa NMR, na tumatanggap lamang ng ₱461/araw o buwanang ₱12,000 ang mga manggagawang nasa Wage Category 1 (Cagayan de Oro, Iligan, Malaybalay, Valencia, Gingoog, El Salvador, Ozamiz, at ilang munisipalidad tulad ng Tagoloan, Villanueva, Jasaan, Opol, Maramag, Quezon, Manolo Fortich, at Lugait) at ₱446/araw o buwanang P11,600 para sa Wage Category II (para sa iba pang lugar sa rehiyon at maliliit na tindahan na may 10 pababang manggagawa).

Batay sa Wage Order No. RX-24, hahatiin pa sa dalawa ang kakarampot na dagdag-sahod na P39. Ang ₱25 ay ipatutupad sa Enero 16 habang ang natitirang ₱14 ay sa Mayo 11 pa ipatutupad. Sa ngayon, magiging P486 (Category 1) at ₱471 (Category II) lamang ang sahod. Sa Mayo pa itataas tungong ₱500 at ₱485 ang sahod sa NMR. Umaabot lamang ito sa buwanang sahod na ₱12,610-₱13,000, wala pa sa kalahati ng nakabubuhay na sahod na ₱31,200/buwan.

Noong 2025, itinaas lamang ang sahod sa rehiyon nang ₱23/araw para sa mga di-agrikultural na manggagawa. Nasa ₱35/araw naman ang

idinagdag sa sahod ng mga manggagawa sa agrikultura, pero hinati din ang pagbibigay nito sa dalawang tranche.

## Bilanggong pulitikal na organisador ng magsasaka sa Cagayan, napawalangsala at nakalaya

Enero 15, 2026

---

Matapos ang limang taon sa kulungan, nakalaya ang bilanggong pulitikal na si Amanda Echanis noong Enero 14 matapos ipawalang-sala ng isang korte sa Cagayan. Si Echanis, organisador ng mga magsasaka at manunulat, ay inaresto ng mga pwersa ng estado noong Disyembre 2, 2020 sa Baggao, Cagayan sa kasong illegal possession of firearms and explosives.

Hinalughog ang bahay na tinutuluyan ni Echanis sa Barangay Carupian kung saan sinabi ng mga pulis na natagpuan nila ang isang M16, mga bala at isang granada. Kaagad siyang inaresto noon kasama ang bagong silang niyang anak.

Ayon sa desisyon ng Tuguegarao City Regional Trial Court (RTC) Branch 10, nabigo ang mga prosekyutor na patunayan ang krimen na ibinibintang kay Echanis. Dagdag pa ng korte, hindi sapat ang mga ispekulasyon na ibinato ng mga prosekyutor para ganap na patunayang maysala siya.

Malugod na sinalubong ng pamilya, kaibigan, kasama, abugado at mga progresibong grupo ang paglaya ni Echanis. Gayunman, patuloy ang kanilang paninindigan na inhustisya ang limang taon na pagkakakulong at ninakaw na panahon ng estado mula sa kanya.

"Patunay ito na ang kasong isinampa kay Amanda ay gawa-gawa lamang para patahimikin ang mga aktibista at nagsusulong sa karapatan ng mga magbubukid at mamamayan sa Cagayan Valley. Hindi dapat siya nakulong at nawalay sa kanyang anak," pahayag ni Zenaida Soriano, pambansang tagapangulo ng Amihan, pederasyon ng kababaihang magsasaka na kinabibilangan ni Echanis.

Ayon sa Sentro Para sa Tunay na Repormang Agraryo (Sentra), grupo ng mga abugadong kumatawan kay Echanis, ang pinatagal na pagkukulong sa kanya batay sa mga walang-batayang alegasyon ng mga pwersa ng estado ay parte ng isang "nakababahalang padron." Anito, sinisira ng ganitong padron ang wastong proseso ng batas, binabakbak ang tiwala sa mga institusyon at naghahatid ng takot sa lehitimong paglaban ng mamamayan.

Anang grupo, bagaman maituturing na isang hakbang tungong hustisya ang desisyon ng korte ay kinakailangan pa rin ng pananagutan. "Ang tunay na pananagutan ay nangangailangan ng mas malapad na muling pag-aaral sa mga sirkunstansya na nagbigay daan sa maling prosekusyon at detensyong ito," anang Sentra.

Nanawagan ang grupo sa mga otoridad na agarang muling suriin ang katulad na mga kaso para mapalaya ang mga katulad ni Echanis. Dagdag nila, dapat din umanong panagutin ang sinumang upisyal na responsable sa pag-abuso sa kapangyarihan, at ibasura ang mga patakarang kinakasangkapan ang sistema ng hustisya laban sa mga tagpagtanggol ng karapatang-tao.

Ganito rin ang palagay ng grupong Karapatan. “Ang mga nag-utos ng kanyang pag-aresto, nagtanim ng ebidensya, nagsinungaling sa hukuman, at nagpatagal ng kanyang pagkakakulong ay dapat managot sa harap ng batas, sa aspetong kriminal man o administratibo,” ayon kay Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan. Dagdag niya, kung walang pananagutan ay magpapatuloy ang mga ganitong uri ng pang-aabuso.

Kabilang sa sumalubong sa paglaya ni Echanis mula sa Cagayan Provincial Jail sa Tuguegarao City ang mga kapwa niya upisyal ng University of the Philippines-Diliman University Student Council (UPD USC). Habang nasa kulungan, nanalo si Echanis bilang numero unong konsehal ng UPD USC noong Mayo 2025.

“Ang pagpapalaya kay Amanda Echanis ay tagumpay ng sama-samang pagkilos at isang mahalagang hakbang sa pagtatanggol sa kalayaang pang-akademiko at sa pagsusulong ng tunay na katarungan sa lipunan,” pahayag ng konseho ng mag-aaral.

Sa paglaya ni Echanis, ipinahayag niyang ipagpapatuloy ang pag-oorganisa at pagtataguyod sa karapatan ng mga magsasaka. Patuloy rin niyang ipapanawagan ang hustisya para sa kanyang ama na si Randall Echanis na pinaslang ng mga pwersa ng estado noong Agosto 10, 2020.

## CA, pinaboran ang petisyon para sa amparo at habeas data ng pamilya ng dinukot na aktibista sa Bicol

Enero 15, 2026

---

Ipinagkaloob ng Court of Appeals (CA) ang pribilehiyo ng writ of amparo at habeas data kay Cora Jazmines, asawa ng nawawalang aktibista na si James Jazmines, noong Enero 14. Ayon sa CA, napatunayan na ang kanyang asawa ay biktima ng sapilitang pagkawala at nakaranas ng matinding paglabag sa kanyang karapatan sa buhay, kalayaan at seguridad.

Napatunayan din na responsable at may pananagutan sina AFP Chief of Staff Gen. Romeo Brawner Jr, dating PNP Chief Gen. Rommel Marbil, at dating CIDG Chief Gen. Nicolas Torre III, sa pagkawala ni Jazmines dulot ng kabiguan nila na gampanan ang kanilang tungkulin na maglunsad ng ekstra-ordinaryong pagsisikap para mapigilan, imbestigahan, isadokumento at bigyang resolusyon ang kaso.

Ayon sa National Union of People’s Lawyers, ang pinakabagong ligal na tagumpay ay isang

mahalagang desisyon para sa katotohanan at katarungan. Gayunpaman, patuloy pa rin na nananawagan ang grupo para sa agarang pagpapalitaw kina Jazmines at kapwa niyang aktibista na si Felix Salaveria.

Si Jazmines ay isang information technology consultant at nakababatang kapatid ni Alan Jazmines, konsultant para sa kapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines. Huli siyang nakita noong Agosto 23, 2024 sa Tabaco City, Albay. Pagkalipas ng limang araw ay dinukot din ang kanyang kaibigan na si Felix Salaveria.

## Gawa-gawang kaso laban sa pastora ng UMC, ibinasura ng korte

Enero 15, 2026

---

Ibinasura ng Branch 43, Regional Trial Court ng Oriental Mindoro ang kasong tangkang pagpatay na isinampa ng militar laban kay Reverend Glofie Baluntong ng United Methodist Church (UMC) noong Disyembre 8, 2025. Pinalalabas ng militar na naganap ang krimen na ito sa isang armadong engkwentro noong Marso 2021.

Bago nito, ibinasura na ng korte noong Oktubre 2025 ang kasong "terorismo" na isinampa rin sa kanya.

Ayon sa korte, hindi napatunayan ng nagsampa ng reklamo na tinamaan siya ng bala sa armadong engkwentro kung saan sinasabi niyang naroon si Baluntong. Pinangalanan lamang si Baluntong

bilang suspek dahil nakalista siya sa ‘order of battle’ ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Sa panahong sinasabing naganap ang engkwentro, naghahandog ng misa para sa namatay na myembro ng UMC si Baluntog sa ibang lugar.

Kinundena ng UMC ang mga kasinungalingan ng sundalo na nagparatang kay Baluntong na myembro siya ng rebolusyonaryong kilusan.

Si Baluntong ay dating UMC District Superintendent sa distrito ng Oriental Mindoro-Romblon-Marinduque. Napilitan siyang umalis sa isla ng Mindoro dahil sa panggigipit at pagtugis ng AFP. Naging matindi ang galit sa kanya ng militar dahil sa pagbibigay ng sangtwaryo sa mga katutubong Mangyan na lumalaban para sa kanilang karapatan sa lupang ninuno at sa mga myembro ng Karapatan na naglulunsad ng fact-finding mission. Ilang beses din siyang pinaratangan na tumutulong sa rebolusyonaryong kilusan.

Nanawagan ang UMC sa gubyerno ng Pilipinas na itigil na nito ang pagsasampa ng gawa-gawang kaso laban sa mga taong simbahan na nagtataguyod lamang ng kapayapaan, karapatang-tao at hustisyang pangkalikasan. Nanawagan din ang simbahan para sa pagbasura sa Anti-Terror Law at pagbuwag sa National Task Force-Elcac, na ginagamit para tugisin ang mga kritiko ng estado.

# Mga magsasaka sa isang asyenda sa Negros Occidental, marahas na pinalayas ng mangangamkam ng lupa

Enero 15, 2026

---

Marahas na itinaboy ng mga armadong tauhan ng Ta-ala Farms, Inc ang mga magsasakang benepisyaryo ng lupa sa Hacienda Michaela, Barangay Talotog, Murcia, Negros Occidental noong Enero 12. Habang nagtatrabaho sa sakahan, ginamitan ng backhoe ng naturang kumpanya ang lupain upang wasakin ang mga pananim at pilit na palayasin ang mga magbubukid. May ilang magsasakang nasugatan dahil sa pagpapaandar ng backhoe.

Kinundena ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP)-Negros ang karahasan laban sa mga magsasaka. Ayon sa grupo, lehitimo ang pag-aari ng mga magbubukid sa lupa dahil ito ay ipagkakaloob sa kanila sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ng gubyerno.

Ang lupa ay inaangkin ni Bonnie Ta-ala na may-ari ng Ta-ala Farms, Inc, isang manukan at itlugan. Sinasabi ng mga Ta-ala na ipinagbenta sa kanila ang naturang lupa ng dati nitong may-ari na si Arthur Bayona.

Ayon sa KMP-Negros, ang naturang lupa ay dating pag-aari ni Bayona ngunit matagal na niya itong iniwan at pinabayaan. Noong 2011, inireklamo rin

ng mga magsasaka ang pang-aabuso ni Bayona sa mga manggagawang bukid tulad ng mababang pasweldo, kawalang benepisyo, at paggiba sa mga bahay.

Mula nang iwanan ni Bayona ang lupa, binungkal na ito ng mga magsasaka at mismong Department of Agrarian Reform (DAR) ang nagproseso nito para ibigay sa mga magsasaka. Gayunman, pinuna ng KMP-Negros ang kupad ng ahensya kung kaya't kolektibo itong sinasaka ng mga benepisyaryo para ipagtanggol.

"Kwestyunable at iligal ang biglang pagbili at pag-angkin ng Ta-ala Farms, Inc. sa lupa dahil nakatakda itong ipamahagi sa mga tao," pahayag ng KMP-Negros.

Ayon sa grupo ng magsasaka, naging pabaya ang DAR sa pagbigay ng seguridad sa mga magsasaka para mapasakanila ang lupa. "Sa halip ay naging instrumento para guluhin ang mapayapang pagbubungkal ng mga magsasaka sa kanilang sakahan," anang grupo. Malinaw umanong pagpapakita ito sa kung sino ang pinapaburan ng DAR.

Nagpahayag ng suporta sa mga magsasaka ng Hacienda Michaela ang mga progresibong grupo at partido ng kabataan.

Inilarawan ng Anakbayan ang insidente sa asyenda bilang sabwatan ng estado at ng mga panginoong maylupa at malalaking interes. "Isang itong sistematikong pagsasamantala na umaasa sa dahas, pananakot, at panggigipit upang palayasin

ang mga tunay na nagbubungkal ng lupa," ayon sa grupo.

Dagdag ng grupo, ang nangyari ay hindi hiwalay na insidente kundi bahagi ng mas malawak na krisis sa kanayunan kung saan laganap ang kawalan ng tunay na reporma sa lupa, militarisasyon, at kultura ng impyunidad. "Patuloy [itong] nagtutulak sa mga magsasaka na lumaban," pahayag ng Anakbayan.

Samantala, nanawagan ang Kabataan Party-list (KPL)-Negros sa DAR na kagyat na umaksyon at mapagpasyang ipatupad ang pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka. "Hindi dapat manatiling pasibong tagamasid ang DAR habang ang mga benepisyaryo ng repormang agraryo ay pinagbabantaan at pinalalayas sa kanilang lupa ng armadong mga tauhan sa kumikilos para sa interes ng mga korporasyon," pahayag ni Florence Guzon, ikalawang pangulo para sa Visayas ng KPL.

## Pababang padron ng ekonomyang Pilipino, lalala pa sa 2026

Enero 15, 2026

---

Sa likod ng paghahambog ng rehimeng Marcos kaugnay sa kalagayan ng ekonomya, nanatili ang matagalang problema ng mabagal na pag-unlad, kawalang trabaho, matataas na presyo na bilihin at iba pa.

Hindi maaabot ng rehimeng Marcos ang unang ambisyosong target nitong 6%-8% pag-unlad ng gross domestic product (GDP) para sa 2025, kahit pa ibinababa na ito tungong 5.5%-6.5% noong Hunyo 2025. Nag-abereyds lamang nang 5% ang unang tatlong kwarto ng taon, kung saan pinakamababa ang GDP growth sa ikatlong kwarto na nasa 4% lamang. Sa dulong bahagi ng 2025, inamin mismo ng Department of Economy, Planning, and Development na maaaring 4.8%-5.0% lamang ang ilalago ng GDP sa buong taon ng 2025. Mas mabagal ito sa tantos ng paglago ng GDP noong 2024 na 5.6%.

Isinisisi ng rehimen ang pagbagal ng paglago sa iskandalo mula sa pagkakasiwalat ng korapsyon sa mga proyektong flood control, laluna sa ikatlong kwarto. Pero ayon sa Ibon Foundation, ang pababang padron ng GDP ay nagsimula bago pa sumiklab ang galit sa korapsyon, at sa katunayan ay nagsimula noon pang 2017. Nagmukhang pataas lamang ang padron ng GDP dahil sa pagrebanse ng GDP matapos ang matinding pagbulusok ng ekonomya at produksyon sa panahon ng pandemyang Covid-19.

Bagsak ang tantos ng empleyo, ayon sa Ibon. Noong Nobyembre 2025, 277,000 manggagawa ang natanggal sa trabaho. Kahit sa lubhang pinaliit na datos ng estado, tumaas ang upisyal na tantos ng disempleyo mula 3.2% tungong 4.4%. Malayong mas mataas ang tunay na tantos sa disempleyo kung isasama ang 3.52 milyong “unpaid family worker” at milyun-milyong manggagawang di nakahahanap ng trabaho. Ang

malala, 62% ng mga manggagawang itinuturing na “may trabaho” ay nasa mga sektor na di regular ang trabaho, tulad sa agrikultura, pagtitingi at serbisyo.

Sa harap ng paimbabaw na pagbagal ng implasyon, nananatiling lugmok sa kahirapan ang mga Pilipino. Maraming Pilipino ang nagtuturing sa kanilang mga sarili bilang mahirap, at 63% ang itinuturing ang kanilang sarili bilang “bulnerable.”

“Dahil lumala ang kawalan ng trabaho, hindi napigilan ng pagbagal ng implasyon ang pagdausdos sa hirap at gutom ng milyun-milyong Pilipino mula nang umupo ang administrasyong Marcos Jr,” ayon sa Ibon.

Walang nalikhang sapat na trabaho at di tumaas ang kita ng mamamayan para maramdaman nila ang pagbagal ng implasyon, anito.

“Kailangang nakaangkla ang mga trabaho sa paglawak ng pormal na industriya at tumataas na produktibidad para mabawasan ang kahirapan,” ayon sa Ibon.

## Pananagutan ng AFP sa pagdukot sa 2 aktibista sa Cebu, muling iginiit

Enero 15, 2026

---

Nagrali ang mga progresibong grupo at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Cebu City noong Enero 10 para muling manawagan ng hustisya at pananagutan sa pagdukot ng Armed

Forces of the Philippines (AFP) sa mga aktibistan sina Dyan Gumanao at Armand Dayoha. Isinagawa nila ang protesta sa harap ng hedkwarters ng Armed Forces of the Philippines (AFP) Visayas Command.

Kasama sa nagrali sa harap ng kampo militar sina Dayoha at Gumanao. Lubha silang dismayado sa kawalang kinahahantungan ng mga imbestigasyon ng Commission on Human Rights kahit pa direkta nitong natukoy ang pagkakasangkot ng mga yunit ng AFP sa pagdukot.

Sa protesta, kinundena ni Dayoha ang pagtatatag ng Cebu Provincial Task Force-Elcac noong Disyembre 2025 sa atas ni Gov. Pam Baricuatro. Aniya, gagamitin lamang ito para palubhain ang malaon nang umiiral na Red-tagging, panghaharas at pag-atake ng mga pwersa ng estado sa mga aktibista.

Pagdukot sa gitna ng maraming saksi

Dinukot noong Enero 10, 2023 sa Cebu Port at limang araw na itinago ng mga pwersa ng estado ang mga aktibistang sina Gumanao at Dayoha. Si Gumanao ay koordineytor ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) para sa Rehiyon 7 habang si Dayoha ay boluntir para sa balangay ng Alliance of Health Workers (AHW) sa Cebu. Kapwa sila gradweyt ng University of the Philippines (UP)-Cebu.

Sa mga bidyo na lumabas kaugnay sa pagdukot, kitang-kita ang pagpigil at sapilitang pagpasok sa dalawang aktibista sa isang sasakyan sa kabila

nang maraming tao sa paligid. Isinakay sila sa isang gray na SUV na nakaparada sa parte ng daungan na bawal ang mga pribadong sasakyan.

Ang dalawa ay natunton at nakauwi sa pamilya noong Enero 16, 2023. Sa salaysay ng ama ni Gumanao, kumontak noong Enero 15, 2023 ang kanyang anak at nagpapasundo sila sa Carmen, Cebu kung saan sila iniwan ng mga dumukot sa kanila.

Sa salaysay ni Gumanao at Dayoha, piniringan sila at pinaghiwalay ng kwarto para ipailalim sa interogasyon at tortyur ng mga ahente ng estado.

Ilang buwan makalipas ang insidente, napag-alaman mismo ng imbestigasyon ng CHR ang pgakakasangkot ng mga yunit ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) sa pagdukot sa dalawa. Hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring napapanagot sa krimen.

Independyenteng imbestigasyon

Muli namang nanawagan ang Karapatan-Central Visayas para sa independyenteng imbestigasyon sa pagdukot kina Dayoha at Gumanao, at sa iba pang mga kaso ng pagdukot at desaparesido sa bansa. Anito, ngayon ay hindi na lamang mga biktima sina Dyan at Armand kundi mga simbolo ng paglaban sa panunupil ng estado.

Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, mayroong hindi bababa sa 19 na desaparesidos o sapilitang iniwala. Sa talaan ng Ang Bayan, halos 300 ang biktima ng pagdukot ng mga pwersa ng estado

kung saan ang iba ay inililitaw nitong patay, ikinukulong sa mga kasong kriminal o pinalalabas na mga “sumuko” na “dating rebelde.”

## Simbahan at mamamayan, nagkaisa laban sa panukalang plantang nukleyar sa Pangasinan

Enero 15, 2026

---

Tumindig ang mamamayan ng Pangasinan laban sa planong pagtatayo ng plantang nukleyar sa bayan ng Labrador. Noong Enero 4, nagsama-sama sa isang misa ang iba’t ibang grupo at mga taong-simbahan para tutulan ang plano. Sinundan ito ng protesta sa bayan.

Inilunsad ang misa sa St. Isidore the Farmer Parish sa pangunguna ni Most Rev. Napoleon Sipalay Jr ng Diocese of Alaminos. Noong Disyembre 2025, hindi bababa sa 30 lider ng Simbahang Katolika ang nagpahayag ng pagtutol sa planong pagtatayo ng plantang nukleyar sa prubinsya.

Tinututulan ng mga residente ang planta dahil sa usapin ng kaligtasan, panganib sa kalikasan, at masamang epekto nito sa mga susunod na henerasyon. Kabilang sa nakiisa sa pagkilos ang Pangasinan People’s Strike for the Environment (PPSE).

Ang ipinapanukalang 1,000-megawatt na plantang nukleyar ay nagkakahalaga ng ₱255 bilyon.

Sasaklaw ito ng 120 ektarya. Sinasabing maaari pa itong paunlarin sa hinaharap para magprodyus ng kuryenteng hanggang 6,000 megawatts.

Ang proyekto ay itinutulak ni Rep. Mark Cojuangco, kinatawan ng ikalawang distrito ng prubinsya. Nagsisilbi rin siyang pinuno ng espesyal na komite ng House of Representatives sa nukleyar na enerhiya. Ibinabandera ng kinatawan na makakatulong ang proyekto sa pagpapababa ng singil sa kuryente sa prubinsya.

Ayon sa PPSE, hindi plantang nukleyar ang solusyon sa krisis sa kuryente at kahirapan. Anang grupo, naitala sa nagdaang karanasan ng mamamayan na hindi kailanman nagiging libre o mura ang kuryente sa kamay ng mga dambuhalang negosyo. Sa halip, lalo pa itong nagmamahal at nareresulta sa pagkakamal ng supertubo ng iilan.

Dagdag nito, nariyan din ang panganib sa buhay, kalikasan, at kabuhayan ng mamamayan na dala ng maaaring pagpalya ng plantang nukleyar na itatayo sa isang disaster prone area. Ang bayan ng Labrador ay binabagtas ng East Zambales Fault na bahagi ng Lingayen Gulf Fault System.

Nananatili rin umano ang problema ng nuclear waste na aabutin ng daang libong taon ang pagiging radioactive o mapaminsala sa kalusugan ng tao. Anang PPSE, hindi “renewable energy” ang nukleyar taliwas sa inilalako ng mga nagsusulong nito dahil ang mismong nuclear fuel na gagamitin para mapatakbo ito ay manggagaling mula sa mga mina sa ibang bansa.

Sa halip na plantang nukleyar, nanawagan ang PPSE para sa programa para sa paglilinang sa lokal na alternatibo at renewable energy kaalinsabay ng pagsuporta sa ating mga siyentista, mananaliksik, at inhinyero para sa tunay na pambansang pag-unlad.

"Naninindigan din tayo na batayang karapatan ng mamamayan ang sapat at wastong impormasyon lalo na sa mga proyektong may kinalaman sa kanilang kinabukasan," ayon sa grupo. Tugon nila ito sa sinasabing "suporta" ng mamamayan sa naturang proyektong nukleyar.

"Ang kanilang pagsang-ayon o pagtutol sa mga proyekto ay dapat dumaan sa tunay na demokratikong mga konsultasyon at hindi dapat itali sa ayuda o kapalit ng serbisyo na dapat nilang tamasain," pahayag nito.

Ang pagpapahintulot ng gubyerno ng Pilipinas sa pagtatayo ng mga plantang nukleyar ay nakabalangkas sa bagong tatag na Philippine Atomic Energy Regulatory Authority (PhilATOM). Ang ahensya ang magiging responsable sa pagbibigay ng lisensya, pangangasiwa at pagsunod sa mga tuntunin ng paggamit ng enerhiyang nukleyar.

## Field trip ng Ateneo High School sa mga kampo militar ng AFP, binatikos ng mga kabataan

Enero 16, 2026

---

Tinuligsa ng isang grupo ng kabataan ng Ateneo High School ang field trip ng mga estudyante sa mga kampo militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ngayong araw, Enero 16. Dinala ng militar ang mga estudyante ng Grade 11 sa Naval Station Pascual Ledesma at Naval Base Heracleo Alano sa Cavite City.

Ayon sa Makabayang Pagkakaisa ng mga Atenista-High School (MAPA-HS), hindi ito ang unang pagkakataon kung saan nakatuwang ng Ateneo High School ang AFP para sa mga field trip. Noong 2024, dinala naman ng AFP ang mga estudyante ng hayskul sa Camp Capinpin, hedkwarters ng 2nd ID, sa Tanay, Rizal.

Nagpahayag ng lubhang pagkabahala ang MAPA-HS sa mga field trip na ito laluna at sinabi nitong ginagamit ng AFP ang mga kampo militar sa iligal na detensyon sa mga aktibista at iba pang sibilyan.

Dagdag ng grupo, maliban sa mga field trip ay naging laganap rin ang mga programa at porum sa kampus kaugnay ng "anti-terror grooming" o mga talakayan na sinasabing pangkontra sa radikalisasyon at paghahanda sa terorismo. Ayon sa MAPA-HS, ang mga talakayang ito ay bantog na mga argumento ng mga pwersa ng estado tulad ng AFP at National Task Force-Elcac na ginagamit para bansagang terorista ang mga organisasyong masa at progresibong indibidwal.

Anang grupo, dapat ring pansinin na ang field trip ay isinagawa ilang linggo lamang matapos ang marahas at brutal na pambobomba ng AFP sa mga

komunidad sa Barangay Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1. Sa ulat ng Karapatan-Southern Tagalog, hindi bababa sa apat na indibidwal, kabilang ang tatlong batang Mangyan-Iraya, ang naiulat na namatay sa pambobomba.

Ayon sa MAPA-HS, dapat ikansela ang lahat ng aktibidad ng Ateneo na may kaugnayan sa militar sa harap ng mga pangyayaring ito. Sa ganitong paraan lamang maipanunumbalik ang paninindigan ng Ateneo para sa akademikong kalayaan at hustisyang panlipunan, ayon sa grupo.

Ang panawagang ito ng grupo ay ilang araw lamang matapos ang protesta ng mga estudyante ng Ateneo de Manila University (ADMU) para ibasura ang deklarasyon ng kooperasyon ng ADMU at AFP. Muli itong inihayag ng grupong One Big Fight for Human Rights and Democracy (OBFHRD) sa isang pagkilos sa kampus sa Quezon City noong Enero 8.

Ang naturang deklarasyon ay pinirmahan ng ADMU kasama ang AFP noong Setyembre 19, 2025. Ayon sa OBFHRD, ang deklarasyon ay labag sa mga prinsipyo ng demokrasya at akademikong kalayaan. Dagdag nito, malinaw na bahagi ang panghihimasok ng AFP sa kampus ng National Action Plan for Unity, Peace, and Development (NAP-UPD) ng rehimeng Marcos na mahigpit na kaugnay ng kampanyang kontra-insurhensya.

## Mamamahayag pangkampus ng PUP, ginigipit sa kasong sedisyon, pang-uudyok ng sedisyon

Enero 16, 2026

---

Muling ginigipit ng rehimeng Marcos ang mamamahayag pangkampus ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) na si Jacob Baluyot. Noong Enero 15, humarap si Baluyot sa Department of Justice (DoJ) para sa paunang imbestigasyon sa mga paratang ng sedisyon at pang-uudyok ng sedisyon. Si Baluyot ay associate editor ng The Catalyst at pambansang tagapangulo ng Alyansa ng Kabataang Mamamahayag (AKM) PUP.

Ang pagpapatawag o subpoena ay natanggap ni Baluyot noong Enero 14 ng hapon. Muli siyang pinahaharap para sa ikalawang bahagi ng imbestigasyon sa Enero 29.

Bilang suporta kay Baluyot sa kanyang pagharap sa DoJ, nagprotesta ang The Catalyst, pahayagang pangkampus ng PUP, at mga progresibong grupo sa labas ng upisina. Isang hiwalay na rali rin ang inilunsad nila sa kampus ng PUP sa Sta. Mesa.

"Ang kapal ng mukha ng gubyerno ni Bongbong Marcos na sampahan si Jacob ng kasong sedisyon, gayong sila ang primaryang traydor sa sambayanang Pilipino," pahayag ni Maxene Marcelo, punong patnugot ng The Catalyst. Dagdag niya, tiyak siyang hindi si Baluyot ang

magiging huli sa mga tutugisin at gigipitin ng rehimeng Marcos.

"Hindi ito ang punto upang maparalisa. Bagkus, katulad ni Jacob, at ng lahat ng mga binibiktima ng pamamasista ng estado, mas ngayon dapat tayong kumilos," dagdag ni Marcelo.

Walang-lubay na panggigipit ng estado

Ang imbestigasyon at kaso ay ikatlo na sa serye ng mga kasong kinaharap ni Baluyot mula noong Setyembre 2025. Nauna na siyang ipinatawag ng Philippine National Police Criminal Investigation and Detection Group para "imbestigahan" sa pangunguna sa mga protesta at nang tumanggi ay muling ipinatawag dahil sa "indirect contempt."

Ang mga ito ay kaugnay ng sinasabing pamumuno at pagkakasangkot ng mga lider-kabataan sa mga protestang kontra korapsyon laluna noong Setyembre 21, 2025 sa Luneta Park at Mendiola sa Maynila. Si Baluyot at mga kapwa niya mamamahayag ay nasa mga protestang kontra korapsyon para gampanan ang kanilang tungkulin bilang mamamahayag pangkampus.

Nauna nang nanindigan ang The Catalyst, AKM PUP at College Editors Guild of the Philippines laban sa mga kasong ito. Anila, banta ang mga ito sa kalayaan sa pamamahayag at pakikilahok sa mapayapang pagkilos.

Liban kay Baluyot, naging target ng panggigipit ng PNP at rehimeng Marcos sina UP-Diliman University Student Council Chairperson Joaquin Buenaflor, PUP Central Student Council President

Tiffany Brillante at organisador ng Kalayaan Kontra Korapsyon at estudyante ng DLS-CSB na si Aldrin Kitsune.

Ayon sa Sandigan ng Mag-aaral para sa Sambayanan PUP, ang panggigipit kay Baluyot ay malinaw na atake ng estado sa mga kabataang lumalaban at humihingi ng hustisya sa korapsyon. “At habang hindi pa rin napapanagot ang lahat ng sangkot sa korapsyon mula kina Marcos Jr at Duterte, tuloy-tuloy na kikilos ang mga Iskolar ng Bayan,” ayon sa alyansa.

## Mga anomalya sa AFP, tinukoy ng COA

Enero 16, 2026

---

Isiniwalat kamakailan ng Commission on Audit (COA) ang di pagbabalik ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng di nagamit na pondo at paglagak nito sa di awtorisadong mga bank account na hawak ng mga upisyal militar.

Batay sa ulat ng COA, may hawak na anim na “di awtorisado” na bank account ang AFP na may balanseng ₱72.86 million. Ayon sa COA, dapat ibinalik ng AFP ang pondong ito sa Bureau of Treasury (BTr). Ang lamang pera ng mga bank account ay mga di nagastos o ipinamahaging pondo para sa AFP Medical Center (₱68.167 milyon); Presidential Security Command (₱4.358 milyon); at Eastmincom (₱335,386.40). Inatasan na ang AFP na isara ang mga bank account noon

pang Disyembre 2022 at ibalik ang pondo sa BTr, alinsunod sa batas. Hindi ito ginawa ng AFP.

Samantala, siningil ng COA ang AFP General Headquarters sa ₱201.86 milyon pondong "unliquidated," o mga nagastos na walang isinumiteng ulat, para sa taong 2024. Ayon sa COA, may bahagi ang pondong ito na unliquidated mula pa 1981 o 43 taon na mula nang ginastos.

Hindi bago ang mga iregularidad ng mga iligal na bank account at unliquadated na pondo sa AFP.

Noon lamang 2021, binatikos na rin ng COA ang pagmamantine ng AFP ng 20 iligal na bank account na may lamang ₱1.813 bilyon. Malaking bahagi nito (₱1.346 bilyon) ay nakalaan para sa AFP Modernization Act Trust Fund-Central Office. Hinawakan ng mga heneral ng AFP ang pondo kahit dapat na ibinalik ang mga ito sa pambansang pondo.

Ang hindi pagbabalik ng di nagamit na pondo ay maaring maging basehan ng pagtanggi ng COA na maglabas ng pondo para sa AFP (disallowance), mga sangsyong administratibo o pagsasampa ng kasong kriminal tulad ng malversation o technical malversation sa mga sangkot na upisyal militar.

## Welga sa CEU, sinupil ng 'assumption of jurisdiction' ng Dole

Enero 16, 2026

---

Tahasang sinupil ng Department of Labor and Employment (Dole) ang karapatang magwelga ng kaguruan at empleyado ng Centro Escolar University (CEU) sa paglalabas nito ng assumption of jurisdiction o AJ noong Enero 13. Sa araw na iyon, nakatakdang iputok ang welga sa unibersidad sa pangunguna ng CEU Faculty and Allied Workers Union (FAWU) dahil sa deadlock sa negosasyon sa collective bargaining agreement (CBA) 2025-2030.

Sa bisa ng AJ, pinagbawalan ang welga at inatasan ang mga guro at empleyado na bumalik sa trabaho. Kung susuwayin ang atas ng Dole, maaari silang matanggal, masampahan ng kasong kriminal o tahasang supilin at marahas na buwagin ng mga pulis at militar ang kanilang welga.

Lubhang ikinadismaya ng CEU FAWU ang paglalabas ng AJ ng Dole. Bilang tugon, nanawagan ang unyon sa mga myembro nito sa mga kampus sa Maynila, Makati at Malolos na malawakang lumahok sa araw-araw na sama-samang pagkilos sa porma ng prayer vigil sa CEU Manila. “Ipagpapatuloy natin ang laban sa kabila ng ipinataw na AJ ng Dole,” anang unyon.

Kinundena ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR) ang Dole at kalihim nitong si Bienvenido Laguesma sa paglalabas ng AJ. “Paano epektibong maipaglalaban ng mga manggagawa ang kanilang karapatan sa paggawa kung ang welga, na isa sa kanilang pinakamatalas na armas sa pagsusulong ng kanilang mga karapatan, ay

parati na lamang sinasagkaan ng gubyerno?” pahayag ng CTUHR.

Muling nanawagan ang grupo na ibasura ang kapangyarihan ng kalihim ng Dole na akuin ang hurisdiksiyon sa mga sigalot sa paggawa. Anito, ang kapangyarihang ito ay labis-labis ang saklaw na sumusupil sa karapatan ng mga manggagawa na magwelga at pinahihina ang kanilang karapatan na kolektibong pakipagnegosasyon sa kapitalista.

Makatarungang panawagan

Sa negosasyon para sa CBA, itinutulak ng CEU FAWU na bigyan ang kaguruan at mga empleyado ng ₱2,500 dagdag sweldo, health card, mga benepisyo sa pagreretiro, signing bonus, mas mataas na tulong pinansyal na pangkalamidad, emergency financial assistance at iba pang benepisyo. Sa mga ito, tanging ₱650 across the board na pagtaas sa sweldo at kakaunting benepisyo ang iniaalok ng pamunuan ng unibersidad batay sa huling pagpupulong noong Enero 12.

Noong Setyembre 2025 pa humantong sa deadlock o hindi pagkakasundo sa negosasyon ang pamunuan ng CEU at unyon. Dahil dito, nagsampa ang unyon ng Notice of Strike sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB) noong Oktubre 2025 at bumoto noong Disyembre 2025 ang 368 unyonista pabor sa pagwewelga.

“Sa kabila ng malinaw at makatwirang paninindigan ng mga myembro ng Unyon ay

nananatiling bingi ang pamunuan sa mga lehitimong hinaing ng mga guro at kawani ng Centro Escolar University," pahayag ng CEU FAWU. Dagdag nito, ang kawalan ng anumang kongkretong alok mula sa administrasyon ay malinaw na pagwawalang-saysay sa mga sakripisyo, dedikasyon, at serbisyong patuloy na ibinibigay ng kaguruan at empleyado sa pamantasan at sa mga mag-aaral.

Muling maghaharap ang mga kinatawan ng unyon at pamunuan ng CEU sa darating na Enero 19 sa pambansang upisina ng Dole sa Intramuros sa Maynila.

Nanawagan ang CTUHR sa pamunuan ng CEU na igalang ang karapatan ng mga guro at empleyado nito. "Mayroong tungkulin ang CEU na itaguyod ang karapatan sa paggawa ng mga guro at empleyado nito, para sa mga estudyante at para sa pagpapaunlad ng edukasyon sa kolehiyo sa pangkabuuan," anang grupo.

## 2,000 magsasaka sa Albay, apektado ng pag-aalburuto ng bulkang Mayon

Enero 17, 2026

---

Sa kabila ng panganib, ilang mga residente na nakatira malapit sa gilid ng Bulkang Mayon ang bumabalik-balik sa kanilang barangay upang asikasuhin ang kanilang tanim na gulay at pakainin ang kanilang mga alagang hayop.

Ayon sa Tarabang para sa Bicol Inc. (TABI), may mga bakwit na hirap maghanap-buhay dahil sa pansamantalang paglipat at layo sa kanilang tirahan.

“Habang ang ilang mga lumikas ay pansamantalang pinapayagang bumalik sa kanilang mga komunidad upang tingnan ang kanilang pananim at mga alagang hayop, napansin nila na mas magastos ang kanilang pagbyahe dahil sa layo ng mga evacuation center sa kanilang komunidad,” ayon sa TABI.

Noong Enero 6, itinaas ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) sa Alert Level 3 ang Bulkang Mayon. Iniulat ng ahensya ang 308 insidente ng pagguho ng mga bato at 68 insidente ng pagbuga ng mga abo at bato. Dahil dito, pinagbakwit ang 3,000 residente na nakatira sa loob ng 6-kilometro na permanent danger zone o delikadong bahagi ng bulkan. Pinagbawalan silang bumalik habang nakataas ang alerto. Maaring tumagal ng ilang buwan ang pag-aalburuto ng bulkan, batay sa karanasan noong 2023 kung kailan umabot ng anim na buwan ang pag-alburuto nito.

Ayon sa Albay Provincial Agricultural Office (APAO), malaki ang epekto ng nagpapatuloy na pag-alburuto ng Mayon sa sektor ng agrikultura sa mga kalapit na barangay at bayan sa Albay. Nasa 1,816.823 ektarya mga pananim mula sa mga bayan ng Malilipot, Bacacay, Legazgpi Citym Daraga, Camalig, Guinobatan at Tabaco City ang nasira dahil sa abo mula sa bulkan. Mahigit 2,000 ektarya ng palaisdaan, 534 ektarya ng niyugan,

527 ektarya ng gulayan at 377 ektarya ng palay ang napinsala.

Sa bayan ng Malilipot, 366 ektarya ng plantasyon ng abaka na pinangangasiwaan ng 386 na magsasaka, at mga plantasyon ng gulay nasa danger zone ang naapektuhan. Sa bayan ng Guinobatan, nasa 377.91 ektarya ng palayan at plantasyon ng gulay at mais na sinasaka ng nasa 557 pamilya ang apektado. Naapektuhan din ang lupang agrikultural sa bayan ng Daraga at Camalig.

Tinatayang nasa 2,279 na magsasaka at manggagawang bukid sa plantasyon ang direktang naapektuhan dahil sa pag-alburuto ng bulkan.

Kung magpapatuloy ang pag-aalburuto ng bulkan, mapipilitan ang mga nasa evacuation site na manatili ng ilang buwan. Ang matagal na paglikas ay nagdudulot ng matinding ligalig sa mga pamilya at abala sa pang-araw-araw na pamumuhay. Lubhang apektado rin ang kabuhayan laluna sa mga magsasaka na naninirahan sa paligid ng mga dalisdis ng bulkan, paliwanag ng TABI.

Sa ngayon, naabot ng TABI ang 930 na pamilya o 3,466 na indibidwal na apektado ng kalamidad. Nagmula sila sa limang barangay mula sa Malilipot, dalawang barangay sa Camalig at isang barangay mula sa Ligao City. Pansamantalang nananatili ang mga pamilya sa Buang Evacuation Center Covered Court, San Jose Elemetary School sa Malilipot, Tagaytay Elementary School sa Camalig. Iniinda nila ang kakulangan ng

palikuran, kusina, tubig at sapat na sapin para sa pagtulog.

Nanawagan ang TABI para sa tubig na maiinom, pagkain, gamit pangkalinisan at gamot para sa mga bakwit.

## Operasyon ng kumpanya sa pagmimina sa Camarines Norte, pinatitigil

Enero 17, 2026

---

Sa bisa ng utos ng Department of Environment and Natural Resources-Mines and Geosciences Bureau-Region V (DENR-MGB V) na inilabas noong Enero 9, pinatitigil ng Camarines Norte Environmental Response Unit (CNERU) ang lahat ng operasyon ng Yinlu Bicol Mining Corporation at opereytor nitong Norteeste Corporation sa Jose Panganiban, Camarines Norte noong Enero 16.

Alinsunod sa kautusan, napatunayan na patuloy ang pagmimina ng kumpanya sa kabila ng kawalan nito ng Work Program at Environmental Compliance Certificate. Dahil dito, kinansela ng ahensya ang permit ng kumpanya para maglipat at mag-eksport ng mineral, na nakatakda sanang magbyahe ng 55,000 metriko tonelada ng iron ore na dadalhin sa China para sa kumpanyang Shandong Xinhai Mining Technology & Equipment Inc.

Napatunayan ng MGB na iligal na naghuhukay ng open-pit na minahan sa Barangay Larap, Jose Panganiban ang kumpanya. Dagdag dito, nakita din ng ahensya na gumawa ng maliit na pantalan ang Yinlu sa Barangay Larap nang walang pahintulot mula sa Philippine Ports Authority. Binalewala rin ng kumpanya ang nauna nang inihain na kautusan na pagtigil sa operasyon noong Oktubre 30, 2024.

Ang lupa na ginamit para sa pagbuo ng maliit na pantalan ay hinukay mula sa mataas na bahagi ng barangay nang wala ring permiso mula sa mga upisyal ng barangay. Dagdag dito, lubos na naapektuhan kabuhayan ng mga mangingisda dahil sa pagbulabog sa karagatan.

Bago nito, nanawagan si Senador Kiko Pangilinan ng imbestigasyon hinggil sa iligal na pagmimina ng Yinlu sa prubinsya.

Ang Yinlu Bicol Mining Company ay tinukoy bilang isa sa pangunahing pamumuhunan sa pagmimina ng mga Chinese sa Pilipinas noong 2012. May ari din ang kumpanya ng lupa sa Barangay Larap, Jose Panganiban na binili noong 2007 mula sa Manila Banking Corporation at Banco De Oro.

## Pangulo ng Bagong Alyansang Makabayan, sinampahan ng reklamo ng sedisyon sa DoJ

Enero 17, 2026

---

Sinampahan ng mga kasong sedisyon, pang-uudyok ng sedisyon at paglabag sa Cybercrime Law ng rehimeng Marcos ng Philippine National Police, ang pangulo ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) na si Renato Reyes Jr. Iniulat ni Reyes Jr na ipinatawag siya ng Department of Justice (DoJ) noong Enero 15, at muli sa Enero 29, para sa paunang imbestigasyon sa naturang mga reklamo.

Ang mga kasong kinahaharap niya ay may kaugnayan sa mga protestang kontra korapsyon at komprontasyong naganap sa Mendiola noong Setyembre 21, 2025. Ayon kay Reyes Jr, ang mga kasong ito ay purong ibinatay lamang sa pagdalo niya sa protesta sa araw na iyon at dahil isa siyang kilalang aktibista.

"Tahasang kasinungalingan ang mga paratang sa akin, at ang mga bintang ng sedisyon ay ganap na gawa-gawa lamang," aniya. Nakatitiyak umano siyang mabibigo ang pinakabagong kaso ng panggigigipit na ito laban sa kanya at sa buong kilusang masa.

Liban kay Reyes Jr, may naiulat nang dalawang kabataan na nakatanggap ng subpoena mula sa DoJ kaugnay ng katulad na mga kaso. Isinumite ng Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) ang naturang mga reklamo sa DoJ noong Oktubre 2025.

Mayroong 97 hindi pinangalanang indibidwal ang sinampahan ng PNP-CIDG ng reklamong konspirasiya o panukalang maglunsad ng rebelyon o insureksyon, sedisyon at pag-uudyok ng

sedisyon. Ipinagyabang noon ng mga upisyal ng PNP na paunang serye pa lamang ang pagkakaso at nakatakda pa ang ikalawang serye.

Ayon kay Reyes Jr, lubhang nakababahala ang paghahasik ng takot at pagtarget ng PNP sa buong kilusang kontra korapsyon sa bansa. Naghahatid umano ng malinaw na babala ang rehimeng Marcos at PNP sa mga nangangahas magsalita at tumindig—na sila ay uusigin at sasampahan ng mga kasong kriminal.

“Ang pasistang atakeng ito ay naglalayong pahinain ang loob ng publiko na lumahok sa kilusang mgpapanagot sa mga korap na upisyal at sa bulok na sistema,” dagdag niya. Binigyang pansin niya ang partikular na pagtarget ng rehimen sa mga lider estudyante na silang pinakamalakas ang boses ngayon laban sa korapsyon ng rehimeng Marcos.

Sa kabila ng panunupil, nagpahayag ng tiwala si Reyes Jr na hindi nito mapipigilan ang mamamayan sa paniningil at patuloy na protesta laban sa sistemikong pandarambong sa pondo ng baan. “Ang panunupil ay higit lamang nagbibigay ng dahilan sa mamamayan na makibahagi sa sama-samang pagkilos,” aniya.

Nagpahayag ng suporta kay Reyes Jr ang mga alyadong organisasyon ng Bayan. “Nananawagan kami sa mga kapwa naming manggagawa at kababayang sukang-suka na sa korapsyon, abuso sa kapangyarihan, at kawalang-pananagutan: suportahan natin si Kasamang Nato, ang mga lider-estudyante, at ang iba pang lumalaban sa

korapsyon na sinasampahan ng gawa-gawang kaso!” pahayag ng Kilusang Mayo Uno, isa sa mga organisasyon sa ilalim ng Bayan.

## Pinakabagong kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at Japan, kinundena

Enero 17, 2026

---

Mariing kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan ang Acquisition and Cross-Servicing Agreement (ACSA) na pinirmahan sa pagitan ng Pilipinas at Japan noong Enero 15. Itinaon ang pagpirma sa bisita ni Toshimitsu Motegi, ministro sa foreign affairs ng Japan, sa Maynila. Isinabay dito ang pagbibigay ng Japan ng limos na ₱341 milyon sa Armed Forces of the Philipppines.

Tinawag ng Bayan ang ACSA bilang “paglalim ng imperyalistang adyenda sa Pilipinas.” Ang pagpupulong sa pagitan ng Motegi at ng kalihim ng Department of Foreign Affairs ng Pilipinas na si Ma. Theresa Lazaro sa ilalim ng kunwa’y “Strengthened Strategic Partnership,” ay “walang iba kundi ang lantarang pagkaladkad sa mamamayang Pilipino sa panunulsol ng US-Japan sa South China Sea at West PHilippine Sea,” anito.

“Hindi ito (ACSA) pagtutulungan ng mga bansang may pantay na katayuan kundi pagtatali sa Pilipinas sa tulak ng Tokyo na muling magmilitarisa at sa estratehiyang Indo-Pacific ng

Washington na naglalayong palibutan ang China," ayon sa Bayan.

Ang karagatan ng Pilipinas ay para sa mga Pilipino, at hindi para sa mga nag-uunahang mga imperyalista, anito.

Pinahihintulutan ng ACSA ang Japan na maglagak ng pagkain, panggatong, ammunition at iba pang lohistika para sa sarili nitong mga pwersa habang nasa Pilipinas para sa mga war games at iba pang aksyong militar sa ngalan ng disaster response at humanitarian assistance. Karugtong ang kasunduan sa Reciprocal Access Agreement (RAA) na nagpapahintulot sa pamamalagi ng mga tropang Japanese sa bansa. Niratipikahan ang RAA ng Senado ng Pilipinas noon pang 2024 at nagkabisa noong kalagitnaan ng 2025.

Kasabay ng pirmahan ng ACSA ang paglilimos ng Japan ng ₱341 milyon na Official Security Assistance o ayudang militar para sa AFP. Nakalaan ang pondo para sa konstruksyon ng silungan ng mga bangka at daungan ng mga rigid-hulled inflatable boat (RHIB), ang tipo ng sasakyang pandagat na ginagamit sa pagpapainit sa tensyon sa pagitan ng mga pwersang Pilipino at Chinese sa mga pinag-aawayang teritoryo sa South China Sea.

Liban pa rito ang ₱617 milyong ayuda para diumano sa pagtatayo ng imprastruktura pantelekomunikasyon sa rehiyon ng Basilan, Sulu, and Tawi-Tawi (BaSulTa) .

Mahigpit na tinututulan ng Bayan ang ACSA at RAA, at iba pang mga tagibang na kasunduang militar tulad ng EDCA at VFA sa pagitan naman ng Pilipinas at US. Anito, ginagawa ng dalawang imperyalistang bansa bilang “forwad base ng agresyon” ang Pilipinas.

Ayon sa Bayan, hindi pumapayag ang mamamayan na maging pambala ng kanyon ang bansa sa mga giriin ng mga imperyalista.

## Epidemya ng karahasan laban sa kababaian, nakababahala—Gabriela

Enero 19, 2026

---

Nagpahayag ng pagkabahala ang Gabriela sa nagpapatuloy at tumitindi na mga kaso ng karahasan laban sa kababaihan at bata sa Pilipinas.

Pagbungad pa lamang ng taon, kaliwa’t kanan na ang mga balita ng mga kaso ng karahasan laban sa kababaihan at bata. Ayon sa grupo, ang mga bagong insidente na lumalaganap sa balita ay halimbawa ng mga kahindik-hindik na mga kaso ng epidemya. Kabilang dito ang kaso ng isang babae mula sa Bacolod na binaril ng kanyang live-in partner. Isa ay sinaksak ng kanyang asawa. Isang babae ang pinatay ng kanyang live-in partner at matapos patayin ay sinilid sa plastic storage box at tinapon sa isang ilog sa Camarines Norte. May kaso ng panggagahasa sa isang 13-anyos na babae sa Pasig at 15-anyos na babae sa

Makati. May kaso ng pag-aresto sa assistant ng isang photographer dahil sa kaso ng acts of lasciviousness o panghihipo sa Muntinlupa. Mau imbestigasyon sa isang pampublikong guro sa Tondo dahil sa kaso ng pang-aabuso sa mga bata. May paggamit ng AI sa pang-aabuso sa mga babae at bata. Samantala, nagpapatuloy ang imbestigasyon sa isang pulis mula sa Maynila dahil sa kaso ng panggagahasa.

Ayon sa grupo, bawat balita ay kumakatawan ng isang buhay na nasira- sintomas ng isang malalim na nakaugat na patriyarkal at marahas na sistema. Nilalantad din nito na ang lipunan ay nasa krisis sa ilalim ng isang rehimen na palpak sa pagtaguyod sa karapatan ng mga kababaihan at pagprotekta sa pinakabulnerable.

“Ang mga insidente na ito ay di lamang basta sumusulpot nang walang dahilan. Resulta ito ng isang bulok na sistema na mababa ang pagpapahalaga sa kababaihan at bata, ginagawamg normal ang pagkamuhi sa kababaihan, at hinahayaan ang kawalang pananagutan na manaig, habang ang pera ng taumbayan na dapat ay ginagamit para sa pagprotekta at pagbigay ng serbisyo sa kababaihan ay nawawala lamang dahil sa korapsyon,” paliwanag ni Clarice Palce, pangkalahatang kalihim ng Gabriela. “Malinaw na ang karahasan laban sa kababaiha at bata ay nagpapatuloy at umiigting dahil sa kawalan ng pampulitikal na paninindigan ng estado na tanggalin ang mga ugat at magbigay ng agarang

hustisya para sa mga biktima. Ang malala, ang estado mismo ang salarin sa mga karahasan."

Nananawagan ang grupo sa lahat ng biktima at nakaligtas sa pang-aabuso na magsalita at sumama sa laban para sa karapatang ng kababaihan at bata.

"Nananawagan kami sa lahat ng kababaihan na magkaisa, mag-organisa at lumaban. Ang ating kolektibong boses ay ang ating pinakamalakas na sandata. Dapat tayong magtulungan at lumaban para sa isang lipunan na malaya ang mga kababaihan at bata mula sa takot at karahasan," pahayag ni Palce.

## Mass filing para sa indibidwal na prangkisa, isinagawa ng Piston

Enero 19, 2026

---

Nagprotesta ngayon araw, Enero 19, ang mga myembro ng Piston sa harap ng Department of Transportation (DOTr) para muling igiit ang agad na pagbabasura sa huwad na Public Utility Vehicle (PUV) Modernization Program at pagbabalik sa 5-taong indibidwal na prangkisa. Kasabay ng pagkilos ang mass filing para sa renewal ng mga indibidwal na prangkisa ng mga drayber at opereytor na hindi pumailalim sa pagkonsolida.

Sa taya ng Piston, humigit-kumulang 500,000 tsuper at operator ang nawalan na ng kabuhayan dahil sa palpak na "modernization" program." Bago ang modernisasyon, may 300,000 PUJs sa

buong bansa. Ngayon, nasa 128,000 na lamang ang mga namamasadang dyip, ayon sa mismong DOTr.

"Palpak ang programa, dahil winasak nito ang suplay ng transportasyon," ayon sa Piston. Dagdag dito ang pagkabaon sa utang ng mga drayber at opereytor dulot ng pagbili nila ng napakamamahal na yunit ng minibus na ipinampalit sa mga dyip. Maraming mayor na mga kooperatiba ang nagsara na o limitado na ang operasyon. Tinawag ng Piston ang huwad na programa bilang "kumunoy ng utang."

"Umamin na mismo si Vince Dizon at si Marcos Jr. na palpak ang modernization. Pero itinuloy pa rin nila, dahil hawak sila ng interes ng mga dayuhang auto manufacturer at mga nais magmonopolyo ng sistema ng transportasyon," pahayag ng grupo.

Ang protesta ay pagtuligsa rin sa estadong patuloy na sumisira sa kabuhayan at serbisyo natin sa mamamayan, ayon sa Piston. Nanawagan ang grupo sa lahat ng mga di nagpakonsolida, sa mga napilitan magpa-consolidate at gusto nang tumiwalag sa mga peke at tiwaling kooperatiba nila na lumapit sa Piston para makasama sa mass filing.

## "Ghost assets" at kapalpakan ng mga Duterte sa Davao City, nabunyag sa ulat ng COA

Enero 19, 2026

Sa taunang ulat na isinapubliko nitong Enero, muling tinukoy ng Commission on Audit (COA) ang mga iregularidad sa ulat ng Davao City kaugnay sa ari-arian at pondo ng lokal na gubyerno. Partikular na tinukoy ng ahensya ang "unreconciled" inventory of property, plant and equipment o "di tugma" na imbentaryo ng property plant and equipment (PPE) para sa taong 2024. Kasalukuyang meyor ng syudad si Sebastian Duterte.

Napag-alaman ng COA sa huli nitong awdit na ang iniulat ni Duterte na ₱8.197 bilyong halaga ng PPE ay di tugma sa aktwal na umiiral na mga mga ari-arian at kagamitan (physical assets) ng Davao City. Sa gayon, itinuring ng COA ang ulat bilang "di maasahan" at nagbubukas sa iba't ibang kwestyon at anomalya. Kabilang sa hindi beripikadong at walang pisikal na kumpirmasyon na PPE ang mga sistemang flood control, power supply network, imprastruktura pantelekomunikasyon, gusali, pasilidad pang-edukasyon, at ospital. Ang mga ito ay hindi nahanap, nakilatis (inspect) o nakumprima ng mga awditor.

Pinuna ng COA ang di tugmang ulat ng napalaking halaga ng PPE ng Davao City dahil maaaring di umiiral o ghost ang mga ari-arian na nakalista dito.

Ayon sa COA, maari ring artipisyal na mapalobo ng ulat ang tunay na halaga ng pag-aari ng syudad. Maaring magamit ito para magbigay ng

pekeng larawan sa mga mamumuhunan, nagpapautang at sa publiko kaugnay sa tunay na katayuang pinansyal ng Davao City.

Gawing maanomalya ng mga Duterte

Hindi bago ang pagsusumite ng Davao City ng di tugmang imbentaryo sa PPE. Alinsunod na rin ito sa mahabang gawi ng mga pamilyang Duterte ng pag-uulat ng mga “ghost” na ari-arian at empleyado.

Noong 2021, pinuna na rin ng COA ang ₱9.489 bilyong kwestyunableng ulat sa PPE ng syudad, na noo’y nasa ilalim ng paghahari ng ngayo’y VP Sara Duterte. Noong 2024, kunwaring nagtayo ang magkapatid na Sara at Sebastian ng “inventory committee” para habulin ang beripikasyon ng mga ari-arian. Ayon sa mga ulat, nagsimula ang mga inspeksyon noong Hunyo 2024 at dapat nakumpleto noong Hunyo 2025. Pero pagsapit ng Pebrero 2025, nasa 43.74% pa lamang ng mga ito ang napatunayang umiiral. Hanggang sa kasalukuyan, walang ulat na tinapos ng mga Duterte ang mga inspeksyon. Lumalabas na sadya nila itong pinababayaan.

Palpak na tugon sa mga sakuna

Dagdag na anomalya ng mga Duterte ang palpak na pagtugon nito sa mga sakuna batay sa hindi maayos na paggamit sa pondong pangkalamidad ng syudad.

Sa report ng COA, ₱60.79 milyon or 13.86% lamang sa ₱438.75 milyon na pondo para sa mga sakuna ang nagamit ng mga Duterte noong 2024.

Pinuna ng ahensya ang kawalang implementasyon ng mga programa at proyekto na nakalaan para sa disaster risk reduction, paghahanda, mitigation, pagtugon, at rekoberi.

Alinsunod sa awdit ng COA, pito lamang sa 31 proyekto sa ilalim ng Local Disaster Risk Reduction and Management Fund (LDRRMF) ang nakumpleto ng mga Duterte noong 2024. Sa mga proyektong ito, 19 ang hindi natapos, at lima ang hindi man lamang nasimulan.

Ang pagkaantala ng maraming proyekto ay may masamang epekto sa pagbibigay ng agaran at krusyal na serbisyo sa mga dapat nagbebenepisyo dito, ayon sa COA. Pinagsabihan nito ang Davao City na ang mga proyekto sa ilalim ng LDRRMF ay may kakagyatan dahil sa "kritikal na papel" ng mga ito sa pagharap sa mga sakuna. Inatasan nito ng Davao City na agad na ipatupad ang mga programa, hindi lamang sa taong 2024, kundi pati sa naunang mga taon na pinabayaan rin ng mga Duterte.

## Tagapagsalita ng maralitang lungsod sa Caloocan, pinawalang-sala sa gawa-gawang kaso

Enero 20, 2026

---

Matapos ang mahigit apat na taon, inabswelto ng Caloocan City Municipal trial Court Branch 49 si Rex Margallo, tagapagsalita ng Caloocan Urban Poor Coordinating Council at Convenor ng United

People’s Against Corruption-Caloocan sa gawa-gawang kasong direct assault noong Enero 20.

Isinampa ang kaso laban kay Margallo noong Hunyo 2021 ni PSSG Baldev Singh Doal Jr. ng South Caloocan Police Department dahil sa pagtulong niya sa mga manininda ng barangay Bagong Silang Phase 10 na inaatake sa clearing operation ng pinagsamang PNP, barangay at lokal na gubyerno nang panahon na iyon. Nakaranas din si Margallo ng Red-tagging, sarbeylans at panggigipit matapos ang insidente. Plano ng gubyerno ng Caloocan na sapilitang pagkaitan ng kabuhayan ang mga manininda para paboran ang malalaking negosyo tulad ng Puregold at Dali.

Ayon kay Margallo, isang tagumpay para sa lahat ng aktibista at human rights defenders na kumakaharap din sa mga gawa-gawang kaso ang pagwawalang-sala kay Margallo. Patunay din ito na tama at makatwiran ang patuloy na paglaban para sa karapatang pantao.

## Kampuhan sa DAR Negros Island, inilunsad ng mga magbubukid para sa lupa at karapatan

Enero 21, 2026

---

Tumagal ng dalawang araw ang isinagawang kampuhan ng mga magsasaka at manggagawang bukid ng Negros Island sa panrehiyong upisina ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Bacolod City noong Enero 20-21. Inihayag nila sa ahensya

ang tumitinding isyu ng pangangamkam ng lupa, kumbersyon ng lupa, at paglabag sa karapatan ng mga magsasaka sa isla.

Pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP)-Negros at National Federation of Sugar Workers ang pagkilos. Pangunahing itinampok sa kampuhan ang pinakahuling kaso ng tangkang pagpapalayas at pangangamkam sa lupang binubungkal ng mga magsasaka sa Hacienda Michaela sa Barangay Talotog, Murcia, Negros Occidental.

Ang 22-ektaryang lupa ay inaagaw ni Bonnie Ta-ala, may-ari ng Ta-ala Farms, Inc. Simula Enero 12, nagkampo ang mga armadong tauhan at ahente ng kumpanya para palayasin ang mga residente sa kanilang lupang sinasaka. Ayon kay Ta-ala, "nabili" ng kanyang kumpanya mula sa panginoong maylupa na si Arthur Bayona ang lupa.

Ayon sa Hacienda Michaela Farmers and Farmworkers Association, iligal ang pagbebenta sa lupa dahil sinaklaw ito ng pamamahagi ng gubyerno sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program. Noong 2009 pa sinasabing naglabas ng Notice of Coverage para sa lupa ang upisina ng DAR sa Negros Occidental.

Binatikos ng KMP-Negros ang kupad at kawalang tugon ng DAR sa hinaing ng mga magsaska. Anang grupo, patuloy lamang na pinatutunayan ng ahensya na mas kumikiling ito sa interes ng mallaking korporasyon at panginoong maylupa sa halip na sa mga magbubukid.

Noong Enero 20 ng gabi, nagtirik ng kandila ang mga magsasaka para manawagan ng hustisya sa pagpatay ng noo'y rehimeng Duterte sa lider-magsasakang si Alexander Ceballos. Si Ceballos, pinakaunang magsasakang biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang ng rehimeng Duterte, ay pinatay noong Enero 20, 2017.

Ang kampuhan ay bahagi rin ng paggunita ng mga grupo sa anibersaryo ng Mendiola Massacre sa Enero 22. Nasawi sa masaker ang 13 magsasaka noong Enero 22, 1987 sa Mendiola, Manila. Ang 13 magsasaka ay kabilang sa libu-libong nagtungo noon sa Mendiola upang ipanawagan sa dating Pangulong Cory Aquino na ipatupad ang tunay na reporma sa lupa.

## Mga maralitang komunidad sa UP Diliman, mapapalayas ng UP SDG Park

Enero 21, 2026

---

Dalawang beses na nagpulong sa nagdaang mga linggo ang mga residente ng mga komunidad sa loob at palibot ng University of the Philippines (UP)-Diliman sa Quezon City. Sa mga ito, pinatatag ng mga residente ang pagkakaisa laban sa bantang pagpapalayas sa kanila ng UP para sa proyektong Sustainable Development Goals (SDG) Wellness Park.

Dumalo sa mga pulong noong Enero 11 at 18 ang mga samahan at organisasyon ng mga residente ng Pook Aguinaldo, Area 17 at Malantik, na

apektado ng itinatayong proyekto. Nakiisa at sumuporta sa kanila ang mga grupo ng estudyante ng UP Diliman at mga progresibong grupo sa syudad.

Ang UP SDG Wellness Park ay isang proyekto ng administrayon ng UP na ipinapakete bilang espasyo ng pagkatuto, maka-kalikasan at pagtulong sa mga estudyante at komunidad. Bahagi ng naturang proyekto ang pagtatayo ng golf driving range, mga “maka-kalikasang” pasilidad, at iba pa.

Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Quezon City, noong 2025 pa nagsimula ang UP sa pagsusukat ng masasagasaang mga komunidad. Anang grupo, walang naging paliwanag ang UP sa mga residente kaugnay nito at walang malinaw na plano sa relokasyon ng mga mapalalayas.

Dagdag nito, naiulat ang pagtatayo ng mga tent sa paligid ng mga saklaw na komunidad upang bantayan ang mga isinasagawang pagsusukat. Sa ilang pagkakataon, kasama pa ang Quezon City Police District sa pagsusukat ng lupa na nagdulot ng mas matinding pangamba sa mga residente, anang grupo.

“Malinaw na walang sapat na kaalaman at konsultasyon ang proyektong ito at taliwas sa makamasang uri ng pamantasan,” pahayag ng UP Diliman University Student Council. Kabilang ang konseho ng mga mag-aaral sa naninindigan kasama ang mga residente laban sa proyekto.

Ayon sa Bahagui Nating Isko, grupo ng mga boluntir na kabataang sumusuporta sa Pook Aguinaldo, dapat magkaisa ang mga estudyante at komunidad ng UP laban sa proyekto. “Mabibigay daan lamang ito sa pribatisasyon at komersyalisasyon,” pahayag ng grupo.

Iginigiit ng mga komunidad na mayroon silang karapatan sa lupa laluna at deka-dekada na silang nakatira doon. Ayon kay Kuya Dione, isang residente mula sa Area 17, “umabot na sa kaapu-apuhan ang tagal natin sa lupa na ito… Bahagi yan ng gobyerno na bigyan tayo ng maayos na bahay, pero nagtitiis tayo sa barung-barong para lang mabuhay at may matulugan lang,” aniya.

Hinimok din niya ang iba pang mga residente at komunidad na makiisa sa laban dahil nagbabala siya na posibleng “gumapang” o lalawak pa ang eryang sasaklawin ng UP SDG Wellness Park. “Ngayon palang kailangang labanan at pag-isipan bilang residenteng nakatira dito,” aniya.

Sa kasalukuyan ay patuloy ang pagsisikap ng mga residente na pigilan ang anumang tahasang tangka ng UP na palayasin sila. Iniulat nila ang pagtatayo ng mga barikada sa komunidad para hindi papasukin ang mga tauhan ng UP.

Nanawagan Bayan-Quezon City sa mga organisasyon sa ilalim nito at mga residente ng syudad na makiisa sa laban kontra sa proyekto. “Dapat itigil ang SGD Wellness Park, kasama ang binubuong bike lane at urban farming plan. Labanan ang harassment at intimidasyon sa mga residente!” pahayag nito.

## Pilipinang imigrante, lihim na pinadeport ng ICE mula sa US

Enero 21, 2026

---

Kinundena ng Tanggol Migrante Movement-Chicago ang lihim na pagdeport ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) kay "Tita Rebecca," isang imigranteng Pilipina, mula sa US noong Enero 8. Bago nito, dalawang beses tinangka ng ICE na ipadeport siya ngunit hindi natutuloy dahil sa kawalan ng deklarasyon na siya ay medically fit o kakayanin ng katawan niya ang magbyahe. Natuloy ang deportasyon sa ikatlong pagkakataon na hindi pinaalam sa kanyang pamilya.

Ayon sa pamilya, itinangging ibunyag ng Philippine Consulate General (PCG) at ng ICE ang impormasyon tungkol sa kanyang byahe, kung kailan at saan siya ibabyahe at istatus ng kanyang kalusugan. Palusot ng PCG na tumigil ang ICE na magbigay ng impormasyon hinggil sa deportasyon.

Paniniwala ng pamilya, sadyang hindi sila binigyan ng impormasyon ng ahensya sa kabila ng ilang beses nilang paghingi ng impormasyon. Dapat sana ang PCG ang maggigiit sa ICE para magbigay ng impormasyon bilang bahagi ng tungkulin nito,pero lagi itong tumatanggi na ipagtanggol ang mga Pilipino.

Kalaunan, hindi na rin nagbigay ng impormasyon ang PCG hinggil sa kalagayan ni Tita Rebecca sa

kanyang pamilya. Hindi bababa sa walong beses inilipat siya sa iba't ibang pasilidad ng ICE hanggang sa tumigil siya sa isang pasilidad na para sa mga kalalakihan sa Clay County, Indiana at pinailalim sa solitary confinement.

Ayon sa TMM malinaw na ang paglilihim ng PCG at ICE ay pagganti ng mga ito dahil sa pagpigil ng komunidad sa deportasyon ni Tita Rebecca at paggigiit na mabigyan siya ng akma na medikal na serbisyo.

"Ang PCG at ang embahada ng Pilipinas ay may responsibilidad sa kanilang kababayan na tiyaking na nakukuha nila ang kanilang pangangailangan at na makakauwi sila ng may sapat na rekurso," paliwanag ng TMM.

Nananawagan ng TMM sa PCG na maglabas ng pahayag na humihingi ng paumanhin hinggil sa kanilang kapabayaan sa kalagayan ni Tita Rebecca at mabigyan siya ng akma at sapat na serbisyong medikal sa Pilipinas.

## NLRC Region 3, kinalampag ng mga unyon dahil sa mabagal na aksyon, kontra manggagawang desisyon

Enero 22, 2026

---

Nagpiket ang mga manggagawa at unyonista ng National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno (Naflu-KMU) sa harap ng National Labor Relations Commission (NLRC) Region 3 sa

San Fernando, Pampanga noong Enero 21. Binatikos nila ang ahensya sa mga kontra manggagawang desisyon na inilabas nito sa nakaraan at ang kupad sa pag-aksyon sa iba pang kasong isinampa ng mga manggagawa.

Kabilang sa mga nagprotesta ang mga manggagawa at unyon ng SG Farms Processing Plant at Maximus Dressing Plant, parehong nakapailalim sa Naflu-KMU. Ang dalawang planta na nagpuproseso ng manok ay nasa Barangay San Isidro, San Simon, Pampanga. Ang SG Farms ay isa sa mga nagsusuplay ng manok sa Jollibee at Wendy’s.

Ayon sa Naflu-KMU, “makaisang panig” ang mga labor arbiter ng ahensya. “Mabagal umaksyon ang mga arbiter kapag para sa manggagawa pero simbilis ng kidlat pagpabor sa kapitalista.”

Isa sa mga ito ang desisyon ng NLRC Region 3 kaugnay sa kaso ng SG Farms sa Bonifacia Yamuta. Iligal na tinanggal ng kumpanya ang mga manggagawa dito noong huling bahagi ng 2024. Ayon sa pederasyon, napakabilis na nagdesisyon ng ahensya na bigyan lamang ng 13 araw na separation pay ang mga manggagawa na lubhang pabor sa kapitalista.

Sa Maximus, malinaw na union busting ang ginawa ng kumpanya nang isinara ito matapos magtayo ng unyon ang mga manggagawa noong Hulyo 2024 at iligal silang tinanggal. Ayon sa Naflu-KMU, wala man lamang ginawang masusing pagsusuri ang arbiter sa mga petisyong isinumite

dito ng mga manggagawa at agad itong naglabas ng desisyon na pabor sa kumpanya.

Maliban sa mga ito, binatikos rin ng pederasyon ang kupad sa pagtugon sa mga kasong isinampa ng mga manggagawa ng Crimeria Bakery, Hongtai at Savi Hardware. Sa Crimeria Bakery, tatlong taon nang nagpapabalik-balik ang mga manggagawa para sa bagong kompyutasyon ng backwages pero napakabagal at ngayong Enero 2026 lamang ipinangako gagawin ito.

Sa Hongtai, lagpas isang taon na wala pa ring aksyon ang arbiter sa mosyon na isinumite ng manggagawa. Sa Savi Hardware naman, 10 ang iligal na tinanggal at nagreklamo sa NLRC. Anang pederasyon, walang isinumiteng position paper ang management pero naglabas ang arbiter ng desisyong pabor dito.

“Mga hanep na arbiter ng NLRC Region 3, halata at garapal na masyado ang pagpanig nyo sa kapitalista,” bwelta pa ng Naflu-KMU. Hinamon nito ang ahensya na “umayos at pumanig” sa manggagawang pinagkaitan ng karapatan.

Nanawagan an pederasyon sa mga kapwa manggagawa na patuloy na manindigan at ipaglaban ang karapatan sa sahod, trabaho at karapatan.

## Reklamo ng impeachment laban kay Marcos, inihain ng mga progresibong grupo

Enero 22, 2026

Naghain ng reklamong impeachment laban kay Pres. Ferdinand Marcos Jr ang mga progresibong grupo at sektoral na organisasyon noong Enero 22. Ito ang ikalawang reklamong impeachment laban kay Marcos na isinumite sa Office of the Secretary General (OSG) sa House of Representatives.

Pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang paghahain ng reklamo ng 36 na lider-masa laban kay Marcos Jr. Kabilang sa kanila ang mga lider-kabataan na naging malakas na tinig ng kilusang kontra korapsyon mula Setyembre 2025. Inendorso ang reklamo ng tatlong kongresista ng Makabayan Bloc na sina ACT Teachers Rep. Antonio Tinio, Gabriela Rep. Sarah Elago, at Kabataan Rep. Renee Co.

Ang batayan ng reklamo ay ang pagtataksil sa tiwala ng bayan (betrayal of public trust). Tatlo ang inilatag na rason para rito: 1) pagiging mastermind sa sistematikong korapsyon sa loob ng gobyerno (sa formula ng "allocables" o Baselined-Balanced-Managed (BBM) Parametric Formula, 2) pang-aabuso sa unprogrammed funds, at 3) direktang pagkakasangkot sa kaliwa't kanang insertion at sistema ng kikbak.

Dismayado ang kampo ng mga naghain ng reklamo nang tumanggi ang OSG na upisyal na tanggapin ito dahil wala sa upisina si House Secretary General Cheloy Garafil. Ayon kay dating Bayan Muna Rep. Atty Neri Colmenares, isa rin sa mga nagsampa ng reklamo, hindi kinakailangang

naroon si Garafil para tanggapin ang reklamo dahil ang nakasaad lamang sa alituntunin ng House of Representatives ay isumite ito sa OSG.

Aniya, sinunod ng kanilang kampo ang mga alituntunin at ang OSG ang bumali dito sa pagtangging tanggapin ang reklamo. Nag-iwan na lamang sila ng kopya ng reklamo sa upisina at iginiit na “naisumite” na ito.

Iginigiit ng mga grupo na dapat kilalanin ng House of Representatives ang pagsusumite nila laluna at mayroong naunang reklamong impeachment na isinampa kay Marcos Jr noong Enero 19. Isinumite ito ng abugadong si Atty. Andre de Jesus at inendorso ni Pusong Pinoy Party-list Rep. Jett Nisay. Ginamit ring batayan rito ang pagtataksil sa twala ng bayan.

Ayon sa Bayan, nangangamba silang hindi maisali ang kanilang matibay na reklamo sa “order of business” ni House Speaker Faustino Dy III sa darating na Lunes, Enero 26. Naisumite na kasi ng OSG ang unang reklamo sa upisina ng House Speaker at maaari niya na itong isangguni sa House Committee on Justice para simulang talakayin doon. Kung magkagayon, kaagad na mag-uumipsa ang isang taon na ban o pagbabawal na muling magsumite ng reklamong impeachment kay Marcos Jr.

Bilang paraan ng pagtitiyak na maihahabol ang reklamo, pupuntahan nila at ng mga kongresista ng Makabayan Bloc si House Speaker Dy para kausapin at hingin ang komitment kaugnay nito. Nagbabala rin ang mga grupo na kung tahasang

haharangin at pipigilan ang kanilang reklamo ay mistulang nauulit ang taktika noong panahon ni Gloria Macapagal-Arroyo kung saan nagsusimite ng “mahihinang” reklamo ng impeachment para lamang agarang magkabisa ang isang taon na pagbabawal.

Kasabay ng pagsasampa ng reklamo, naglunsad ng protesta sa labas ng House of Representatives ang mga progresibong organisasyon. “Kinasuhan ang ilang upisyal, mga mambabatas, at kontraktor na sangkot sa korapsyon; pero hindi pwedeng magnakaw ng bilyun-bilyong piso na hindi alam ng pangulo,” pahayag ni Raymond Palatino, pangkalahatang kalihim ng Bayan.

Aniya, si Marcos mismo ang pumirma at nagpatupad ng badyet at ang pasimuno ng pagnanakaw at pandarambong. “Si Sara Duterte pinapanagot natin para sa 125 milyong pisong maanomalyang paggamit ng confidential funds; hindi pwedeng palusutin ang bilyong pisong pagnanakaw ni Marcos,” dagdag ni Palatino.

Panawagan ng mga grupo sa protesta: “Marcos, Duterte, parehong korap, dapat ma-impeach!”

## Di makatarungang hatol sa mamamahayag, taong-simbahan sa kasong “terror financing,” malawakang kinundena

Enero 23, 2026

---

Mariing kinundena ng mga grupo ng mamamahayag sa loob at labas ng bansa, gayundin ng mga taong-simbahan, akademiko at mga grupong progresibo ang hatol na maysala kina Frenchie Mae Cumpio at Marielle Domequil sa kasong “terror financing.” Hinatulan ang dalawa noong Enero 22 ng 12 hanggang 18 taong pagkakabilanggo. Pinagmulta rin sila ng P500,000 kada isa.

Ang hatol ay ipinataw ni Judge Georgina Perez ng Regional Trial Court (RTC) Branch 45 sa Tacloban City. Nakatakdang ilipat sina Cumpio at Domequil sa correctional facilty para sa kababaihan sa Mandaluyong City. Naghahanda ang kanilang mga abugado na maghapag ng motion for reconsideration at para sa pyansa. Naghahanda rin silang iapela ang di makatarungang hatol sa Court of Appeals.

Kasabay nito, inabswelto sina Cumpio at Domequil sa hiwalay na kasong illegal possession of firearms and explosive. Si Cumpio ay isang mamamahayag at executive director ng Eastern Vista at kontribyutor ng Alermidya, habang si Domequil ay istap ng Rural Missionaries of the Philippines.

“Nakakagalit ang malinaw na inhustisya sa desisyon ng korte sa gitna ng naghuhumiyaw na ebidensya na ang mga kasong isinampa laban kina Frenchie Mae, Marielle Domequil, at iba pa sa Tacloban 5 ay lahat gawa-gawa,” pahayag ng Altermidya sa araw ng pagbaba ng hatol.

Tinawag ng grupo ang hatol bilang “miscarriage of justice” (kabiguan ng hustisya) at “seryosong

banta” sa dati nang kalunus-lunos na kalagayan ng kalayaan sa pamamahayag at pagpapahayag sa Pilipinas.

Anito, ipinakikita ng hatol ang pagdodoble-kara ng rehimeng Marcos na paulit-ulit na nangangakong magtataguyod ng kalayaan sa pamamahayag, habang patuloy na ginagamit ang batas laban sa mga mamamahayag at iba pang boses ng pagtutol.

“Ginawang lehitimo ng desisyon ang paggamit, abuso at maling paggamit ng mga batas kontra-terorismo laban sa mga sibilyan,” pahayag ni Cristina Palabay, pangkalatahang kalihim ng Karapatan.

Internasyunal na kundenasyon

Tinawag ng Committee to Protect Journalists (CPJ) ang hatol bilang “kakatwa” at binatikos si Ferdinand Marcos Jr para sa kanyang “hungkag na mga pangako” kaugnay sa kalayaan sa pamamahayag.

“Kailangang palayain ng Pilipinas si Frenchie Mae Cumpio nang walang kundisyon at itigil ang pagkriminalisa sa mga mamamahayag,” ayon kay Beh Lih Yi, CPJ Asia-Pacific Director. Malagim ang desisyong hatulan si Cumpio dahil siya ang kauna-unahang mamamahayag na hinatulan ng finance terrorism sa buong mundo. Hindi malayong gagamitin ito sa mga mamamahayag sa ibang mga bansa.

Dumayo sa Tacloban si Lih Yi para dumalo sa promulgasyon ng mga desisyon noong Enero 22. Kasama siya sa iba pang mamamahayag mula sa

National Union of Journalists of the Philippines, AlterMidya, Reporters Without Borders (RSF), at Free Press Unlimited (FPU). Binubuo nila ang Media Freedom Coalition (MFC) na matagal nang nananawagan para sa pagpapalaya kay Cumpio.

“Ang pagsentensya kay Frenchie Mae Cumpio ay isang matingkad na pagpapakita na pagbalewala ng mga awtoridad sa pinakabatayang mga karapatan ng mga mamamahayag,” saad ng MFC sa isang pahayag noong Enero 22. “Bilang isang internasyunal na koalisyon ng mga NGO, patuloy kaming maninindigan para makamit ang kanyang paglaya.”

Mga protesta

Sa araw ng promulgasyon, naglulunsad ng protesta ang mga organisasyon ng mamamahayag, mga nagtatanggol sa karapatang-tao at taong simbahan sa harap ng RTC sa Tacloban City. Sa gabi bago nito, nagkaroon ng candle-lighting sa harap ng simbahan ng Redemptorist sa syudad para igiit ang pagwawalang-sala sa Tacloban 5.

Sa Quezon City, nagkaroon ng protesta sa harap ng Commission on Human Rights noong Enero 22 para tutulan ang di makatarungang hatol. Isang araw bago nito, nagpunta ang mga progresibong grupo sa Department of Justice para igiit ang agad na pagpapalaya kina Cumpio, Domequil at Chakoy Abinguena.

“Nakakadurog ng puso, nakakagalit pero ipagpapatuloy namin ang laban. Ipagpapatuloy

namin ang pagsisilbi sa mahihirap," pahayag naman ni Kyle Domequil, kapatid ni Marielle.

"Patuloy tayo sa paglaban para sa katotohanan," pahayag nina Cumpio at Domequil pagkatapos basahin ang hatol sa kanila.

## 7 residente, inaresto habang binubuwag ang barikada laban sa Woggle Corporation

Enero 24, 2026

---

Pitong residente ng Dupax del Norte, Nueva Viscaya ang inaresto dahil sa kanilang pagtutol sa pagpasok ng drilling equipment ng Woggle Corporation sa kanilang barangay noong Enero 23. Halos 400 pulis mula sa Nueva Viscaya, katuwang ang mga tauhan mula sa Bureau of Fire Protection, ang dineploy para buwagin ang barikada ng mga residente.

Naglabas ng kautusan noong Enero 19 ang Regional Trial Court 30 ng Nueva Vizcaya na buwagin ang barikada at arestuhin lahat ng humarang o pumigil sa pagpapatupad ng kautusan. Sa mismong araw ng demolisyon, daan-daang residente, karamihan mga matatanda at kababaihan, at mga taong simbahan mula sa United Church of Christ in the Philippines (UCCP) at Episcopal Church in the Philippines (ECP), ang humarang sa daanan. Pumunta din sa barikada para magpahayag ng suporta ang mga myembro

ng alternatibong midya, taong simbahan at grupong pangkalikasan.

Noong Enero 24, nagprotesta sa harap ng Dupax del Norte Police Station sa porma ng kanyaw (seremonya) at community dance ang mga katutubo at magsasaka upang kundenahin ang pag-aresto sa mga residente habang nagtatanggol sa barikada.

Kabilang sa inaresto ang anim na kababaihang katutubo at si Florentino Daynos, isa sa mga lider ng Defend Dupax del Norte. Apat sa kanila ay residente ng Barangay Bitnong at dalawa ay mula Barangay Macabenga. Isa sa inaresto ang may-ari ng lupa na planong minahin ng kumpanya. Hinila ng mga pulis ang mga kababaihan mula sa grupo ng nagbabarikada para arestuhin sila. Dalawang kababaihan ang hinimatay habang pilit na binubuwag ang barikada. Pagdating nila sa ospital, saka sila inaresto ng kapulisan. Pagkatapos arestuhin ng mga pulis ang mga residente, marahas nilang tinulak ang mga nagbabarikada palayo sa bukana upang maipasok ng Woggle ang mga makina nito kabilang ang isang backhoe at trak, papunta sa target site.

Ayon sa grupong Kalikasan, naobserbahan nila na walang maayos na pagkakakilanlan ang mga pulis gaya ng name plate. Karamihan sa arresting team ay hindi nakasuot ng bodycam. May mga pagkakataon na pinapatay ng mga pulis ang bodycam nila tuwing nakikipaggitgitan sa mga nagbabarikada.

Sa parehong araw, nagprotesta ang mga grupong maka-kalikasan at progresibo pangununga ng Kalikasan sa harap ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) Central Office sa Quezon City upang kundenahin ang pagpahintulot ng kagawaran sa eksplorasyon ng Woggle Corporation sa kabila ng malinaw na pagtutol ng komunidad. Giit ng mga raliyista, makatarungan ang pagtatayo ng barikada at hindi krimen ang pagtatanggol ng mga residente sa kanilang komunidad laban sa dayuhang kumpanyang mina. Hinarang ng mahigit limampung kapulisan na naka-riot shield ang pagkilos.

Nagpahayag ng pakikiisa at pagkundena ang iba't ibang grupo sa naganap na pagbubuwag sa barikada. Kabilang dito ang Caritas Philippines, Catholic Educational Association of the Philippines, National Priest Organization-North Central Luzon ng Iglesia Filipina Independencia, Save Cagayan Valley, Taripnong Cagayan Valley, Alyansa Tigil Mina, Center of Environmental Concerns Sinagbayan, Bayan, Kilusang magbubukid ng Pilipinas, AGHAM, Karapata, Hustisya, Kabataan Partylist, Gabriela Women's Party, at Alliance of Human Rights Advocates.

## Alyansang kontra korapsyon, muling maglulunsad ng malawakang protesta sa Pebrero

Enero 24, 2026

---

Inianunsyo ng Kilusang Bayan Kontra Kurakot (KBKK) noong Enero 19 na muli itong maglulunsad ng malawakang protestang kontra korapsyon sa Pebrero 25, kasabay ng paggunita sa ika-40 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA People Power. Ang grupo ang nanguna sa 100,000-kataong demonstrasyon noong Setyembre 21, 2025 at 20,000-kataong protesta noong Nobyembre 30, 2025 kapwa mga protestang kontra korapsyon sa Luneta Park, Maynila.

Sa anunsyo ng KBKK, kasama nito ang iba't ibang mga sektor at grupo na aktibong lumalahok sa kilusang kontra korapsyon sa bansa. Kabilang dito ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), grupo at konseho ng mga kabataang estudyante na nanguna sa malalaking walkout noong huling bahagi ng 2025, mga manggagawa at maralitang-lunsod, kababaihan, mga guro, manggagawang pangkalusugan, matatanda at iba pa.

Anila, sa kabila ng naging tuluy-tuloy na pangangalampag ng mga grupo at publiko sa rehimeng Marcos ay iilan pa lamang ang napapanagot at wala pang mga "big fish" o bigatin na sangkot sa korapsyon. Dagdag rito, muli na naman umanong niratsada ng rehimen ang pagsasabatas sa pambansang badyet para sa 2026 na sa kaibuturan ay batbat pa rin ng pork barrel at iba pang insertion.

Dismayado rin sila na sa halip na pakinggan ang boses ng bayan laban sa korapsyon ay binubusalan pa ito ng rehimeng Marcos sa pagsasampa ng mga kasong kriminal tulad ng sedisyon. "Nakakalungkot po sapagkat…wala

naman akong ninakaw na bilyun-bilyong pondo sa pondo ng taumbayan, pero ako po ang sinasampahan ng gawa-gawang kaso ng gobyerno ni Marcos Jr. habang wala pang napapanagot na malaking pangalan o malaking pulitiko sa ating bansa na involved sa nangyayaring korapsyon," pahayag ni Jacob Baluyot, isang mamamahayag pangkampus.

Ayon sa KBKK, ang nakatakdang pagkilos ay pagpapamalas na nanatiling buhay at malakas ang malawak na kilusang bayan na humihingi ng pananagutan sa malawakang korapsyon sa bansa. Anito, ang 2026 ay hindi taon ng pananahimik ang kundi panahon ng mas maigting na pagbabantay, mas malawak na mobilisasyon, at pagpapatuloy ng mga aksyong masa laban sa korapsyon.

Ayon sa Youth Rage Against Corruption (YRAC), isasabuhay ng kabataang Pilipino ngayong 2026 ang "diwa at militansya" ng sektor na ipinamalas noong Batas Militar ng diktadurang US-Marcos I. "Ngayong buwan ay ginugunita ang First Quarter Storm. Sunod-sunod na mga protesta na ginawa ng mga kabataan noong panahon ng diktadura ni Marcos Sr," ayon kay Tiffany Brillante ng YRAC. Aniya, nararapat na ipagpatuloy ng kabataan ang laban sa kasalukuyan sa pagpapanagot sa lahat ng mga kurakot.

Umaasa ang KBKK at mga grupo sa ilalim nito na mas marami pa ang lalahok sa demonstrasyon sa Pebrero 25 at magsasama-sama ang iba't ibang grupong magkakahiwalay na naglunsad ng protesta sa nakaraan.

# Daan-daang manggagawa sa tubuhan, nagrali sa Passi City laban sa pagbagsak ng presyo ng asukal

Enero 24, 2026

---

Sama-samang nagprotesta ang daan-daang manggagawang-bukid sa tubuhan, maliliit na taga-giling, at myembro ng iba’t ibang samahan ng magtutubo sa Passi City, Iloilo noong Enero 22. Tinuligsa nila ang patuloy na pagbagsak ng presyo ng asukal na, anila, ay bunga ng pagsirit ng importasyon nito sa bansa at kainutilan ng Sugar Regulatory Administration (SRA).

Sa pangunguna ng Jalasig Sugar Planters Association (JSPA), nanawagan sila ng interbensyon ng gubyerno para tugunan ang pagbaba ng presyo ng asukal. Anila, dapat bigyang pansin ng gubyerno ang industriya ng asukal at agad na magpatupad ng mga hakbang upang maprotektahan ang mga magsasaka at manggagawang-bukid.

Bumagsak nang 25% o ₱700 ang presyo ng asukal kada sako kung ikukumpara sa ₱2,900-₱2,800 kada sakong presyo noong nakaraang taon. Ayon sa JSPA, malaki ang lugi ng mga magsasaka lalo patuloy na lumulobo ang gastos sa produksyon. Dagdag pa dito, dumaranas din sila ng pananalasa ng mga peste, at pagkapuno ng mga imbakan na sanhi ng matumal na bentahan.

Bago ang pagkilos, ilang ulit nang nagsagawa ng dayalogo ang JSPA sa mga lokal na upisyal at mga mambabatas. Naghahanda rin ang grupo ng isang manifesto na layuning kumalap ng libu-libong pirma sa buong bansa.

Nagpahayag ng suporta sa pagkilos ng grupo ang Paghugpong sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras (Pamanggas), panrehiyong balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). “Makikita sa kasalukuyang administrasyon ang pagsawalang-bahala sa lokal na produksyon at kapakanan ng mga apektadong magsasaka dahil sa pangungurakot at hindi demokratikong pamamahala nito,” pahayag ng Pamanggas.

Anang grupo, simula noong 1986 nang naitayo ang SRA ay tuwirang nanatili at lumala ang mahinang kontrol at regulasyon ng gubyerno sa industriya ng asukal. Dagdag nito, dahil sa ganitong mga hakbang ng gubyerno ay nanganganib na tuluyang mamatay ang lokal na industriya ng bansa.

Sa araw ding iyon, nagprotesta ang mga magtutubo at manggagawang-bukid sa tubuhan sa harap ng upisina ng SRA sa Bacolod City. Pinangunahan ng National Federation of Sugar Workers (NFSW)-Negros ang pagkilos.

Ayon sa grupo, nabigo ang Department of Agriculture (DA) at SRA na ipaliwanag kung ano ang dahilan ng pagbaba ng presyo ng asukal. “Ang papel ng SRA ay tila palamuti na lamang at walang silbi kundi ang pagtakpan at pagsunod sa utos ng mga malalaking burgesyang kumprador at

mga higanteng internasyonal at lokal na sugar traders," ayon sa NFSW-Negros.

Lubhang dismayado ang grupo dahil nakasalalay ang buhay at kabuhayan ng mga mamamayang Negrosanon, lalo na ang mga direktang nabubuhay sa industriya ng asukal sa isla. Nasa 380,000 ang mga manggagawang-bukid sa tubuhan, humigit-kumulang 18,000 na manggagawa sa sentral, at 80% na maliliit na plantador na mga ARB (Agrarian Reform Beneficiaries).

Dagdag ng grupo, ang miserableng kalagayan ngayon ang magbubunsod ng iba't ibang anyo ng pakikibaka upang depensahan ang kanilang buhay at kabuhayan. "Ito ang huhubog sa mga pinagsasamantalahan na harapin ang hirap at sakripisyo upang makamit ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon," anito.

## Ghost project ng DMW at DFA sa US at Taiwan, pinaiimbestigahan ng mga Pilipinong migrante

Enero 24, 2026

---

Samutsaring mga pasilidad ng Department of Migrant Workers (DMW) at Department of Foreign Affairs (DFA) ang natuklasan ng mga migranteng Pilipino na ghost, hindi o tumigil nang gumana.

Sa Taiwan, inilantad ni Father Joy Tajonera, isang Pilipinong-Amerikanong misyonerong pari, ang kawalan ng shelter o pansamantalang tuluyan ng gubyernong Pilipino para sa mga inabusong migranteng Pilipino. Ito ay matapos sabihin ng DMW na may inilaang pondo para rito.

Ayon sa DMW, naglalaan ang ahensya ng P5 milyon kada taon para sa mga shelter sa Taiwan na pinatatakbo ng mga non-government organzation at ng ahensya. Ngunit ayon kay Tajonera, tumigil ang suporta para sa shelter na kanyang pinangangasiwaan, ang Bahay Ugnayan, simula 2022. Bago nito, nakakatanggap ang shelter ng $2,500 kada buwan sa pamamagitan ng Manila Economic and Cultural Office (MECO) mula pa noong 2004. Napag-alaman din na naglaan ang ahensya ng P2.9 milyon para sa "MWO shelter" sa Taipei. Shelter ito na pinatatakbo diumao ng gubyerno ngunit kasalukuyang sarado. Kahit ang mga Pilipinong migrante ay hindi alam na mayroon ganitong pasilidad, ani Tajonera.

Maliban sa pondo at "ghost shelter," marami pang tanong kung saan ginagastos ang pondo ng DMW. Kabilang dito ang tungkol sa planong pagtayo ng "OWWA Global Center"sa Neihu District sa Taipei. Ayon sa mga migrante, kwestyunable ang lokasyon dahil may kamahalan ang inuupahang espasyo ng mga ahensya. Ganito rin ang naging kwestyon sa pagtatatag ng naunang OFW Global Center sa United Center, Admiralty Building, isa sa may pinakamahal na espasyo para sa mga upisina sa Hong Kong. Ang global center ay

inilakong pasilidad para diumano sa mga pagsasanay at pahingaan ng mga migrante. Sa halip na mapunta ang badyet para sa mamahaling pasilidad, sana ay inilaan ito para sa serbisyo at tulong para sa mga nangangailangan na migranteng manggagawa.

Sa US, kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-USA Washington ang ghost project ng Department of Foreign Affairs na Philippine Consulate sa Washington DC. Sa kabila ng nakalaan na pondong P83,732,000 milyon ($14 milyon) para sa taong 2025 at P88.9 milyon para sa 2026 para dito noong 2025 ay hindi parin mahanap kung nasaan ito o kung ano ang nangyari sa pondo.

Ayon sa grupo, matagal nang ay iginigiit ng komunidad ng mga Pilipino sa Washington ang pangangailangan na magkaroon ng serbisyong konsular sa syudad. Para matamasa ang serbisyo, kailangan pa magbyahe mula sa Washington at kalapit na syudad ang mga Pilipinong migrante at imigrante sa San Francisco City sa California. Noong 2022, naglunsad ng petisyon ang National Alliance for Filipino Concerns (NAFCON) para magkaroon ng permanenteng konsulado sa Washington State. Noong 2023 inanunsyo ng San Francisco Philippine Consulate General na magkakaroon na ng konsulado sa Washington. Ngunit matapos ang dalawang taon, wala pa ring konsulado sa naturang estado.

Dahil sa kawalan at halos pagkakait ng serbisyo ng konsulado at embahada ng Pilipinas para sa mga Pilipinong nangangailangan, inako ng

komunidad at organisasyon ng mga Pilipino sa US ang pagprotekta at pagbibigay ng serbisyo, partikular para sa mga Pilipinong biktima ng iligal na detensyon ng ICE at kanilang pamilya. Tanong nila: Saan napunta ang pondo na Assistance to the Nationals (ATN) ng DFA?

Nananawagan ang Bayan USA sa DFA na maglabas ng buong ulat hinggil sa badyet para sa 2025 at 2026 at iskedyul para sa pagbubukas ng konsulado sa Washington. Dapat din ilantad ng ahensya ang halaga ng badyet para sa ATN. Nananawagan din ang grupo para kay Bernice Santayana ATN Officer ng SFPCG na bumaba sa pwesto at managot sa sadyang pagsasawalang bahala sa karaingan ng mga Pilipinong imigrante na pinangangasiwaan niya, pakikipagsabwatan sa ICE at pagbalewala sa kalusugan at kaligtasan ng mga Pilipinong nasa detensyon.

## Grupong pangkaunlaran sa Negros Island, muling dumanas ng atake mula sa estado

Enero 24, 2026

---

Magkakasunod na kaso ng pag-atake at paglabag sa karapatang-tao ang dinanas ng mga tauhan ng grupong pangkaunlaran sa Negros Island na Paghidaet sa Kauswagan Development Group (PDG) Inc sa nagdaang mga linggo. Kinundena ng PDG Inc at Human Rights Advocates Negros (HRAN) ang mga atakeng ito ng rehimeng Marcos.

Noong Enero 18, tinangka ng mga pwersa ng 15th IB na dukutin si Joselito Macapobre, isang manggagawang pangkaunlaran PDG Inc at katulong ng mga magsasaka sa paglaban sa Hacienda Asia Plantation Inc (HAPI). Ayon sa ulat, bumabyahe sakay ng motorsiklo si Macapobre sa Barangay Caningay, Candoni nang bigla siyang hinarang ng isang itim na sasakyan.

Nakatakas si Macapobre at nakatakbo sa malapit na kabahayan at humingi ng tulong sa mga residente. Bago ang insidente, ilang ulit nang pinuntahan ng mga sundalo ng 15th IB ang biktima sa kanyang bahay at inakusahan na rekruter ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Samantala, naiulat rin ang pananakot ng mga sundalo kay Analyn Merano, isa pang myembro ng PDG Inc noong Enero 16 at 17. Nakatanggap ng mensahe sa selpon si Merano mula sa nagpakilalang myembro ng National Intelligence Coordinating Agency (NICA) at binantaang sasaktan kung hindi "makikipagtulungan" sa ahensya.

Pinaratangan siyang nagtatrabaho sa "isang organisasyon na may ugnayan sa BHB." Inalok siya ng sahod ng ₱30,000 kada buwan at garantiya na magiging ligtas siya at kanyang pamilya kung "makikipagtulungan" siya sa militar.

Ayon sa PDG Inc, ang dalawang biktima ay aktibong katuwang ng mahihirap na magsasaka, katutubong mamamayan, at kaisa ng mamamayan sa pagtatanggol sa kalikasan. "Ang mga insidente [laban sa kanila] ay bumubuo ng malalalang

paglabag sa karapatang-tao at nagbabanta sa kaligtasan, kabuhayan, at demokratikong pakikilahok ng mga pamayanang nasa kanayunan," pahayag ng grupo.

Bago nila, ilang tauhan na ng PDG Inc ang inaresto sa kasong paglabag sa "terrorism financing" sa ilalim ng rehiemng Marcos. Kabilang dito sina Perla Pavillar, Federico Salvilla, at mga dating tauhan na sina Felipe Levy Gelle Jr at Clarissa Ramos.

Maliban sa kanila, inatake rin ng militar ang mga lider-masa at myembro ng mga organisasyong katuwang at tinutulungan ng PDG Inc. Nagaganap ang mga paglabag sa karapatang-tao na ito sa kalagitnaan ng mga operasyong kombat at Retooled Community Support Program (RCSP) ng militar sa mga komunidad.

Ilan sa mga kasong ito ang pananakot at pamimilit sa isang myembro ng lokal na samahang magasasaka. Pinilit siya ng militar na manmanan ang mga aktibidad ng PDG Inc at sa partikular, tauhan nitong si Merano.

Kinundena ng HRAN ang karahasang militar at militarisasyon ng mga komunidad ng mga magsasaka. Nanawagan din ang grupo sa mamamayan na ipaglaban ang karapatang-tao at kundenahin ang mga panunupil at panggigipit ng militar, kabilang na ang kalayaan sa asosasyon.

## 2 tropa ng 19th IB, napatay ng BHB-Northern Samar sa ambus

Enero 25, 2026

---

Inambus ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar (Rodante Urtal Command) ang nag-ooperasyong tropa ng 19th IB noong Disyembre 15, 2025 sa Barangay Poponton, Las Navas. Dalawang pasistang tropa ang napatay at may ilan pang nasugatan, habang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Bago nito, binigo ng isa pang yunit ng BHB-Northern Samar ang reyd at tangkang paglipol ng 19th IB sa kampo ng Pulang hukbo sa Barangay Gusaran, Silvino Lobos noong Disyembre 10, 2025. Isang pasistang tropa ang napatay habang isang Pulang mandirigma ang namartir sa labanan.

Samantala, iniulat rin ng pamprubinsyang kumand ang aktibong depensa nito laban sa 37-elementong yunit 19th IB na nagtangkang sumalakay noong Hulyo 22, 2025 sa kampo ng BHB sa Barangay L. Empon, Las Navas. Hindi bababa sa apat na tropa ng 19th IB ang napatay habang walang kaswalti sa yunit ng BHB.

Sa isang pahayag noong Oktubre 2025, idineklara ng 8th ID na mawawakasan na nito ang rebolusyonaryong kilusan sa buong Eastern Visayas sa pagtatapos ng 2025 sa pamamagitan ng “Paglimpyo Eastern Visayas.” Ayon kay Ka

Amado Pesante, tagapagsalita ng BHB-Northern Samar, patunay ang mga armadong aksyon ng hukbong bayan na bigo ang 8th ID at rehimeng Marcos sa hibang na layuning tuluyang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at bansa.

"Ang putok ng mga nasabing aksyong militar ay nagpapatunay ng patuloy na pagbigo ng BHB sa Northern Samar sa todo-gyera ng pasistang militar," pahayag ni Ka Amado. Dagdag niya, hindi magiging posible ang mga ito kung wala ang malalim na suporta mula sa masang magsasaka.

## Pagdiriwang sa ika-57 anibersaryo ng PKP, inilunsad sa Batangas

Enero 25, 2026

---

Nakapaglunsad ng pagdiriwang ang rebolusyonaryong kilusan at masa ng Batangas para sa ika-57 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 26, 2025. Isinagawa ito sa isang larangang gerilya sa prubinsya sa pangagasiwa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas (Eduardo Dagli Command).

Magkakasama sa aktibidad ang mga kadre ng Partido, ang yunit ng BHB at mga bisita mula sa iba't ibang sektor mula sa kanayunan at kalunsuran. Matagumpay itong naidaos sa gitna ng focused and sustained military operations (FSMO) ng berdugong militar.

Ang pagtitipon ay ginabayan ng temang "Pamunuan ang Daluyong ng Kilusang Masa

Tungo sa Pagpapabagsak sa Rehimeng US-Marcos! Palakasin ang Partido at Malalim na Umugat sa Masa!” Pinagpugayan sa aktibidad ang kasaysyan ng Partido sa prubinsya ng Batangas na nagsimula noon pang dekada 1970 at namuno sa maraming Batangueño na lumahok sa rebolusyonaryong kilusan.

Pinarangalan nila ang mga anak ng Batangas na nag-alay ng buhay para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Kabilang dito sina Ka Roger Rosal, Ka Eduardo Dagli at marami pang mga kadre ng Partido at Pulang mandirigma na mga naging haligi ng kilusan hindi lamang sa prubinsya kundi maging sa buong Southern Tagalog at sa bansa.

Sinariwa nila ang naging mga tagumpay ng masang Batangueño at kanilang pakikibaka, sa pamumuno ng Partido. Ilan dito ang matatagumpay na pamamahagi ng lupang sakahan ng mga magsasaka, pagtatayo ng mga unyon ang mga manggagawa, at pagpapasigla sa pakikibaka ng sektor ng kababaihan at mga kabataan, lalo na sa hanay ng kabataang estudyante.

Nagbigay-diin rin ang selebrasyon sa muling pagbabalik-aral sa mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at pag-aaral sa lokal at internasyunal na kalagayan sa ekonomya at pulitika. Bahagi ng programa ang pagtatalakay sa pahayag ng Komite Sentral at Komiteng Rehiyon ng Partido.

Naging masigla ang programa dahil sa mga kultural na pagtatanghal. Kinanta sa programa

ang mga awiting Higit na Matatag, Bandilang Pula, Martsa ng Manggagawang Pangkultura, at Martsa ng Nagkakaisang Hanay. Nagtanghal din ng awit-galaw ang mga Pulang mandirigma na naglarawan ng isang taktikal na opensiba kasabay ng isang exhibition ng iba't ibang self-defense techniques laban sa pasistang kalaban. Itinanghal rin ang balagtasang Rebolusyon ba'y Magtatagumpay na nagtalakay sa mahalagang aral laban sa suhetibismo at pesimismo.

Buong buwan ng Disyembre 2025 ay naghahanda ang BHB-Batangas para sa pagtitipon. Unang hati pa lang ng buwan ay nag-eensayo na ang Pulang Bandila, pangkuluturang yunit ng BHB-Batangas. Kasabay ng mga preparasyon, nagpursige ang yunit na makapagpadalo ng mga bisita at matagumpay silang naihatid sa pagdadausan ng selebrasyon.

Batid ng Partido at BHB-Batangas na hindi magtatagumpay ang pagdaraos ng anibersaryo kung wala ang mainit na suporta ng masa. Malaki ang pasasalamat nila sa lahat ng naging katuwang ng hukbo para sa pagdiriwang.

Sa pagtatapos ng programa, nagpahayag ng determinasyon ang BHB-Batangas at mga pwersa sa lungsod na pasisiglahin pa ang pag-ugat sa masang pinaglilingkuran. Anila, matapat nilang babalikatin ang anumang sakripisyo hanggang sa tagumpay.

# Pagpatay ng tauhan ng CAFGU sa upisyal ng 80th IB, patunay ng kabulukan ng AFP—BHB

Enero 25, 2026

---

Hindi na ikinagulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command) ang kaso ng pamamaril at pagpatay ng mga tauhan ng CAFGU (Citizen Armed Force Geographical Unit) Active Auxiliary sa isang upisyal militar ng 80th IB noong Enero 20. Napatay ang isang "Sgt. Mark" nang nagkapikunan habang nag-iinuman sa detatsment militar sa Sityo Macaingalan, Barangay Puray sa Rodriguez, Rizal.

Ayon sa ulat, ang pamamaril ay bunsod ng matagal nang kinimkim na galit ng CAFGU sa "pagdidisiplina sa kanyang pag-iinom ng alak" ng lasing din na upisyal militar. Ang sarhento ang tumatayong ikalawang kumander ng 80th IB sa naturang detatsment. Humaharap sa kasong pagpatay ang isa sa tatlong CAFGU, habang ang dalawa ay sinampahan ng illegal discharge of firearms.

"Patunay [ito] ng mersenaryo, bulok at marahas na kultura at tradisyon ng AFP-PNP-CAFGU na nagreresulta sa panloob na kaguluhan mismo sa hanay ng mga myembro nito—kapwa upisyal at karaniwang kawal," ayon kay Macario Liwanag (Ka Karyo), tagapagsalita ng BHB-Rizal.

Aniya, notoryus ang 80th IB at CAFGU sa Barangay Puray sa kanilang paglalasing at pamamaril sa baryo. Noong 2024, may kahalintulad na ring balita ng pamamaril ng miyembro ng 80th IB sa kapwa sundalo sa mismong sentro ng barangay.

"Katunayan, isa sa mga dinadaing ng mamamayan sa lugar at mga karatig barangay ang ugali ng mga sundalo ng 80th IB na mag-inuman at walang-patumanggang mamaril bilang bahagi ng kanilang kasiyahan," dagdag ng tagapagsalita.

Bukod umano sa mga kaso ng paglalasing at pamamaril, naitala rin ang pamemerwisyo ng 80th IB sa Rodriguez sa pag-istasyon sa paaralan at panggugulo sa klase ng mga bata sa Sityo Kwinaw ng Barangay Puray, at ang magtatatlong taon nang pag-istasyon sa kalapit ng mga bahay sa Sityo Ilas ng parehong barangay.

"Nananawagan kami sa mamamayang Rizaleño na magkaisa at palakasin ang pakikibaka upang palayasin ang 80th IB sa Rizal," ayon kay Ka Karyo. Aniya, nararapat nang kumilos ang taumbayan upang hindi na madamay ang mga sibilyan sa mga ganitong kaso ng pamamaril at mga paglabag sa karapatang-tao.

Hinamon rin niya ang mga tauhan ng CAFGU na talikuran na ang pagsisilbi sa reaksyunaryong Armed Forces of the Philippines (AFP). "Kung nais ninyong tunay na maglingkod sa bansa, piliin ninyo ang tanging hukbo na mahaba ang kasaysayan sa pagtatanggol sa interes ng masa, nagtatamasa ng demokrasya sa loob ng hanay at

may bakal na disiplinang nagpapatibay ng ugnayan nito sa mamamayan—ang Bagong Hukbong Bayan," aniya.

Ganito rin ang inihayag ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng panrehiyong kumand ng BHB sa Southern Tagalog (Melito Glor Command). Aniya, marami sa mga magsasakang nagka-CAFGU ay nagmula sa maralitang magsasakang napipilitan lamang na sumapi dahil sa hirap ng paghahanap ng trabaho at desperadong kumita ng pera.

"Ginagawa silang traydor sa sariling uring pinagmulan upang lalo pang masadlak sa hirap at maging kasangkapan sa pagsupil sa paglaban para sa lupa, kabuhayan at karapatan ng masang anakpawis," aniya. Ayon kay Ka Cleo, nararapat lamang na iwanan na ng mga CAFGU ang kanilang hanapbuhay at pumanig sa makatarungan at makauring laban ng mga magsasaka.

## "Learning Tour" ng mga bata sa kampo ng militar, kinundena

Enero 25, 2026

---

Kinundena ng Salinlahi Alliance for Children's Concerns at Parent's Alternative on Early Children Care and Development Inc, (PAECCDI) ang ginawang "educational tour" na pinangasiwaan ng 89th IB para sa 150 estudyante ng preschool (edad 4-6 anyos) mula sa Child Development

Centers ng Barangay North, Poblacion Maramag, Bukidnon noong Enero 15.

Sa ilang litrato sa kanilang Facebook page hinggil sa kanilang gawain para sa “pakikipag-ugnayan sa komunidad” at “pag-unlad ng mga kabataan,” makikita ang isang sundalo na nagpapahawak ng iba’t ibang tipo ng baril sa mga bata.

Ayon sa PAECCDI, bagama’t totoo na may karapatan ang mga bata sa impormasyon na angkop sa kanilang edad tulad ng kamalayan hinggil sa mga tao sa kanilang komunidad, kwestyunable pa rin kung tama ba na malantad ang mga bata sa mga baril sa pagtatabing na ito ay para sa “pag-unlad ng mga kabataan”.

“Ang pagsusulong ng ‘nation building’ sa mga bata ay dapat isagawa sa isang siyentipiko at sensitibong paraan na may akma na hakbang upang matiyak na maprotektahan ang mga bata mula sa lahat ng porma ng karahasan,” paliwanag ng grupo.

Ayon sa Salinlahi, taliwas sa nais palabasin ng militar sa publiko, kailanman ay hindi naging positibo ang mga pakikipag-ugnayan ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga bata.

Anito, samutsari ang naging paglabag ng AFP sa karapatan ng mga bata, kabilang ang pagdukot, iligal na pag-aresto, tortyur, panggigipit at panggagahasa. Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos Jr, umabot sa 30 na menor de edad ang pinaslang ng AFP.

Kabilang sa mga pinatay ng AFP sina Kylene Casao, 9 anyos mula sa Batangas; JP Osabel, 14 anyos at Rey Belan, 17 anyos mula sa Masbate. Nitong Enero lamang, dalawang bata na nagkokopra ang pinaputukan ng mga sundalo sa Samar. Nakatakas ang isa habang di na nakita ang isa pa.

Anang grupo, hindi dapat makalimutan na tropa ng AFP ang nambomba sa mga eskwelahan at komunidad ng lumad sa Mindanao. Ang mga sundalo din ang nambomba sa komunidad ng Abra de Ilog, Occidental Mindoro na naging dahilan ng pagkapaslang ng tatlong bata na Mangyan-Iraya, dagdag ng grupo.

"Karapat-dapat na mapahiya ang 89th IB sa pagkilos nila na may karapatan silang turuan ang mga bata sa kahalagahan ng patriyotismo, disiplina at serbisyo. Mismong rekord ng AFP ang magpapatunay na instrumento lamang sila ng karahasan at pang-aabuso sa mga bata," pahayag ng Salinlahi.

## ICC, itinakda ang kumpirmasyon sa kaso ni Duterte sa Pebrero

Enero 27, 2026

---

Itinakda na ng International Criminal Court (ICC) ang pagdinig para sa kumpirmasyon ng mga kaso laban sa dating pangulo na si Rodrigo Duterte sa Pebrero 23. Ito ay matapos magdesisyon ang korte na siya ay "fit to stand trial" alinsunod sa

rekomendasyon ng grupo ng independyenteng mga duktor. Unang itinakda ang kumpirmasyon noong Setyembre 23, 2025.

Ipinagpaliban ang pagdinig dahil sa petisyon ng mga abugado ni Duterte para sa walang taning na pagpapaliban dahil wala diumano siya sa wastong kaisipan para harapin sa paglilitis. Nahaharap si Duterte sa tatlong bilang ng kasong krimen laban sa sangkatauhan bunga ng kanyang huwad na gera kontra-droga. Matutuloy na ang paglilitis matapos ang kumpirmasyon.

“Dapat mapatigil nito ang drama na (si Duterte) ay matanda at lubha nang mahina…malinaw na itinuturing ng Korte na maalam siyang tao na may pag-unawa kung ano ang ikinaso sa kanya,” pahayag ni Atty. Krissy Conti, isa sa mga abugado ng mga pamilya ng mga biktima. “(H)anda kami para sa araw na iyon, at para sa bawat araw na didinggin ang kaso sa korte.”

Matatapos din nito ang mga pagtatangka ni Duterte sa nakaraang limang buwan na pigilan ang paglilitis, ayon kay Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan.

“Desperado sina Duterte at mga kasapakat niya na ipatigl ang proseso dahil wala silang kahit anong depensa sa mga krimeng ginawa nila,” ani Palabay. “Hanggang ngayon, siya pa rin ang brutal at walang pagsisising tirano gaya noong nasa poder pa siya.”

## Kaso laban sa 7 residente ng Dupax del Norte, ibinasura ng piskalya

Enero 27, 2026

---

Ikinagalak ng mamamayan ng Nueva Viscaya, mga grupong makakalikasan, taong simbahan at mga sumusuporta sa laban kontra-mina ang pagbabasura ng piskalya sa isinampang kaso laban sa pitong residente ng Dupax del Norte noong Enero 26. Iligal na inaresto ang pito habang nasa barikada at walang batayang idinetine dahil sa kanilang pagtutol sa pagpasok ng Woggle Corporation sa kanilang komunidad.

Idineklara ng Prosecutor’s Office ng Nueva Vizcaya na walang batayan ang ikinasong “resistance and disobedience against person in authority” laban sa pitong residente at ang idinagdag na kasong “obstruction of justice” laban kay Florentino Daynos, isa sa mga lider ng komunidad. Ang mga inaresto ay sina KagawadKrislyn Pocda, Adela Modi, Analiza Balliao, Amelia Rabino, Janet Macari atSonnette Bullecer.

Ayon sa Save Cagayan Valley, ang pagbasura sa gawa-gawang kaso ay sampal sa mukha sa rehimeng US-Marcos Jr. Ibinunyag nito ang kabiguan ng estado na pangalagaan ang kalikasan at itaguyod ang karapatan ng mga komunidad laban sa mapanirang mga gawain sa pagmimina.

Sa parehong araw, nagprotesta ang Migrante United Kingdom, lnternational Coalition for Human Rights in the Philippines (ICHRP)-Britain at London Philippine Solidarity sa upisina ng Metals Exploration PLC, ang parent company ng Woggle Coporation sa London, upang kundenahin ang kumpanya sa patuloy nitong pang-aabuso, pananakot at karahasan laban sa mga magsasaka at katutubo ng Dupax del Norte.

Naglunsad ang mga grupo sa UK ng kampanyang "British Mining Out of the Philippines" upang ipanawagan ang pagwawaksi ng operasyong mina ng mga kumpanya mula sa Great Britain na patuloy na dumarambong at sumisira sa likas na yaman ng Pilipinas at lumalabag sa karapatang-tao.

Binigyang-diin ng mga raliyista na malaki ang epekto ng pagmimina sa mga komunidad, dahil nalalagay nito sa panganib ang kabuhayan ng mga magsasaka at katutubo, gayundin ang kanilang tahanan, lupang sakahan, ekosistema ng kagubatan, at ang mahalagang tipunan ng tubig na sumusuporta sa isa sa mga pangunahing rehiyon ng bansa sa produksiyon ng pagkain.

## Lupa sa Hacienda Luisita, muling ipinanawagang ipamahagi na

Enero 27, 2026

---

Mahigit 150 magsasaka at manggagawang-bukid mula sa Hacienda Luisita, Tarlac, ang nagprotesta

sa harap ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Quezon City noong Enero 26 para kundenahin ang labis nang nabalam na pamamahagi ng lupa at laban sa pang-aagaw ng kanilang lupa ng mga burgesya kumprador. Mariin nilang kinundena ang malawakang pagpapalit-gamit ng lupa o land-use conversion at pasismo at militarisasyon sa asyenda.

Pinangunahan ang protesta ng Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) at Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA).

“(Noong) 2012 pa ang desisyon ng Korte Suprema na ipamahagi ang halos 4,915.75 ektarya ng asyenda,” ayon sa bise presidente ng AMBALA na si Leonarda “Ka Leoning” Trinidad. Pagkatapos ng halos 14 taon, papakasangkapan pa rin ba ang DAR sa mga landgrabber?”

Binatikos niya ang plano ng angkang Cojuangco-Aquino-Lorenzo at mga dambuhalang korporasyon ng mga Aboitiz at Ayala, na agawin ang lupa at ilaan ito sa tinaguriang “Master Plan” na pakikinabangan lamang ng iilan. Sa “master plan” na ito, magtatayo ang Ayala Lands at Avida Land ng komersyal na mga gusali at pasilidad tulad ng parke, daanan at pabahay sa 290 ektaryang lupang agrikultural. Kakamkamin naman ng Aboitiz Group ang 384 ektaryang lupa para sa gamit “industriyal” at komersyal.

“Buwitre ang Ayala Land at Aboitiz Group sa agad na pagsunggab sa paghihirap ng mga pesante ng Luisita,” ayon kay Ariel ‘Ka Ayik’ Casilao ng UMA.

“Hindi lamang karapatan sa lupa ang niyuyurakan ng rehimeng US-Marcos Jr. na kasabwat ng mga landlord-komprador,” ayon kay Casilao. “Sa pamamagitan ng militarisasyon, niyuyurakan pati ang karapatang mag-organisa, magpahayag, at magprotesta.”

“Ang mga napipintong kumbersyon tungong non-agricultural use ay ilan lamang sa mga pinakabagong pang-aagaw ng lupa mula sa aming mga pesante,” ayon kay Ka Leoning. “At maski mga lumang isyu ng pangangamkam sa Luisita, nagpapatuloy pa rin.”

## Bagong grupo ng mga katutubo na kontra Apayao Dam, itinatag

Enero 28, 2026

---

Nagtipon ang mga residente at katutubo sa Kabugao, Apayao noong Enero 16 sa Community Learning Center upang itatag ang Kagdu Kabugao Association for the Defence of Community and Environment (Kagdu), grupo na laban sa proyektong Gened Hydropower dam. Ang kagdu ay kakampi o kasama sa wikang Isneg.

Ayon kay Jennymar Melad, tagapangulo ng Kagdu, itinatag ang grupo upang pahigpitin ang pagkakaisa at mapatibay ang desisyon ng komunidad hinggil sa laban sa proyektong dam. Ang Kagdu ay sangay ng United Apayao Environmental and Cultural Community Organization Inc. (United Apayao). Itinatag ito ng

mga dating kasapi matapos mapansin nilang hindi nagsisikap ang pamunuan na muling tipunin ang mga komunidad na dati nitong pinagsilbihan.

Ayon sa grupong Alyansa ti pesante iti Kordiliera (Apit Tako), kapag matapos ang imbakan ng tubig, aabot sa 19 na barangay, na bahagi ng katutubong lupain ng Isnag, ang lulubog. Nasa 900 ektarya ang malulubog kapag natapos ang Gened 1 Hydro Electric Power Plant (HEPP), kabilang dito ang mga barangay ng Waga, Bulu, Magabata, Laco, Poblacion, Luttuacan at Nagbabalayan sa bayan ng Kabugao at barangay Lt. Balag sa bayan ng Pudtol. Nasa 500 ektarya naman ang maapektuhan ng Gened 2 HEPP, kabilang ang mga barangay ng Madatag, Dibagat at Tuyangan sa bayan ng Kabugao. Maaring lalo pang lumala ang paglubog ng mga komunidad at pagbaha sa mga komunidad na nasa itaas na bahagi ng Ilog. Mahaharap sa katulad na panganib ang mga bayan sa ibabang bahagi tulad ng Flora, Sta. Marcela at Luna.

Noong Nobyembre 2025, naglunsad ng surbey ang kumpanya sa mga residente na nakatira sa inihain na daanan para sa site ng Gened 2. Ayon sa mga residente barangay Madatag, minarkahan ng mga trabahador ng kumpanya ang mga puno na planong putulin, habang sinasamahan sila ng mga pulis.

Naglunsad ng pulong ang meyor Kabugao at gubernador ng Apayao sa mga residente hinggil sa renegosasyon sa MOA para sa proyektong Gened 1 at iba pang usapain sa Gened 1 at 2 noong Nobyembre at Disyembre 2025. Ayon sa mga

residente, sa kabila ng hindi pagkakasundo hinggil sa binagong MOA, ipinasok pa rin ng kumpanya ang mabibigat na makinarya para sa konstruksyon ng Gened 2 noong huling linggo ng Disyembre.

Ang mga dam ay proyekto ng Pan Pacific Renewable Power Philippines Corporation (Pan Pacific), subdisyaryo ng San Miguel Corporation, kumpanyang pagmamay-ari ni Ramong Ang.

## Katutubong mamamayan ng Benguet, muling nagprotesta kontra proyektong mina

Enero 28, 2026

---

Muling nagprotesta ang katutubong mamamayan at residente ng dalawang barangay ng Itogon, Benguet noong Enero 27 para tutulan ang pagpapalawak ng operasyon ng Sangilo Mines, pag-aari ng Itogon-Suyoc Resources, Inc. (ISRI). Itinaon ang pagkilos sa isinagawang "public scoping" na ipinatawag ng Department of Environment and Natural Resources-Environmental Management Bureau (DENR-EMB) sa Barangay Tuding.

Ang "public scoping" ay isang paunang hakbang na isinasagawa ng DENR-EMB para sa Environmental Impact Statement (EIS) o Environmental Impact Assessment (EIA) para sa isang takdang proyekto. Sinasabing layunin nito na dinggin ang mga isyu, hinaing at mungkahi ng

mga maaapektuhan ng pagmimina at para maitakda ang saklaw ng pag-aaral kaugnay nito.

Sa halip na lumahok sa pagpupulong ng DENR-EMB, isang protesta ang isinagawa ng mga taga-Sityo Dalicno ng Barangay Ampucao at Barangay Poblacion para tuligsain ang proyekto. Ayon sa Itogon Interbarangay Alliance (IIB-A), huwad ang isinagawang pampublikong konsultasyon dahil sa hindi sapat na pagpapabatid sa mga komunidad kaugnay nito.

Ang sinasabing dokumento na mula sa DENR-EMB, na may petsang Enero 8, ay natanggap lamang ng lokal na gubyerno ng Itogon noong Enero 14. “Binigyan lamang ang publiko ng 13 araw para suriin ang isang napaka-teknikal na dokumentong may 170 pahina, na hindi makatuwirang asahan na lubos na mauunawaan ng isang karaniwang mamamayan,” ayon sa IIB-A.

Dagdag ng grupo, limitado rin ang akses ng publiko sa naturang dokumento dahil hindi maaaring mag-download ng sariling kopya ang sinuman at sa halip ay kailangang i-akses online.

“Nananawagan kami sa lahat ng kaukulang mga ahensya ng regulasyon na magtakda at magsagawa ng komprehensibo at malaya (hindi kontrolado ng nagsusulong ng proyekto) na mga pag-aaral sa hydrogeology at pagsusuri sa konstruksyon ng dam,” ayon sa grupo. Dagdag ng IIB-A, higit sa lahat ay dapat tiyakin ang tunay at wastong proseso ng free, prior, and informed consent (FPIC) na iginagalang ang karapatan ng mga katutubong mamamayan.

Ang ekspansyon ng Sangilo Mines sa Sityo Dalicno ay pinahintulutan sa bisa ng Application for Production Sharing Agreement (APSA) 103. Ito ay isang kasunduan ng ISRI at gubyerno na magpapahintulot ng pagmimina sa 581 ektaryang lupa na nasa saklaw ng mga barangay ng Virac, Poblacion, at Ampucao. Sa bisa nito, papayagan ang kumpanya na makapagmina ng 22 milyong tonelada ng gold-bearing ore sa loob ng 25 taon.

Simula pa dekada 1930 ay nag-ooperasyon na ang ISRI sa Benguet. Sa kasalukuyan, ang kumpanya ay pagmamay-ari ng Apex Mining Corporation Inc ni Enrique Razon Jr.

Simula pa Agosto 2020 ay tinutuligsa na ng mga katutubong mamamayan at residente ang ekspasyon ng proyektong mina. Inilantad nila ang mga anomalya sa kada yugto ng prosesong dinadaanan ng ISRI at ng mga ahensya ng gubyerno para rito. Naglunsad ang mga residente ng protesta, karaban, pagsasampa ng mga kasong sibil at iba pang tipo ng sama-samang pagkilos para mapahinto at tuluyang maibasura ang proyekto.

## Malawakang protesta sa kampus, inilunsad ng mga estudyante nitong Enero

Enero 28, 2026

---

Sa pagbabalik-kampus nitong Enero, kaagad nagtipon at naglunsad ng protesta ang mga

konseho ng mag-aaral, progresibong grupo at kabataang estudyante sa kani-kanyang kampus. Daan-daang estudyante ang nagtipon para patuloy na ipaglaban ang kanilang demokratikong karapatan, singilin ang rehimeng Marcos sa malawakang korapsyon at labanan ang panunupil.

Sa University of the Philippines (UP) System, inilunsad ang mga protesta sa mga kampus mula Baguio City hanggang Davao City. Ang mga pagkilos na ito ay binansagang “first day fight” o protesta ng pagsalubong sa unang araw ng bagong semestre.

Ayon sa UP Office of the Student Regent, may mga laban na kailangang ipagpatuloy sa pagsisimula ng bagong semestre sa unibersidad. Dagdag nito, buo ang loob ng mga iskolar ng bayan na haharapin ang mga hamon na ito ngayong taon.

Noong Enero 19, mahigit 550 estudyante ang nagmartsa sa UP Los Baños sa Laguna para magprotesta. Muli silang naglunsad ng pagkilos noong Enero 23. Malawakang lumahok sa protesta ang mga konseho, organisasyon at kapatiran sa mga pagkilos.

Sa UP Manila, mahigit 100 estudyante ang kumilos sa unang protesta sa kampus noong Enero 19. Sa araw ding iyong nagprotesta ang mga konseho at grupo sa UP Visayas Miag-ao at UP Tacloban. Noong Enero 20, daan-daan ang kumilos sa mga protesta sa UP Baguio, UP Clark sa Pampanga, UP Diliman at UP Cebu. Sa UP Diliman naglunsad muli ng mga protesta noong Enero 22 at 27.

Inilunsad naman ng konseho ng UP Open University ang isang protesta sa pasilidad nito sa Quezon City noong Enero 24. Sa UP Mindanao, kumilos ang mga estudyante noong Enero 27 sa kampus sa Davao City.

Sa Polytechnic University of the Philippines, dalawang beses na nagsagawa ng lokal na pagkilos noong Enero 15 at 21 ang mga konseho ng mag-aaral at progresibong grupo sa kampus sa Sta. Mesa sa Maynila.

Sa Technological University of the Philippines-Manila, kumilos ang mga estudyante noong Enero 19.

Mga pagkilos sa pribadong unibersidad

Sa Saint Louis University sa Baguio City, nagprotesta ang mga kabataan at estudyante noong Enero 12. Sa araw ding iyong kumilos ang mga kabataan ng Far Eastern University sa Morayta, Maynila.

Noong Enero 19, naglunsad ng isang pag-aaral ang mga progresibong grupo sa University of Santo Tomas hinggil sa pasismo ng rehimeng Marcos, Red-tagging at tahasang pag-atake sa akademikong kalayaan sa unibersidad. Sinundan nila ito ng isang protesta sa geyt ng kampus noong hapon sa araw na iyon.

Sa De La Salle University-Manila sa Taft Avenue sa Maynila, naglunsad ng protesta ang mga estudyante noong Enero 5. Tahasang sinupil at ipinatigil ng administrasyon ang kilos protesta.

Sa Ateneo de Manila University, nagprotesta ang mga grupo at estudyante sa kampus noong Enero 8, 16 at 24.

Noong Enero 23, isang pagkilos ang isinagawa ng mga estudyante ng Univeristy of San Carlos sa Cebu City. Tinutulan nila ang panukalang pagtataas ng matrikula sa unibersidad.

## Pamamahagi ng alawans ng mga manggagawang pangkalusugan, muling iginiit

Enero 28, 2026

---

Naglunsad ng noise barrage at protesta ang mga manggagawang pangkalusugan mula sa apat na mayor na ospital noong Enero 28 upang ipanawagan ang pamamahagi ng matagal nang utang ng gubyerno na medical allowance sa taong 2025 at 2026.Kasama sa mga nagprotesta ang mga manggagawang pangkalusugan ngPhilippine Heart Center (PHC), National Kidney Transplant Institute (NKTI), Philippine Children’s Medical Center (PCMC) at Lung Center of the Philippines (LCP). Nagkakahalaga ng P7,000 ang medikal alawans.

Kabilang din sa ipinananawagan ng mga manggagawang pangkalusugan ang P36,000 na paunang sahod o “entry level” para sa mga manggagawa, P50,000 na paunang sahod para sa mga nars at iba pang prospesyunal na pangkalusugan, seguridad sa trabaho at

malawakang pag-empleyo ng regular na manggagawang pangkalusugan upang matugunan ang kronikong kawalan ng istap sa mga pampublikong ospital.

"Habang patuloy kaming nagbibigay ng dekalidad na pangangalaga sa mga pasyente, patuloy na binabalewala ng pamunahan ng ospital ang aming lehitimong mga kahilingan. Hindi dapat mapilitan ang mga manggagagawang pangkalusugan na magprotesta para lamang makuha ang nararapat para sa amin. Ang alawans na ito ay hindi pribilehiyo, ito ay benepisyo na nakuha ng mga manggagagawang pangkalusugan at iba pang empleyado ng gubyerno dahil sa kanilang ilang taon na pagbibigay ng serbisyo," paliwanag ni Jocelyn Guinto, presidente ng NKTI-Alliance of Health Workers (AHW).

Ang protesta, ay ikatlong kolektibong pakilos na inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan mula sa mga ospital na kontrolado at pagmamay-ari ng gubyerno. Sa kabila nito, nanatiling kimi ang managament at walang tugon sa kanilang hinaing,

Palusot ng management ng GOCC (Government owned and controlled) na ospital, saklaw na ng Magna Carta of Public Health Workers ang benepisyo na kanilang nakukuha kabilang ang pagpapapagamot at serbisyo, kaya't hindi na sila kailang bigyan pa sila ng alawans, sa ilalim ng Executive order no. 64.

Ayon naman sa Department of Health (DOH), ang mga apektadong manggagawang pangkalusugan

ay maaring mag-apila hinggil sa pagkakait ng kanilang benepisyo sa board of trustees ng mga ospital. Ito ang may awtoridad na magdesisyon sa usapin ayon sa batas, anito,

Giit ng mga manggagawang pangkalusugan, wala ng dahilang para mag-apila sa mas mataas na awtoridad dahil ang EO 64 ay inaprubahan ng presidente ng bansa. Anila, mas usapin ay kung bakit hindi pinatutupad ng DOH at management ng GOCC ang probinsyon, samantalang malinaw na isinasaad nito na kabilang sila sa dapat makatanggap ng benepisyo.

"Sa aming kaso sa PCMC, bukod sa hindi nila ibinigay ang aming alawans para sa 2025, kahit ang aming insentiba ayon sa Collective Negotiations Agreement (CNA) na ₱30,000 para sa parehong taon ay hindi pa rin nailalabas, dahil umano sa kakulangan ng pondo. Lagi na lang ba ganito?" pahayag ni Douglas Tagapulot, nars at presidente ng PCMC Employees Association-AHW. Binatikos nya ang sinasabing walang pondo ang gubyerno, pero bilyun-bilyon ang nawawala dahil sa korapsyon.

Aniya, naibigay na ang alawans ng ibang manggagawa mula sa ibang ospital at sibilyan na ahensya para sa 2026, habang ang mga manggagawang pangkalusugan ay di pa nabibigyan ng alawans para sa 2025.

Nananawagan ang mga nagprotesta sa mga senador at kongresista na imbestigahan ang isyu na ito. Giit nila na dapat ibigay ang alawans sa porma ng pera sa halip na idaan sa sa iskemang

HMO o insurans sa kalusugan. Dapat ibigay ang benepisyo nang buo at walang bawas. Kagyat na kailangan ng mga manggagawang pangkulusugan at iba pang empleyado ng gubyerno ang pera upang matugunan ang kanilang medikal at personal na pangangailangan, anila.

## Umiigting na karahasan ng ICE sa US, kinundena ng mga Pilipino-Amerikanong aktibista

Enero 29, 2026

---

Mariing kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-USA ang umiigting na impunidad at karahasan ng Immigration and Customs Enforcement (ICE), Customs and Border Patrol (CBP) at lahat ng pwersa ng estado sa mga residente ng Minnesota sa kampanyan anti-migrante at imigrante ng gubyernong Trump. Nito lamang nagdaang mga linggo, dalawang residente na ang pinaslang at daan-daang imigrante kabilang ang kanilang mga anak ang dinukot ng mga ahente ng ICE habang ipinatutupad nito ang Operation Metro Surge.

Noong Enero 7, malapitang binaril ng isang ahente ng ICE si Renee Good, isang manunulat, nagmamaneho paalis mula sa grupo ng mga ahente. Noong Enero 24, pinatay naman ng dalawang ahente ng CBP si Alex Pretti, isang nars sa Veterans Affairs Hospital. Naganap ang krimen dahil ipinagtanggol ni Pretti ang isang babae na inatake ng mga ahente. Kabilang si Good at Pretti

sa mga nagpuprotesta laban sa pasismo ng ICE sa syudad. Tahasang ipinagtanggol ng Domestic Homeland Security, sa pangunguna ni Kristi Noem, ang mga krimen bilang lehitimong aksyon at tinawag ang mga biktima bilang “domestic terrorist”.

Lalong sumiklab ang galit at disgusto ng mamamayan sa rehimeng Trump dahil sa kawalang pananagutan at lantarang pagyatak ng mga ahente sa karapatang-tao ng mamamayan. Noong Enero 24 naglunsad ng pangkalahatang welga ang mamamayan ng Minnesota na tinawag na “Araw ng Katotoohanan at Kalayaan”. Libu-libong mga negosyo ang nagsara at libu-libong mamamayang ang humugos sa lansangan sa gitna ng napakalamig na klima (-29°C/-20°F) upang ipanawagan ang pagpalayas ng ICE sa kanilang syudad.

Matapos ang pamamaslang kay Pretti, mas dumami ang humugos sa lansangan. Hinarang ng mga raliyista ang komboy ng ICE upang pigilan sila sa pagdukot ng mga residente. Nagprotesta din sila sa mga hotel na tinutuluyan ng mga ahente at sa tindahang Target dahil sa lantarang nitong pagsuporta sa operasyon ng ICE. Kasabay nilang lumabas sa lansangan ang mamamayan sa Minneapolis, New York, Washington, Los Angeles at Sacramento upang makiisa sa kanilang laban at kundenahin ang pasismo ng ICE. Aktibong lumahok ang mga pambansang demokratikong organisasyong Pilipino-Amerikano sa US sa mga kilos protesta sa mga syudad.

Ayon sa Bayan USA, dapat labanan ng mamamayan ang impunidad ng ICE, CBP at lahat ng ahente ng estado, sa patuloy nitong pag-okupa sa mga lungsod, paghasik ng terorismo sa mga komunidad, pagdukot, pagdetine at pagdeport sa mga pamilya, kabilang ang mga bata.

Ayon sa grupo, dapat ding tigilan ng gubyerno ng Pilipinas ang kriminal na pakikipagsabwatan nito sa gubyerno ng US sa pagkunsinte nito at pagtatanggi na ipagtanggol ang mga Pilipinong migrante mula sa iligal na detensyon at deportasyon.

"Katulad ng ating pakikipagkaisa sa libu-libong mamamayan sa buong bansa upang mapalaya ang ating mga mahal sa buhay mula sa detensyon noong 2025, katulad ng libu-libong naglunsad ng pangkalahatang welga sa mga syudad sa gitna ng napakalamig na panahon, hindi kami susuko. Patuloy kaming mag-oorganisa at lalaban ang pasismo ng estado, mula sa US hanggang sa Pilipinas, hanggang sa lumaya ang mamamayan," pahayag ng grupo.

## 'Maramihang pagsuko' ng mga 'dating rebelde' sa Davao del Norte, pinagdududahan ng progresibong grupo

Enero 30, 2026

---

Kinwestyon ng Kapatid, grupo ng kapamilya at kaibigan ng mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas,

ang kamakailang ulat ng 10th ID ng Philippine Army na halos 100 “dating rebelde” ang “sumuko” sa Davao Del Norte noong Enero 27. Anang grupo, kaduda-duda ito laluna at ilang ulit nang idineklarang ubos na o wala nang pwersa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa prubinsya at buong Southern Mindanao.

“Ano pa ang katuturan ng ‘maramihang pagsuko’ kung ang Armed Forces of the Philippines (AFP) mismo ang paulit-ulit na naghahayag na halos nalipol na ang insurhensiya?” pagtatanong ng Kapatid. Idineklarang “insurgency-free” ang Davao del Norte noong Hunyo 2022 habang ang buong Davao Region noong Oktubre 2022.

Ayon sa militar, 74 sa mga kamakailang sumuko ay mula sa bayan ng Talaingod habang may 21 mula sa Agusan del Sur. Sinasabing nagsuko sila ng 29 na iba’t ibang mahihinang klase ng armas. Mula umano ang mga sumuko sa nabuwag nang mga larangang gerilya at yunit ng BHB-Southern Mindanao.

Kaduda-duda rin para sa Kapatid ang ulat na nakatanggap ng “food packs at financial assistance” mula sa lokal na gubyerno ang mga sumuko. “Sino ang nagpapatunay na ang mga indibidwal na ito ay tunay na dating mga rebelde? Ano ang mga pamantayan at mekanismo para masiguro ito?” pahayag ng grupo.

Dagdag nito, papaano naman at ano kaya ang kalagayan ng mga pinipilit sumuko pero tumatanggi sa kagustuhang ito ng militar. “Sila ba ang nagpaparami ng bilang ng mga hindi

naisasadokumentong mga bilanggong pulitikal?” ayon sa Kapatid. Pinatutungkulan ng grupo ang mga indibidwal na hinihinalang dating rebelde at mga pinasusuko na arbitraryong idinedetine nang walang taning sa mga kampo militar o safe house.

Sa huli, itinutulak ng grupo ang imbestigasyon sa ganitong iskema ng militar na lumalabag sa karapatang-tao at ginagamit para sa kikbak at korapsyon. “Kinakailangan ang isang imbestigasyon…upang linawin kung paano ba talaga ginagamit ang pondo ng bayan,” pahayag ng Kapatid.

## Hustisya, patuloy na sigaw ng mga manggagawa sa 25-taong isyu ng iligal na tanggalan sa Toyota

Enero 30, 2026

---

Nagpiket ang mga manggagawa ng Toyota, sa pangunguna ng Toyota Motor Philippines Corporation Workers’ Association (TMPCWA), sa upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros, Maynila noong Enero 26. Iginiit nila sa ahensya na tugunan na ang higit 25 taong usapin sa iligal na tanggalan at ang patuloy na pagkakait ng karapatan sa kolektibong negosasyon.

Noong 2001, mahigit 230 manggagawang myembro ng unyon ang “iligal na tinanggal” ng Toyota. Tinanggal sila kasunod ng paggigiit ng

unyon ng negosasyon para sa kanilang Collective Bargaining Agreement (CBA) sa kumpanya.

Kasunod ng maramihang tanggalan, nagkasa ng welga ang unyon noong Marso 2001. Apat pang kasapi ng unyon ang tinanggal ng kumpanya noong Agosto sa taong iyon. Nagmula ang mga manggagawa sa mga syudad sa Metro Manila, Cavite, Batangas, at Laguna.

Nakiisa ang Kilusang Mayo Uno-National Capital Region (KMU-NCR) sa protesta at panawagan ng unyon. Anang grupo, noon pang mga nakaraang taon ay naglabas na ng rekomendasyon ang International Labour Organization (ILO) na dapat resolbahin ng gubyerno ng Pilipinas ang usapin sa paggawa sa Toyota.

Anito, inatasan na ang DOLE na kumilos upang maisulong ang settlement ng kaso at matiyak ang pagsunofd sa mga pamantayan sa karapatan ng paggawa. Dismayado ang grupo dahil hanggang sa kasalukuyan ay nananatiling hindi naipapatupad ang mga rekomendasyong ito.

"Ang patuloy na pag-iral ng 25-taong labor dispute ay sumasalamin sa kawalan ng tunay na proteksyon sa karapatan ng mga manggagawa laluna laban sa malalaking dayuhang korporasyon," pahayag ng KMU-NCR. Hanggang walang resolusyon ang isyu ay magpapatuloy ang pakikibaka ng unyon at mga manggagawa ng Toyota para sa hustisya, anito.

# Laban ng mga empleyado sa GMA para sa regularisasyon, naipanalo ng asosasyon sa Korte Suprema

Enero 30, 2026

---

Inianunsyo noong Enero 24 ng Talents Association of GMA (TAG) ang pagkapanalo nila sa 11-taong kaso kaugnay sa regularisasyon laban sa GMA Network Inc. Sa Hulyo 16, 2025 desisyon ng ikatlong dibisyon ng Korte Suprema, kinilala nito ang mga talent ng GMA Network bilang regular na mga empleyado ng kumpanya at sa gayon ay nararapat na makatamasa ng seguridad sa trabaho at mga benepisyo.

Ang mga “talent” sa GMA Network o iba pang kumpanya sa midya ay mga kontraktwal na empleyado at nagtatrabaho sa bisa ng mga kontrata alinsunod sa “talent system.” Ito ang karaniwang kaayusan sa trabaho sa pagitan ng kumpanya at mga artista, host at performer nito. Sa kaayusang ito, itinuturing silang “independent contractor” sa halip na pultaym na mga empleyado.

Sa pagkapanalo sa kaso, idineklara ng korte na ang 94 na myembro ng TAG, karamihan mula sa News and Public Affairs Department ng kumpanya, ay mga regular na empleyado. Sila ay mga production assistant, tagasaliksik, manunulat, prodyuser, mga artista, koordineytor at cameraman.

Isinaad din sa desisyon na 50 sa mga myembro ng TAG na hindi na binigyan ng bagong kontrata o ibinasura ng GMA Network sa panahong umuusad ang kaso ay iligal na tinanggal. Inatasan ng korte ang kumpanya na bayaran ang separation pay at backwages ng mga empleyadong ito.

Nagsimula ang kaso noong 2014 nang isampa ito ng TAG sa National Labor Relations Commission (NLRC) dahil sa kawalan ng seguridad sa trabaho at akses sa benepisyo sa SSS, Pag-IBIG, at PhilHealth bilang mga kontraktal. Nagdesisyon ang NLRC noong 2015 pabor sa TAG na pinagtibay ng Court of Appeals noong 2019, na nagtulak sa GMA Network na iakyat ito sa Korte Suprema.

Ikinatuwa ng TAG ang desisyon ng Korte Suprema laluna at mayroon nang jurisprudence (o ligal na desisyon) para maprotektahan ang susunod na mga henerasyon ng mga manggagawa sa midya sa bansa. Ang desisyon ng Korte Suprema ay maaari pang iapela ng GMA Network sa pamamagitan ng isang motion for reconsideration, gayunpaman, itinuturing na itong “tagumpay” ng TAG.

Anang grupo, hindi naging madali para sa kanilang mga myembro ang pag-usad ng kaso at ang mismong pagsasampa ng kauna-unahang kaso ng ganitong tipo noong 2014. “Hindi dapat ito tumagal ng 11 taon. Ni hindi dapat ito nangyari,” ayon sa TAG.

Nanawagan ang TAG sa mga kumpanya sa midya, laluna ang mga broadcast network, na ibasura ang malaon nang umiiral na kontraktwalisasyon sa

pamamagitan ng “talent system.” Anito, panahon na para protektahan ang mga Pilipinong manggagawa sa midya.

Maraming grupo sa paggawa at progresibong partido ang bumati sa tagumpay ng TAG. Kabilang dito ang Gabriela Women’s Party (GWP) na naging katuwang ng mga empleyado ng GMA sa pagsusulong ng isang imbestigasyon sa mga paglabag ng GMA Network sa mga karapatan ng manggagawa.

Noong 2013, inihain ni dating GWP Rep. Emmi De Jesus ang House Resolution No. 1893 para imbestigahan ang kontraktwalisasyon ng GMA Network. Ayon sa GWP, ang tagumpay ng TAG ay dapat magsilbi ngayong babala sa lahat ng mga employer at kumpanya laban sa kontraktwalisasyon.

## Mga estudyante ng ADMU, nanindigan laban sa taas-matrikula

Enero 30, 2026

---

Tumindig laban sa panukalang taas-matrikula ang mga estudyante ng Ateneo de Manila University (ADMU) sa isang pagtitipon noong Enero 23. Nagtaas ng mga plakard na may panawagan kontra taas-matrikula ang mga estudyante sa isang pulong na ipinatawag ng Office of the Vice President for Higher Education kaugnay ng naturang panukala.

Ang naturang pulong ay para umano kalapin ang palagay, makapagtanong, at magbahagi ng mga panawagan sa mga lokal na isyu sa pamantasan. Kabilang dito ang pagtapyas ng mahahalagang espasyo sa loob ng kampus at ang panukalang 6% na taas-matrikula (TOFI o Tuition and Other Fee Increase).

Kabilang sa mga dumalo sa pagkilos ang mga myembro ng League of Filipino Students (LFS)-Katipunan. Ayon sa grupo, huwad ang layunin ng porum na direktang tugunan ang hinaing at katanungan ng mga estduyante at iba pang myembro ng ADMU.

“Ang mga maiinit na isyung iniangat sa diskusyon ay sinalubong lamang ng pawang mga palusot at mababaw na paliwanag,” ayon sa LFS-Katipunan. Dagdag nito, walang binanggit ang mga upisyal ng ADMU na mga kongkretong hakbang para tugunan ang mga isyung inihapag ng mga estudyante.

Pinakatampok sa mga isyung ito ang panukalang 6% TOFI. Ayon sa LFS-Katipunan, ang taas-matrikula ay salamin ng komersyalisasyon ng edukasyon kung saan ang pag-aaral ay di abot ng mamamayan. “Ang mag-aaral ay ginagawang produkto ng sistemang neoliberal at nagiging alipin ng malalaking kumpanya at ng gubyerno,” ayon pa sa grupo.

Hindi kumbinsido ang grupo sa pagdadahilan na ang taas-matrikula ay para sa pagpapaunlad at pagdagdag ng mga gusali at imprastraktura sa loob ng pamantasan. “Sa likod nito ang tunay na

ninanais ng mga estudyante tulad ng rehabilitasyon ng AISIS (Ateneo Integrated Student Information System, isang online portal) at murang pagkain sa loob ng paaralan ay hindi pinakikinggan ng ating administrasyon," ayon sa LFS-Katipunan.

Hinimok ng grupo at iba pang progresibong grupo at partido sa kampus ang mga kapwa estudyante na tumindig laban sa panukalang taas-matrikula at ipaglaban ang kanilang demokratikong mga karapatan. "Marapat na magkaisang-lakas ang komunidad ng Ateneo De Manila University, lalong lalo na ang mga mag-aaral nito upang patuloy na patambulin ang mga isyung ating kinahaharap," anito.

## Mga estudyante ng USC sa Cebu, tutol sa panukalang taas-matrikula ng unibersidad

Enero 30, 2026

---

Ipinahayag ng mga estudyante ng University of San Carlos (USC) sa Cebu sa pamamagitan ng protesta noong Enero 23 ang kanilang pagtutol sa panukalang pagtataas ng matrikula (TOFI o Tuition and Other Fee Increase) sa unibersidad. Pinangunahan ng mga progresibong grupo at partido sa USC ang pagkilos sa kampus sa Barangay Talamban, Cebu City. Dumalo rin sa pagkilos ang USC Supreme Student Council. Plano ng konseho na magsagawa ng "konsultasyon" sa mga estudyante at magulang kaugnay ng TOFI.

Nagpabatid ang administrasyon ng USC sa Commission on Higher Education Region VII ng planong magtaas ng matrikula noong Disyembre 11, 2025. Wala pang nakatakdang porsyento ng pagtaas batay sa panukala. Ginagamit na pagdadahilan ng unibersidad ang tumataas na gastos sa edukasyon, at pagpapasahod sa mga guro at tauhan ng USC. Noong akademikong taon 2023-2024 lamang, itinaas ng USC ang matrikula at ibang bayarin nang 6.95%.

"Ang nakaambang TOFI ay lalong nagpapabigat sa pasanin ng mga estudyante na kasalukuyan nang nahihirapan, lalo na matapos ang mga nagdaang kalamidad sa Cebu," ayon sa nagkakaisang pahayag ng Anakbayan-USC, Gabriela Youth-USC, Kabataan Party-list USC at Student Alliance for Nationalism and Democracy-USC. Dagdag ng mga estudyante, ang hindi makatarungang pagtaas ng matrikula at ang kahina-hinala at hindi transparent na mga bayarin sa unibersidad ay taliwas sa karapatan para sa isang abot-kaya at makataong edukasyon.

Samantala, inilinaw ng apat na mga organisasyon at partido na bagama't suportado nila ang panawagan ng College Faculty Independent Union (CFIU) para sa makatarungang pagtaas ng sahod para sa kapakanan ng kaguruan ay hindi dapat ito kunin mula sa bulsa ng mga estudyante. "Ang dagdag-sahod ay dapat ibigay nang hindi ipinapasa ang pasanin sa mga estudyante, at may buong transparency at pananagutan sa mga ipinapataw na bayarin," ayon pa sa pahayag.

Sa protesta, ipinaliwanag ng isang myembro ng Anakbayan-USC na hindi tama na paparaming bilang ng mga estudyante ng USC ang natutulak na tumigil sa pag-aaral dahil sa tumataas na bayarin. “Tama ba na nahihirapan ang mga pamilya kada taon habang nananatiling walang pagbabago sa mga serbisyo taun-taon?” ayon kay Jañina.

Nanawagan ang mga grupo sa mga kapwa estudyante na tutulan ang TOFI at ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan sa kampus. Samantala, binatikos nila ang pagmamanman ng mga pulis sa kilos-protesta sa kampus at ang pagpapalipad ng isang drone sa erya.

## Mga reklamo sa DoJ laban sa mga lumahok sa protestang kontra korapsyon, muling tinuligsa

Enero 30, 2026

---

Naglunsad ng protesta ang mga grupo sa karapatang-tao sa harap ng Department of Justice (DoJ) sa Maynila noong Enero 29 para muling tuligsain ang mga reklamong isinampa sa ahensya laban sa mga lumahok sa protestang kontra korapsyon. Itinaon ang pagkilos sa pagsusumite ng kontra salaysay ng mga inireklamo ng Philippine National Police (PNP) sa mga kasong sedisyon at pag-uudyok ng sedisyon na may kaugnayan sa Anti-Cybercrime Prevention Act of 2012.

Ayon sa Karapatan, hindi bababa sa 72 indibidwal ang sinampahan ng reklamo ng PNP. Anang grupo, kabilang sila sa 97 na tinarget ng pagtugis ng DoJ dahil sa partisipasyon sa protestang Baha sa Luneta noong Setyembre 21, 2025 at pag-post sa social media ng kanilang mga kontra-korapsyon na paninindigan.

Dagdag ng Karapatan, ang ilan sa mga inireklamo ay kabilang sila sa higit 270 na mga dinakip sa rali sa Mendiola noong araw na iyon at kinasuhan ng PNP sa korte ng bandalismo, panggugulo, panununog at assault.

Kabilang sa mga inireklalmo ng PNP sa DoJ si Renato Reyes Jr, pangulo ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), at mga lider-estudyante mula sa mga konseho, pahayagan at progresibong grupo na sina Tiffany Faith Brillante, Joaquin Buenaflor, Jacob Baluyot, at Aldrin Kitsune.

Ayon kay Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan, kapansin-pansin na marami sa sinampahan ng PNP ng reklamo ay ang mga nagtutulak ng "malalim na pagbabago ng sistema" upang maalis ang katiwalian. Dagdag ni Palabay, isa itong panawagan na lagpas sa simpleng pagpapanagot sa mga tiwaling elemento mula sa mga pangkat ng mga Marcos at Duterte.

"Ang pagpapaigting sa pag-uusig sa mga nagprotesta laban sa korapsyon ay nagpapatibay lamang sa aming pagdududa sa katapatan ng kampanya ng gubyerno laban sa korapsyon sa burukrasya," ayon kay Palabay. Aniya, malinaw na isa itong desperadon hakbang para supilin ang

poot ng mamamayan laban sa korapsyon at pigilan ang bugso ng galit ng publiko sa pag-abot sa mga pintuan ng Malacañang.

Noong Enero 26, naglunsad rin ng protesta ang mga grupo ng kabataan sa DoJ sa pangunguna ng Kalayaan Kontra Korapsyon. Lider ng naturang grupo si Kitsune. Hiwalay na mga protesta naman ang inilunsad ng mga estudyante ng University of the Philippines-Diliman at Polytechnic University of the Philippines-Sta. Mesa sa nagdaang mga linggo laban sa pagtugis sa kanilang mga lider.

Noong Enero 25, nagsagawa ng pulong ang AKAB-Alyansa Laban sa Korapsyon at Brutalidad ng Pulis para paghandaan ang pagharap sa mga kaso at reklamong isinampa sa mga nagprotesta laban sa korapsyon. Ang AKAB ay binubuo ng mga biktima ng karahasan ng mga pulis sa protestang Setyembre 21, 2025 sa Mendiola, kanilang mga kaanak, mga abugado at grupo sa karapatang-tao.

Samantala, nagpahayag ng suporta ang Kilusang Bayan Kontra Kurakot (KBKK) sa mga inireklamo ng rehimeng Marcoss. Hamon ng grupo, sa harap ng panunugis ay dapat patuloy na buong-lakas na isisigaw ang mga panawagan, pag-usapan at talakayin ang puno’t dulo ng korapsyon. “Hindi tayo matatakot sa mga galamay ng gobyerno na nag-aastang protektor ng mga kurakot at taga-usig ng mga aktibistang anti-korapsyon,” anito.

## Pandarambong sa kalikasan ng FCF Minerals Corporation, kinundena

Enero 30, 2026

Nagprotesta ang mga grupong makakalikasan, siyentista, magsasaka, at katutubo sa harap ng upisina ng FCF Minerals Corporation sa Makati City noong Enero 28 upang kundenahin ang pandarambong at pagsira nito sa kalikasan at paglabag sa karapatang-tao sa Nueva Vizcaya at iba pang bahagi ng bansa.

Ang FCF Minerals ang nag-oopereyt sa minahan sa Barangay Runruno, Quezon, Nueva Viscaya. Nasa 3,093 ektarya ng kabundukan ang minimina ng kumpanya para sa ginto at molybdenum (mineral na ginagamit sa paggawa ng elektronik). Naging talamak ang kumpanya dahil sa mapanira nitong paraan ng pagmimina, pagsira sa kalikasan, pagpapalayas ng mga komunidad, paglabag sa karapatang pantao, at pang-aagaw ng lupa at hanapbuhay ng mga residente at katutubo.

Ang Woggle Corporation ay 60% na pag-mamay-ari ng FCF Minerals Corporation at 40% na pagmamay-ari ng Metals Exploration PLC. Ang dalawang kumpanya ay subsidyaryo ng Metals Exploration PLC, isang British na kumpanya sa mina.

Ang Yamang Mineral Corporation, subsidyaryo ng FCF Minerals Corporation ay may proyektong eksplorasyon sa prubinsya ng Abra ngunit nahinto noong 2024 dahil sa kawalan ng Free, Prior and Informed Consent at malawakang pagtutol ng mga residente ng Abra. Nasa 16,187 ektarya ang saklaw ng operasyon. Sakop nito ang bayan ng Licuan-Baaym Sallapadan, Lacub at Malibcong.

Target ng kumpanya na makapagmina dito ng ginto, tanso, molybdenum at iba pang mineral.

Ayon sa isang dokumento ng Metals Exploration Plc, layon ng kumpanya sa pagpasok sa Dupax del Norte, sa pamamagitan ng Woggle Corporation, ay maipagpatuloy nito ang operasyon ng pagproseso ng ore ng FCF Minerals sa barangay Runruno sa panahong maubos na ang reserbang mineral sa lugar. Planong dalhin at iproseso sa Runruno ang anumang potensyal na mamina mula sa Dupax del Norte.fE

“Ang ganitong set-up ay nagtitiyak sa pangmatagalang daluyan para sa pagkuha ng yaman para sa kapital ng kumpanyang British, habang ang Nueva Viscaya ay kumakaharap sa pagkasira ng kapaligiran, pang-aagaw ng lupa at pinsala sa lipunan,” pahayag ng grupong Kalikasan.

“Hindi kailangan ng Pilipinas ang isa pang dayuhang korporasyong magnanakaw ng ating yaman. Panawagan ng taumbayan na itigil ang pandarambong sa kalikasan, ipaglaban ang karapatang sagipin ang kalikasan para sa susunod na henerasyon!” pahayag ng grupo.

## Plano para sa sapilitang pagpaparehistro ng social media, tinuligsa ng mga nagtatanggol sa digital privacy

Enero 30, 2026

---

Kinundena ng mga eksperto mula sa Computer Professionals’ Union (CPU) ang balak ng Department of Information and Communication Technology’s (DICT) na buhayin ang isang panukala para sa pwersahang pagpaparehistro sa lahat social media account. Unang pinalutang ng DICT ang panukala noong 2022.

Ayon sa CPU, noon pa man ay nilalabanan na nila ito dahil banta ito sa karapatan sa pribasiya at sa kaparatan ng mamamayan para sa malayang pagpapahayag.

Inihambing ng grupo ang panukala sa SIM Registration Law, na inilako bilang solusyon sa pagsugpo ng mga scam at cybercrime, pero sa akwal ay inutil at yumuyurak lamang sa pribasiya ng mga gumagamit dito. Isinasapanganib lamang din nito ang mga pribadong datos na kinakalap ng mga kumpanya sa telekomunikasyon. Walang malinaw na pagbaba ng cybercrimes kahit pagkatapos ng implementasyon ng SIM Registration Law. Tumaas pa nga ang mga kaso ng scam at naiulat na mga cybercrime, ayon mismo sa datos ng mga pulis.

Ayon sa CPU, ang cybercrime ay nangangailangan ng malinaw na target at partikular na mga solusyon, tulad ng mas mahusay na proteksyon sa personal na datos, at hindi sa pamamagitan ng arbitraryong pag-alis ng karapatan sa pribasiya sa espasyo online o sa internet.

“Sa halip na makatulong, ang pwersahang pagpaparehistro ng mga akawnt sa social media ay magreresulta lamang sa parehong mga

problema na idinulot ng SIM Registration Law," ayon sa CPU. "Hindi nito napigilan ang cybercrime, at sa katunayan, wala itong naitulong sa mga ordinaryong Pilipino."

"Ang karapatan sa pribasiya ay isang susing kundisyon para sa karapatan sa malayang pagpapahayag ng mga Pilpino," ayon sa grupo. Nagbibigay ito ng ligtas na espasyo online sa mga indibidwal at grupo upang ipahayag ang kanilang upinyon nang walang banta ng panghihimasok o pamimilit.

"Asahan natin na kapag naging sapilitan na ang registration sa social media, gagamitin ito ng administrasyong Marcos Jr bilang sandata laban sa mga kritiko na nagpo-post o nagko-komento online, tulad ng nangyari na sa nakaraan," anito.

## 86th IB, protektor ng dayuhang kumpanyang Woggle Corporation—Karapatan Cagayan Valley

Enero 31, 2026

---

Tinawag ng Karapatan-Cagayan Valley (CV) ang 86th IB ng Philippine Army na protektor ng Woggle Corporation, dayuhang kumpanya sa pagmimina, noong Enero 30. Kasunod ito ng pahayag ng batalyon na "palalakasin ang pagbabantay" sa bayan ng Dupax del Norte sa Nueva Vizcaya kasunod ng mga pagkilos ng mamamayan ng Barangay Bitnong laban sa mapangwasak na kumpanya.

Ayon kay 2nd LT Donebing Petalcorin, Civilian-Military Operations Officer ng 86th IB, magiging “alerto” sila dahil “sasamantalahin” ng rebolusyonaryong kilusan at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang isyu para magrekrut. Dagdag ng upisyal militar, gagamitin ito ng hukbong bayan para “lumikha ng sama ng loob sa pamahalaan.”

Tugon ng grupong tagapagtanggol sa karapatang-tao, malinaw sa pahayag ng militar ang pagpapagamit nito sa dayuhang kumpanya upang protektahan ang mapanirang pagmimina. Kasunod rin ito ng ilang ulit nang panunupil at pagbuwag ng mga pulis sa barikada ng mga residente ng Barangay Bitnong laban sa pagpasok ng Woggle Corporation.

Pinakamatingkad ang karahasan ng mga pulis noong Enero 23 kung saan inaresto ang pitong residente dahil sa pagtutol sa pagpasok ng drilling equipment ng kumpanya. Halos 400 pulis, katuwang ang mga tauhan mula sa Bureau of Fire Protection, ang idineploy para buwagin ang barikada ng mga residente.

“Ang pagkaagaw ng kabuhayan at matitinding epekto ng mga kalamidad dulot ng pagkasira ng kalikasan ang nagtutulak sa mamamayan ng Nueva Vizcaya na magkaisa, lumaban, at protektahan ang kalikasan, ang kanilang buhay, at kabuhayan,” pahayag ng Karapatan-CV. Dagdag ng grupo, ang pahayag ng 86th IB ay “pagmamaliit sa kakayahan ng mamamayang ipagtanggol ang lupa at buhay.”

Nangangamba ang Karapatan-CV para sa karapatan at seguridad ng mga taga-Dupax del Norte matapos ang pahayag ng 86th IB. Anito, ang pahayag ay nagsisilbing indikasyon ng ibayong panunupil at paghahasik ng takot sa mamamayan upang ganap na makapag-opereyt ang Woggle Corporation.

Kaugnay nito, muling nanawagan ang grupo sa lahat ng nagmamahal sa kalikasan at kumikilala sa karapatang-tao na sumama sa laban ng mga residente ng Dupax Del Norte. "Higit na dapat magpatuloy ang barikada ng mamamayan," anang grupo.

Samantala, ibinahagi ng grupo na ang pagbabanta ng militar sa Dupax del Norte ay nangyayari din sa Dinapigue sa Isabela. Anito, ang 86th IB at CAFGU ay nagtatanggol din sa mapangwasak na pagmimina sa naturang bayan at nagkakampo mismo ang isang platun sa loob ng erya ng pagmimina.

## Isang komunidad sa Rizal, pinalalayas at may banta ng demolisyon

Enero 31, 2026

---

Inianunsyo ng grupo ng maralitang-lunsod ng Rizal ang pananakot, pagpapalayas at bantang demolisyon sa mga residente ng Sityo Pugadlawin, Barangay San Juan, Taytay. Ayon sa natanggap na ulat ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-Rizal, pinagbabawalan ang mga

residente na makapasok sa komunidad dahil may ibang umangkin sa kanilang lupa.

Noong Enero 29, humigit-kumulang 36 na gwardya mula sa Sapian Star Security Agency ang pumasok at pumusisyon sa iba't ibang bahagi ng komunidad nang walang paliwanag. Anang mga residente, tumangging magpakilala ang mga gwardya at basta na lamang giniba ang tarangkahan ng komunidad.

Iniulat din nila ang pagbabakod ng mga gwardya na higit pang nagdulot ng pangamba ng nalalapit na demolisyon sa komunidad. Ayon sa mga residente, walang maipakitang malinaw na titulo o dokumento ang mga gwardya, o kahit hangganan ng kanilang planong bakuran at saklawing erya.

Kaugnay nito, nanawagan ang Kadamay-Rizal ng agarang pagbabantay at suporta mula sa mga grupo sa karapatang-tao, midya, mga abugado at nasa ligal na propesyon. Anang grupo, sana ay samahan ng mamamayan ang Sityo Pugadlawin na ipagtanggol ang karapatan sa paninirahan at wastong proseso.

Padron ng demolisyon sa Taytay

Kabi-kabila ang mga komunidad na kumahaharap sa banta ng demolisyon sa bayan ng Taytay. Kabilang dito ang naiulat na pwersahang pagsasara ng mga tauhan ng Baltao Corporation sa lagusan ng mga residente sa Sityo Igiban, Barangay San Isidro mula Enero 7. Humigit-kumulang 60 na pamilya ang apektado sa ginawa ng kumpanya.

Nahaharap din sa demolisyon ang mga sityo ng Siwang, Sapang Gody, Bato-bato, Batong Dalig, Halaman Uno, Halaman Dos, at PCSO. Ang mga residente sa naturang mga komunidad ay walang akses sa tubig at kuryente dahil sa panggigipit ng mga nangangamkam ng lupa.

Ayon sa naunang pahayag ng Taytay Urban Poor Alliance (TUPA), ang kaliwa't kanang mga demolisyon ay patunay lamang ng pagpanig ng estado sa interes ng mga pribadong kumpanya, sa halip na itaguyod ang karapatan ng mga maralita sa paninirahan.

## Kasunduan ng PNP-SAF at isang kolehiyo sa UP Diliman, binatikos ng mga konseho ng mag-aaral

Enero 31, 2026

---

Mahigpit na kinundena ng dalawang konseho ng mag-aaral sa University of the Philippines-Diliman (UPD) ang isang bagong kasunduan sa pagitan ng UPD College of Human Kinetics (CHK) at ng Philippine National Police Special Action Force (PNP-SAF). Upisyal na pinirmahan ng kinatawan ng UPD Office of the Chancellor, sa ngalan ng UPD CHK, ang naturang kasunduan noong Enero 27.

Ayon sa UPD CHK Student Council, ikinabigla nila ang kasunduan laluna at walang ni kahit anong pagsangguni o konsultasyon ang administrasyon ng kolehiyo sa mga estudyante kaugnay dito. Sa

pinag-isang pahayag ng konseho at ng UPD University Student Council, binansagang hindi "nyutral" ang kasunduan at sinabing isinasapanganib nito ang unibersidad.

"Ginagawa nitong lehitimo ang pagkikipagtulungan sa isang institusyon na paulit-ulit nang nadawit sa mga panghaharas, paglabag sa karapatang-tao, at panunupil sa mga kabataan at aktibismo ng mga estudyante," anila. Dagdag ng dalawang konseho, dapat itong batikusin laluna at may tungkulin ang UP na ipagtanggol ang akademikong kalayaan, protektahan ang pagtutol at tiyaking manatiling ligtas ang unibersidad para sa kritikal na pag-iisip.

Para ipahayag ang kanilang pagkadismaya at pusisyon sa kasunduan, nakipagdayalogo ang mga konseho sa administrasyon ng UPD CHK noong Enero 29. Dito iginiit ng pamunuan ng kolehiyo na "purong akademiko at pananaliksik" ang batayan ng pagtutulungan ng UPD CHK at PNP SAF.

Ayon pa sa dayalogo, halos tatlong taon na mula nagsimula ang mga talakayan sa posibleng pagpirma sa kasunduan. Sinabi rin ng administrasyon ng kolehiyo na ang mga pagsasanay ay isasagawa sa pasilidad ng PNP-SAF sa Laguna at hindi sa kampus ng UP Diliman. Kinilala rin nito ang naging kakulangan ng UPD CHK sa pagkonsulta sa mga estudyante hinggil sa kasunduan.

Samantala, naisiwalat sa dayalogo na mayroong iba pang institusyon sa seguridad ng estado ang lumapit na sa UPD CHK para sa katulad na mga

kasunduan sa nakaraan. Kabilang dito ang Marine Corps at Coast Guard na humingi ng tulong sa kadalubhasaan ng CHK sa pagbubuo ng mga manwal sa pagsasanay, pagsusuri, at mga pisikal na programa.

Napagkasunduan sa dayalogo na muling susuriin at pag-aaralan ng UPD CHK ang kasunduan at maglalabas ng pahayag ng paglilinaw kaugnay nito nang may pagsasaalang-alang sa akademikong kalayaan at karapatan ng mga estudyante. Nakuha rin ng mga konseho ang komitment ng kolehiyo na magiging bahagi sila sa pagrerebyu ng resulta at implikasyon ng naturang kasunduan.

Gayunman, patuloy ang panawagan ng mga konseho at estudyante ng UP Diliman na tuluyang ibasura ang naturang kasunduan. “Bilang isang komunidad, dapat manatili tayong mapagmatyag sa pagtatanggol ng ating demokratikong mga espasyo at sa pagtiyak na hindi kailanman makokompromiso ang kapakanan ng mga estudyante,” ayon sa pahayag ng dalawnag konseho.

Doble ang pangamba ng mga estudyante ng UP sa usapin ng pagpasok ng mga pwersa ng PNP at Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kampus laluna at malaya na itong pinahihintulutan matapos makaisang-panig na ibasura ng gubyerno ang UP-DND Accord noong Enero 15, 2021.

Sa pahayag ng UP Office of the Student Regent noong Enero 15, limang taon makalipas ang pagbasura sa kasunduan, sinabi nitong

nagpapatuloy ang kanilang pagsisikap at paglaban para maibalik ito. “Ang kasunduan ay isang sama-samang paninindigan ng mga iskolar ng bayan na ang edukasyon ay hindi na muling dapat ma-militarisa,” pahayag nito.

Dagdag rin sa pangamba nila ang kamakailang pagsasampa ng reklamo ng PNP sa Department of Justice laban sa mga estudyante at lider ng UP na lumahok sa mga protestang kontra korapsyon.

## Makabuluhang CBA, ipinaglalaban ng mga superbisor sa PLDT Inc

Enero 31, 2026

---

Sunud-sunod na mga pagkilos ang inilunsad ng mga empleyadong superbisor sa kumpanya sa telekomunikasyon na PLDT Inc nitong Enero. Panawagan nila ang pagkakamit ng isang makabuluhang collective bargaining agreement (CBA) para sa 2026-2028 sa pagitan ng unyon nilang Gabay ng Unyon sa Telekomunikasyon ng mga Superbisor sa PLDT (GUTS-PLDT) at pamunuan ng PLDT Inc.

Nagsimula ang negosasyon ng mga kinatawan ng GUTS at pamunuan ng PLDT para sa bagong CBA noong Nobyembre 28, 2025. Ayon sa GUTS-PLDT, matapos ang 15 beses na paghaharap at negosasyon ay wala pang makabuluhang napagkakasunduan sa mga isinusulong na panukala ng unyon.

Para ipresyur ang pamunuan ng kumpanya, nanawagan ang unyon sa mga myembro nito sa buong bansa na magsuot ng kulay pula na t-shirt noong Enero 9 at 16 na masiglang tinugunan ng mga empleyado. Noong Enero 23, muling nagsuot ng pulang t-shirt ang mga empleyadong superbisor at nagsagawa ng noise barrage sa kani-kanilang upisina sa buong bansa.

Noong Enero 29, nagtipon ang mahigit 200 myembro ng unyon para sa ipinatawag na pulong ng GUTS-PLDT. Nagbigay ng apdeyt ang pamunuan ng unyon sa itinatakbo ng negosasyon para sa CBA 2026-2028. Matapos ang pulong ay nagmartsa sila sa palibot ng hedkwarters ng PLDT sa Ramon Cojuanco Building sa Makati City.

Muling nagpamalas ng pagkakaisa ang mga myembro ng unyon noong Enero 30 sa isa pang araw ng pagsusuot ng kulay pulang t-shirt. Sa araw na iyon ay muli ring nagharap para sa negosasyon sa CBA ang mga kinatawan ng GUTS-PLDT at pamunuan ng kumpanya.

"Matagumpay ang mga sama-samang pagkilos na isinagawa ng unyon sa pagnanais na mapakinggan ang mga lehitimong proposal ng mga bisor na ang batayan ay ang tunay na kaganapan at karanasan ng mga manggagawang bisor," pahayag ng GUTS-PLDT.

Nagpahayag ng suporta sa laban ng GUTS-PLDT para sa bagong CBA ang BPO Industry Employees Network (BIEN). "Ang karapatang mag-organisa, kolektibong makipagtawaran, at kolektibong

kumilos ay pundamental na karapatan ng mga manggagawa," ayon sa grupo.

Anang grupo, pinatutunayan ng mga pagkilos ng GUTS-PLDT na makakamit lamang ang nakabubuhay na sahod, disenteng kalagayan sa paggawa, at tunay na paggalang sa mga manggagawa sa pamamagitan ng pagkakaisa at kolektibong pagkilos. "Nakikiisa kami sa unyon ng mga superbisor ng PLDT sa kanilang panawagan para sa makatarungan at makabuluhang CBA na sumasalamin sa tunay na halaga ng paggawa ng manggagawa at nagtataguyod sa kanilang kagalingan at dignidad," ayon sa BIEN.

Ang PLDT Inc ay pag-aari ng burgesyang kumprador na si Manny V. Pangilinan. Tumatayo siyang tagapangulo, pangulo at chief executive officer ng kumpanya. Noong 2024, naitala ng PLDT Inc ang netong kita na ₱32.31 bilyon, na 21% mas malaki kumpara sa 2023 (₱26.61). Sa unang tatlong kwarto ng 2025, umabot naman sa ₱25.1 ang iniulat na kinita ng kumpanya.

## Pagpapalayas sa mga katutubong Ati na nagtitinda sa Iloilo City, binatikos ng progresibong grupo

Enero 31, 2026

---

Binatikos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Panay ang lokal na gubyerno ng Iloilo City kasunod ng lumitaw na ulat na pinalalayas nito ang mga katutubong Ati na nagtitinda sa Jaro

Plaza sa syudad. Inilantad ng mga katutubong Ati ang pagpapaalis sa kanila noong nakaraang linggo ng Enero sa isang panayam sa lokal na radyo.

Ayon sa DYRP Life Radio Iloilo, nagreklamo ang mga Ati na mula sa Antique nang paalisin sila at kanilang itinitinda mula sa plaza. Sa panayam ng radyo kay Michell, ilang ulit na silang pinangakuan ng Iloilo City Hall na bibigyan ng permit para makapagtinda ngunit wala pa ring nangyayari. Parati lamang umano silang pinaaalis sa lugar at pinagbabawalan.

Aniya, nagsisikap silang magbenta ng native na mga produkto sa halip na manglimos at manghingi para matustusan ang kanilang araw-araw na pangangailangan. Nanawagan sila kay Iloilo City Mayor Raisa Treñas na tugunan ang kanilang sitwasyon at bigyan sila ng permit at pwesto. Aniya, tatagal lamang ang pagbebenta nila hanggang matapos ang mga pagdiriwang sa pyesta ng Nuestra Señora de la Candelaria sa Jaro District sa Pebrero 2.

Anang Bayan-Panay, nalantad ng insidente ang pagka-ipokrito ng lokal na gubyerno ng Iloilo City na katatapos lamang magdiwang ng Dinagyang Festival noong Enero 23-25. Ang Dinagyang ay isang pyesta na sana ay nagbibigay-pugay at kumikilala sa kultura ng katutubong Ati.

"Ang hakbang na ito ay lubhang taliwas sa pagdidirwang ng syudad sa kulturang Ati, at naglalantad sa agwat sa pagitan ng simbolikong pagkilala at aktwal na pagtrato sa mga komunidad ng Ati," pahayag ng Bayan-Panay.

Pinagkakaitan ang mga Ati ng dignidad, espasyo at hustisya sa araw-araw nilang pamumuhay, anito.

Nagpahayag rin ng pagkadismaya sa insidente si Raoul Manuel, isang Ilonggo at dating kinatawan ng Kabataan Party-list sa ika-19 na kongreso. Aniya, ang ganitong mga pangyayari ang dahilan kung bakit kahit gustuhin niyang matuwa sa pagdiriwang ng Dinagyang Festival ay hindi maalis sa kanyang isipan kung paano tinatrato ang komunidad ng mga Ati sa lipunan.

## Pambansang welga laban sa impunidad at pasismo ng ICE sa US, nilahukan ng mga Pilipino-Amerikanong aktibista

Enero 31, 2026

---

Naglunsad ng pambansang welga ang mamamayan sa US bilang protesta sa umiigting na impunidad at pasismo ng mga ahente ng Immigrations and Customs Enforcement (ICE), Customs and Border Patrol at mga ahente ng estado noong Enero 30. Tinawag ang protesta na "National Shutdown: No Work. No School. No Shopping. Stop Funding ICE." Sa araw na iyon, panawagan nila ang para sa pagsasara ng mga eskwelahan at pagtigil ng komersyo bilang paraan ng pagkundena sa nangyayaring karahasan. Layon din ng welga na ipresyur ang pamahalaang pederal na paalisin ang mga ahente sa mga syudad at bawasan ang pondo ng ICE.

Naganap ang welga sa 50 estado at sa Washington DC. Pinakamalaki ang mga pagkilos sa Minnesota, California, Washington, Colorado, Illinois, Oregon, Utah, Arizona, at New York. Kabilang sa pagkilos ang protesta sa mga upisina ng ICE, sa paliparan at sa mga gusali ng gubyerno. Sa kabila ng napakalamig na panahon (-20°C) humugos sa lansangan ang libu-libong mamamayan ng US upang magprotesta. libu-libong estudyante sa highschool at kolehiyo, mula sa iba't ibang syudad ang naglunsad ng walk-out at protesta sa labas ng kanilang paaralan. Ilan libong negosyo ang pansamantalang nagsara at nagpahayag ng suporta sa welga.

Ang protesta ay inorganisa ng koalisyon ng grupo ng mga aktibista na laban sa operasyon ng ICE at malawakang deportasyon sa ilalim ng rehimeng Donald Trump. Kabilang sa nag-endorso sa protesta ang Anakbayan Hawaii, Malaya Georgia, Malaya San Diego, Anakbayan San Diego, League of Filipino Students-University of California-San Diego, Defend Migrants Alliance at Migrante USA.

Inilunsad ang welga sa gitna ng umigting na karahasan sa Minnesota kung saan 3,000 ahente ng estado ang dineploy upang tugisin ang mga imigrante at maghasik ng takot sa mga mamamayan. Lumundo ang karahasan ng ICE sa pagpatay ng mga ahente nito kay Renee Goodman, isang manunulat noong Enero 7, at kay Alex Pretti, isang nars noong Enero 24. Maliban sa dalawang biktima, pinatay din ng mga ahente ng ICE sina Keith Porter, isang US citizen, noong Enero 1 sa Los Angeles at si Silverio Villegas

González, isang imigrante mula Mexico, noong Setyembre 2025 sa Illinois.

Simula nang umupo sa pwesto si Trump, umabot sa mahigit 30 ang namatay habang nakadetine sa mga pasilidad ng ICE. Nitong buwan ng Enero, 9 ang naiulat na namatay. Kadalasang sanhi ng pagkamatay ay kapabayaan sa kalusugan ng mga nekadetine.

Unang naglunsad ng pangkalahatag welga ang mga residente ng Minnesota noong Enero 30. Umabot sa 50,000 ang lumahok sa protesta at mahigit 700 negosyo ang nagsara nang araw na iyon. Nasa 80,000 manggagawa mula sa Minneapolis Regional Labor Federation ang lumahok sa pagkilos.

## “Iwas rape tips” ng PNP, kinundena ng kababaihan

Enero 31, 2026

---

Kinundena ng Gabriela ang “Iwas rape tips” na kampanya sa social media ng Indang Municipal Police Station sa Cavite. Ayon sa grupo, ang pinapakalat ng “tip” o payo ng Philippine National Police (PNP) ay lalo lamang nagbubunton ng sisi sa mga biktima ng pangagahasa sa halip na papanagutin ang mga salarin.

Sa paskil ng PNP Indang, pinayuhan nito ang mga kababaihan na iwasan ang madidilim na lugar, mga di kilalang tao at mga nasa social media.

“Sa halip na habulin ang mga rapist, pinapalaganap ng PNP ang atrasado at delikadong kaisipin na nagsasabi sa kababaihan na dapat niyang limitahan ang kanyang kalayaan at pagkilos,” paliwanag ni Clarice Palce, pangkalahatang kalihim ng Gabriela.

“Gamit ang lohika na ito, dinadahilang nagagahasa ang mga kababaihan dahil sa pagpili niya ng lugar na dadaanan, sa mga nakakasama niya o kahit sa kanyang suot, sa halip na ito ay dahil sa desisyon ng salarin na manggahasa. Isa itong malaking insulto sa lahat ng survivors at tahasang pagpapabaya sa tungkulin ng kapulisan,” aniya.

Ayon sa grupo, ang mga payo ng PNP ay taliwas sa isinasaad ng mga datos at ng reyalidad, na karamihan sa mga kaso ng panggagahasa ay ginawa ng taong kilala ng biktima, at madalas nangyayari sa kanilang sariling tahanan. Mas nakababahala na ang payo na ito ay mula sa institusyong talamak sa kaso ng sekswal na pang-aabuso at karahasan laban sa kababaihan na ginawa na mismong mga tauhan nito. Halimbawa nito ang pinakabagong kaso ng panggagahasa kung saan imbwelto ang mga pulis mula sa Maynila.

“Marahil ay dapat munang mag-aral ang administrasyong Marcos Jr at ang PNP hinggil sa ugat ng karahasan laban sa kababaihan. Dapat magpokus muna sila sa paglilinis sa sarili nilang hanay ng mga rapist at mga nang-aabuso, sa halip na sabihan ang mga kababaihan kung paano mamuhay sa takot. Para hindi na kumalat ang

ganyang bulok na kaisipan na nag-aanak ng mga pulis na rapist," dagdag ni Palce.

Paliwanag ng grupo, ang karahasan laban sa kababaihan ay nag-uugat sa pyudal-patriyarkal na sistema at kultura ng impunidad, na mas pinaigting sa loob ng mga institusyon tulad ng sa hanay ng pulis at militar. Ang mga kampanya para sa kaligtasan ng kababaihan ay dapat nakatuon sa pagkundena sa kilos ng salarin, pagsusulong ng pagpapahintulot, at pagtiyak na kagyat na makakuha ng hustisya ang mga biktima, hindi ang pagkontrol sa buhay ng kababaihan at kanilang katawan.

"Nananawagan kami sa PNP na kagyat nitong bawiin ang mapanganib at iresponsable nitong mga payo. Pananagutan ninyo ang mga tauhan ninyo! Huwag niyo nang sisihin ang mga kababaihan at simulan niyo nang mag-aresto ng mga rapist, kabilang ang mga nasa loob ng inyong institusyon," giit ni Palce.